

PANDIWA

LATHALAN PARA SA WIKANG AT KULTURA



Pambansang Komisyon
para sa Kultura at mga Sining



Komisyon sa Wikang Filipino

AKLAT NG BAYAN
METRO MANILA
2013

Pandiwa: Lathalaan para sa Wika at Kultura

Taón 1, Blg. 1

Karapatang-sipi © 2013 ng Komisyon sa Wikang Filipino

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Lupong Editorial: Virgilio S. Almario, Purificacion G. Delima,
Orlando B. Magno, Roberto T. Añonuevo,
Jerry B. Gracio, Marne L. Kilates

Isyu Editor: Virgilio S. Almario

Tagapangasiwang Editor: Alyssa Romielle F. Manalo

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
2/F Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St., San Miguel, Maynila 1005
Tel. 02-733-7260 • 02-736-2525
Email: komfil.gov@gmail.com • Website: www.kwf.gov.ph

sa tulong ng grant mula sa



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING
633 General Luna Street, Intramuros, Manila 1002
Tel. 527-2192 to 97 • Fax 527-2191 to 94
Email: info@ncca.gov.ph • Website: www.ncca.gov.ph

The National Commission for Culture and the Arts (NCCA) is the overall coordination and policymaking government body that systematizes and streamlines national efforts in promoting culture and the arts. The NCCA promotes cultural and artistic development: conserves and promotes the nation's historical and cultural heritages; ensures the widest dissemination of artistic and cultural products among the greatest number across the country; preserves and integrates traditional culture and its various expressions as a dynamic part of the national cultural mainstream; and ensures that standards of excellence are pursued in programs and activities. The NCCA administers the National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).



LATHALAAN PARA SA WIKA AT KULTURA

Nilalaman

| | |
|--|-----------|
| Pagpupugay sa Madla Virgilio S. Almario | 4 |
| Talumpati sa Pambansang Kongreso sa Wika Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III | 6 |
| Ang Wika ng Batas Atty. Romulo B. Macalintal | 10 |
| Ang Pagtuturo ng Filipino sa mga Dayuhan Arthur P. Casanova, Ph.D. | 20 |
| Ang Pusod sa Pagpapangalan: Paanong Nag-iiba/ Nagigiba ang Pilipinas ng F sa Filipinas, Atbp. Pagkutingting sa kung Ano-anong Maliliit na Bagay Rebecca T. Añonuevo, Ph.D. | 31 |
| Ilang Gasgas na Idea, Kabatiran, at Obserbasyon Hinggil sa Usapin ng Tula at Kalayaan Salin ni John Enrico C. Torralba | 46 |
| Pinersonal na Pagsasalin: Ilang Gasgas na Idea, Kabatiran, at Obserbasyon Hinggil sa Usapin ng Tula at Kalayaan ni Salanga John Enrico C. Torralba | 56 |
| Bonifacio at ang Imahinasyon ng Rebolusyonaryong Sandali Rolando B. Tolentino | 62 |
| Pagkatuto Mula kay Bonifacio: Ilang Pagmumuni ng Isang Guro ng Panitikan Luna Sicat-Cleto, Ph.D. | 68 |
| Ang Pinagbuhatan ng <i>Florante at Laura</i> ni Balagtas Virgilio S. Almario | 76 |

Pagpupugay sa Madla

Virgilio S. Almario

Maligayang bati po!


Ito ang unang bilang ng unang taón ng *Pandiwa*, isang bagong *refereed journal* mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa mga natatanging saliksik sa wika at araling pangkultura. Maaari din itong maglaman ng mga mulíng-limbag o reprint ng makabuluhang pag-aaral sa naturang lárang, mga salin ng makabuluhang akdang pampanitikan na may kalakip na pagpapaliwanag sa layunin at metodolohiyang ginamit sa pagsasalin, interbiyu ng mga kinikilalang iskolar o tagapagtaguyod ng kulturang Filipino, at ribyu ng mga aklat at kaugnay na literatura.

Dahil sa kasalukuyang adhika ng pamunuan ng KWF na mag-ukol ng higit na panahon at pondo para sa mga katutubong wika, isang malaking prioridad sa *Pandiwa* ang mga saliksik at akdang nagtatampok sa panitikan at kultura ng mga pangkating etnolingguwistiko sa buong kapuluan.

Ang *Pandiwa* ay kailangang lumabas minsan sa isang taón o tuwing sangkapat na buwan kung kailangan o makakáya ng pondo at natipong materyales ng lupong editoryal. Magtatalaga ang Kalupunan ng mga Komisyoner ng isang editor sa bawat isyu. Tungkulin ng isyu editor na mapanatili ang mataas na pamantayan para sa mga ilalathalang saliksik/akda at mailabas ang kaniyang isyu sa takdang panahon.

Ngayon, bakit *Pandiwa*? Isang paglalaro ito sa pinalaganap na salin ni Lope K. Santos sa bahagi ng pahayag na tinatawag na *verbo* (sa Espanyol) o *verb* (sa Inglés). Nagpapahiwatig ito ng aksiyon, ngunit kilos ng pagsúlong, upang salungatin ang umiiral na kawalang-kilos at nakamihasnang ugaling tamad. Kailangan ang *Pandiwa* upang akitin at himukin ang mga alagad ng wika tungo sa *sáma-sámang* pagkilos at pagtataguyod sa wika at kulturang Filipino. Ikalawa, ipinapanukala sa *Pandiwa* ang kagyat at mabilis na paggamit sa wikang Filipino para sa mga seryo, pormal, at mabibigat na usaping akademiko. Nais iangat ng jornal na ito ang paggamit sa wikang Filipino sa mga larang at disiplinang iginagálang ng lipunang makapangyarihan sa bansa at makatulong sa muling-pagkatha ng ating pambansang pagkakilála sa ating sarili.

Magtuloy po kayo at makibahagi sa handog naming karunungan Filipino.


VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

Talumpati ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III sa Unang Pambansang Kongreso sa Wika

Tagapangulong Virgilio S. Almario; Father Jett Villarin; mga kinatawan ng Kalupunan ng Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino; mga kasaping akademiya at mga non-government organization—na hindi pa na-translate—na narito; mga kawani ng ng pamahalaan; mga kagalang-galang na panauhin; mga minamahal ko pong kababayan:

Magandang umaga po muli sa inyong lahat.

Isa sa mga tanong na bumagabag sa dating Pangulong Manuel Quezon noong panahon ng Commonwealth ay ito: Oras na magbalik sa Estados Unidos ang mga Amerikano, at makamit ng Pilipinas ang kalayaan, at wala na muling paghuhugutan ng dahilan ang mga Pilipino para lumaban at magkaisa para sa iisang layunin, ano pa ang magbubuklod sa ating bansa? Ang sagot dito: isang wikang pambansa. Sa halip na magkanya-kanya bilang Tagalog, o Bisaya, o Cebuano, o Ilokano, o Kapampangan, kikilalanin sila—kikilalanin tayo—sa ilalim ng iisang pangalan: Pilipino. At gaano man karami ang ating isla, pagbubuklurin tayo ng isang tinig, ng isang wika: Filipino.

Mula sa proklamasyon nito bilang wikang pambansa noong 1937, wala pa ho ako noon, [laughter] ewan ko lang si Father Jett dahil lamang siya sa akin ng kaunti, [laughter] dumaan sa mabagal at masalimuot na yugto ang Filipino bilang wikang may kakayahang pagkaisahin ang bansa. Hindi ba't dati, meron lamang tayong "Linggo ng Wika?" Bagaman buong buwan na ng Agosto kung ipagdiwang ating sariling wika ngayon, naniniwala pa rin akong dapat ay araw-araw na kinikilala't

Inihayag sa unang Pambansang Kongreso sa Wika sa Leong Hall, Ateneo de Manila University, noong 19 Agosto 2013.

pinapahalagahan ang ating pong sariling salita. Marahil, kung wala pa ang mga gurong tulad ni Ginang Escasa, na talagang hinasa kami sa silid-aralan sa wastong paggamit ng Filipino, malamang ay kanina pa ako natitisorod sa maraming salita, at hindi na ninyo ako inimbata sa pagtitipong ito. Ang nakakabahala, sa halip na pagmulan ng kolektibong dangal, nagiging bukal pa ng alitan ang wikang Filipino. Personal ko itong nasaksihan noong bagong halal pa lamang akong Kongresista.

Syempre ho, 'pag nag-umpisa ang Kongreso, mag-oorganisa kayo. Habang nag-oorganisa kayo, e 'di wala pang trabaho ang mga komite dahil binubuo nga.

So isang araw, tumayo ang kinatawan ng Quezon City, o isa sa mga kinatawan ng Lungsod Quezon at nagtalumpati sa wikang Filipino. Tumayo ang kinatawan ng Davao del Sur noong panahon na iyon at itinanong kung bakit nagsalita ng Tagalog ang kinatawan ng Quezon City. Sagot po ng kinatawan ng Quezon City, "Ayan po ay opisyal nating lengguwahe." Ang sagot sa kanya, "Pakibasa nga 'yong parte ng Konstitusyon na nagsabi na ang Tagalog ay Filipino." At pagkatapos po n'on ay nag-Bisaya na ang ating butihing kasamahan galing ng Davao del Sur. Pagkatapos po n'on, eh sumagot na rin ho ang presiding officer, Deputy Speaker galing Palawan, sinagot 'yong dalawang kinatawan sa wikang Ilokano. Kaya po 'yong stenographer nagtataas ng kamay at sinabing, "Suko na ako, hindi ko na alam kung ano ang susundan dito!" [Laughter]

Alam ho ninyo, dalawang linggo pong debate kung ano Filipino. Ang napala namin, habang ino-organisa ang Kongreso. At habang sila'y nagdedebate, sabi ko, "Napakabigat naman ng talakayan nating ito!" Napakaraming inakyat-baba kong dike para lang magkaroon ng pribilehyong magkaroon ng debateng tila walang saysay.

Sa unang tingin, nakakatawa nga ho ang kwentong ito. Subalit kung susuriin, ganito mismo ang kasalukuyang konteksto ng pulitika ng wika sa Pilipinas ngayon. Ang isang bagay na dapat ay nagbubuklod sa atin, nagiging mitsa pa ng di-pagkakasunduan. Ang wikang dapat ay bumubuo at tumatahi sa libu-libo nating mga kapuluan, ay siya pang pumupunit sa mga prinsipyong naghuhulma sa ating kasaysayan.

Kaya naman isang malaking hakbang ang pagtitipong ito sa pagpapayabong ng ating wikang pambansa. Nananalig akong sa pagtutulungan ng mga kalahok na sektor, maitutulay ng Unang Pambansang Kongreso sa Wika ang ilang mga hamon at suliraning pangwika na matagal nang nabalewala sa ating lipunan, at magsimulang maitaas ang antas ng pakikilahok at diskurso ukol dito. Nagpapasalamat ako sa kasalukuyang pamunuan ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa inisyatibang likumin ang mga kaisipan at opinyon ng mga eksperto sa pagtitipong ito, gayundin sa masigasig na pagpapatupad ng mandato ng komisyon. Nananalig akong magiging mabunga ang Unang Pambansang Kongreso sa Wika, at magagamit tungo sa paghubog ng mas progresibong lipunan ang anumang resulta ng inyong talakayan.

Kahit sa munting paraan, kompiyansa ako sa naiaambag ng ating administrasyon sa pagpapayabong at pagtangkilik sa wikang pambansa. Bilang Pangulo, tungkulin kong ibalik ang tiwala at kompiyansa ng mga Pilipino sa mga institusyong pampamahalaan. Samakatuwid, tinig nila tayo. Mangyayari lamang ito kung naiintindihan at nakikita nilang hinihimok natin silang makilahok sa paghubog ng pamahalaang tunay na mula sa kanila, at kumikilos para sa kanila. Kaya naman bago pa man ako mahalal, napagpasyahan kong gamitin ang Filipino sa aking mga talumpati—hindi bilang gimik o propaganda—kundi dahil ito ang tunay na tinig ng ating mga kababayan. [Applause] Humaharap po ako sa kanila bilang kolektibong boses ng mga Pilipino, kaya't obligasyon kong magsalita sa wikang komportable sila, at naiintindihan nila.

Alam po n'yo, naalala ko tuloy: Noong ako po'y unang tumatakbo bilang kongresista, may mga lumapit po sa akin at sabi bilib na bilib raw ho sila sa aking ama. Napakagaling raw hong magsalita. Para raw machine gun. May nagsabi pa ho yatang masinggan [machine gun]. [Laughter] Tapos, ako naman po'y siyempre nagalak, at tinanong ko po'y ano ho ba ang naalala nila sa mga binigkas na salita ng aking ama. Sabi nila, "Medyo matagal na 'yon eh pero magaling siyang magsalita." [Laughter] So, "Thank you na rin ho," sabi ko.

Noong ako naman po 'yong unang na-interview, noong bago nga tayong halal, isang beses, isang kapitan namin sa Tarlac, nagsabi sa akin, "Sir, napanood ko kayo sa telebisyon. Kagaling n'yong magsalita!" Tapos sabi ko, "Ano ba 'yong

pinakamagandang nasabi ko?” “Sir, magaling kayong magsalita talaga pero English ‘yong sinasabi n’yo, hindi ko masyadong naintindihan pero damang-dama ko magaling kayo talaga.” [Laughter]

Sa madaling salita, magsasalita ka, baka matuwa sa’yo, baka ma-impress sa’yo—sabi ng mga Amerikano—pero wala naman naintindihan. Wala naman atang pag-uugnayan na nangyari doon, o pagkakaunawaan o pagkakaintindihan. Kaya mabuti yata ay maintindihan ng nakakarami ng ating sinasabi, o kung hindi, nag-aksaya lang tayo ng hangin.

Hindi ko kailangang magtunog marunong o magmukhang matalino sa pakikipagdiyalogo gamit ang mga banyagang wika. Ayokong iligaw ang aking kapwa, o pabanguhin ang aking mga nagagawa, sa paggamit ng mabubulaklak na salita. Trabaho kong iulat sa kanila kung ano ang totoo, sa paraang simple at pinakanauunawaan ng madla. Higit sa lahat, Filipino ang gamit ko sa tuwing kaharap ang aking mga Boss, dahil alam kong ito ang wikang pinakamalapit sa kaniláng puso.

Simple lamang ang punto ko: Huwag nating hayaang maikahon tayo sa pagtatagisang-dila. Pagkakaisa ang bukal kung bakit mayroon tayong pambansang wika, kaya’t dapat nating timbangin kung paanong magagamit ang husay at talino ng mga eksperto’t dalubhasa sa paghahatid ng positibismo’t pag-asa sa ating kapwa. Pagkatapos ng debate’t talakayan, matuto tayong maging mahinahon, magkasundo’t magtagpo sa gitna, at paglabas ng kumperensiyang ito, ay humakbang pasulong tungo sa direksiyong makabubuti sa ating pambansang wika. Imbes na mga galos at pilat ang makuha dahil sa pagtatagisang-tinig, sana ay umusbong ang pagkakaunawaan at pusong makabayan. May tungkulin tayong palaganapin ang isang kulturang may malalim na pagkakaintindihan sa isa’t isa, gamit ang isang wikang pinagbubuklod at pinapatibay ang buong bansa.

Ulitin ko po: Wika, dapat pagbubuuin tayo, hindi tayo dapat paghihiwalayin.

Magandang araw po. Maraming salamat sa inyong lahat.

Ang Wika ng Batas

Atty. Romulo B. Macalintal

Ang pagkakaroon ng sariling wika at ang walâng takot o pangamba sa paggamit nitó ay isang matibay at walâng dudang katibayan na ang ating bansa ay malayang nagagampanan natin at nagagawa ang anumang bagay na nais nating gawin nang naaayon sa mga batas at alituntunin na malaya ring ginawa ng mga pinuno o kinatawan ng pamahalaan na malaya ring inihalal ng ating mga mamamayan o hinirang sa isang malayang pamamaraan.

Sa madaling salita, ang pagkakaroon ng sariling wika ang tunay na katibayan ng isang malayang pamayanan.

Pangulong Aquino, anak ng Ama ng Wikang Pambansa

Angkop na angkop naman ang tema ng inyong pagdiriwang sa taong ito: *Wika natin ang Daang Matuwid*.

Nasabi kong angkop na angkop ito sapagkat ang Pangulo ng ating bansa na Daang Matuwid sa pamahalaan ang laging ipinamumulat sa kaniyang mga tauhan at sa ating lahat, ang siyáng maituturing na malakas na sandigan at moog ng wikang Filipino.

Ito ay laging napagtitibay ng Pangulong Benigno Aquino III sa tuwing siyá ay magsasalita o gumagawâ ng kaniyang mga talumpati dito sa ating bansa o maging sa ibang bansa kung saan kaharap niyá ang mga mamamayang Pilipino.

Inihayag sa unang Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino noong 19-21 Agosto 2013 sa Leong Hall, Ateneo de Manila University, Lungsod Quezon.

Kayâ't kung ang dáting Pangulong Manuel Quezon ang siyáng itinuturing na Ama ng Wikang Pambansa dahilan sa mga ginawa niyang mga batas upang ang ating wika ay mapaunlad, ang Pangulong Benigno Aquino III ang dapat na ituring na Pangunahing Anak ng Ama ng Wikang Pambansa sapagkat siyá lámang ang tanging Pangulo ng ating bansa na gumagamit ng Wikang Filipino sa kanyang State of the Nation Address.

Bagama't ang iláng naging Pangulo ng ating bansa ay gumamit din ng Pilipino sa kaniláng State of the Nation Address, ito naman ay sa iláng bahagi lámang ng kaniláng mga talumpati. Ngunit para kay Pangulong Aquino, ang kabuuan ng kaniyang State of the Nation Address ay nása wikang Filipino na nauunawaan ng nakararaming mga Pilipino.

At hindi lámang sa State of the Nation Address, kundi halos sa lahat ng kanyang mga talumpati o pagsasalita, ang wikang Filipino ang namumutawi sa mga labi ng Pangulong Aquino sa sandaling maglahad ng kaniyang mga pahayag sa mga dumadalo sa nasabing mga pagtitipon.

Hindi nga lámang ako nagkaroon ng pagkakataong makadaupang-palad siyá sa inyong Kongreso upang personal ko siyang batiin sa lahat ng kaniyang pagpupunyagi na mapalaganap ang ating wika at mabigyan ito ng pagdakila at pagpapahalaga. Ngunit kahit sa sandaling ito ay nais kong iparating sa kaniya ang aking paghanga at pagpapasalamat sapagkat hindi niyá nalilimot ang ating wika na siyáng tulay at ugnayan niyá sa nakararami nating mga kababayan.

Kalagayan ng Wika sa Larangan ng Batas

Kung ang pagpapalaganap ng ating wika ay nabibigyang-buhay sa pamamagitan ng paggamit nitó ng Pangulong Aquino sa kaniyang mga talumpati, bakit naman hindi ito magamit sa mga kasong nililitis sa ating mga hukuman o anumang mga bagay na may kaugnayan sa pagpapatupad ng batas?

Sa sarili kong pananaliksik, nakita ko ang tatlong kasong ginawaran ng desisyon o kapasiyahan ng ating Korte Suprema. Ang dalawa dito ay gumamit ng wikang Filipino sa iláng bahagi ng desisyon, at ito ay ang kasong *People of the Philippines versus Paulino Naparan* noong 30 Agosto 1993 na sinulat

ni Justice Florida Ruth Romero at ang kasong *Geronimo Manalo versus Oscar Calderon* noong ika-15 ng Oktubre 2007 na sinulat naman ni Justice Ruben Reyes.

Ang ikatlong kaso ay ang kasong *People vs Ventura* noong Ika-28 ng Enero 1999 na ginamit ang wikang Filipino sa buong desisyon o kapasiyahan. Aywan ko nga lamang kung bakit hindi na ito nasundan ng marami pang mga katulad na desisyon sa wikang Filipino at hindi man lámang ito nabigyan ng malawak na balita o hindi naging prominente sa mga balita gayong isa itong makasaysayang pangyayari sa larangan ng ating wika.

Noong ang Kataas-taasang Hukuman o Korte Suprema ay nása pamumuno pa ni Chief Justice Reynato Puno, sinikap ng Punong Mahistrado na mapalaganap ang paggamit ng wikang Filipino sa mga paglilitis sa mga hukuman.

Noong taóng 2007 tatlong Regional Trial Courts o hukuman sa Malolos City, Bulacan ang ginawang *pilot courts* o hukumang pansubok o pinagsanayan ng iláng mga hukom na gamitin ang wikang Filipino sa paglilitis. Ito ay sa pangunguna mismo ng mga Hukom sa nasabing Regional Trial Courts at kaniláng mga stenographers.

Kasama rin sa nasabing pagsubok ang mga abogadong humarap sa nasabing mga hukuman at mga piskal o *prosecutors* na gumamit ng Wikang Tagalog sa kaniláng mga paglilitis. Para ka nang nanood ng isang pelikula na may eksenang hukuman na ang pagkakaiba lámang dito ay totoo at naaayon sa tunay na pangyayari ang naganap na mga eksena sa nasabing korte.

Pangarap noon ni Chief Justice Puno na maging huwaran ang nasabing mga hukuman upang masubok natin kung maaaring magkaroon ng ganoong uri ng paglilitis sa mga kaso hindi lámang sa hukuman o sa anumang mga ahensiya o bahagi ng pamahalaan na may mga kaso ding naidudulog tulad ng Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor); National Police Commission, Commission on Human Rights, Comelec, Ombudsman, Tanggapan ng Pangulo, at iba pang tanggapanang may kapangyarihang dinggin ang kaso o reklamo ng sinomang inapi o nilabag ang kaniláng mga karapatan.

Anong nangyari sa nasabing hangarin ni CJ Puno

Ngunit malungkot isipin na nang mawalâ na si Chief Justice Puno sa Kataasang-taasang Hukuman, nahugot na rin ang mga punong kaniyang itinanim upang mapayabong ang ating wika.

Sa ngayon, walâ na táyong narinig kaugnay ng nasabing pagsubok sa paggamit ng wikang Filipino sa nasabing Regional Trial Courts ng Malolos, Bulacan.

Aywan ko sa inyo. Ngunit para po sa akin, walâ na akong narinig pa kaugnay ng nasabing mga kaso magbuhat nang magretiro si Chief Justice Puno sa Korte Suprema.

Marahil, marapat na gawan ng isang resolusyon ng Komisyon sa Wikang Filipino na maaari niláng magalang na hilingin sa ating Kataas-taasang Hukuman kung ano na ang nangyari sa nasabing proyekto ni Chief Justice Puno. Natitiyak ko na may mga kaukulang report ang mga huwes sa nasabing mga hukuman sa ating Korte Suprema kaugnay ng kaniláng mga karanasan sa paggamit ng wikang Filipino sa kaniláng mga hukuman.

Ang nasabing report at kaukulang hakbang ng Korte Suprema, kung meron man, ay magiging mahusay at kapaki-pakinabang na batayan ng inyong Komisyon kung paano magagamit nang maayos ang ating wika sa mga paglilitis sa ating hukuman o anumang ahensiya ng pamahalaan na dumidinig ng mga kaso.

Dapat ding maipabatid ng inyong Komisyon na maging ang ating saligang batas at mga panuntunan ng mga hukuman o *Rules of Court* ay nagsasabing ang wikang Filipino ay maaaring gamitin sa paghahain ng mga reklamo o petyon sa mga korte o anumang ahensiya ng pamahalaan.

Para bang sa kasalukuyan ang nasabing panuntunan ay nakalilimutan o tuluyang tinatalikdan sapagkat ang tanging nakakintal sa kaniláng isipan ay Inglés ang dapat gamitin.

Katunayan, iilan lang sa ating mga kababayan ang nakaalam na ang *Rules of Court* o mga panuntunan ng hukuman at mga ahensiya ng pamahalaan,

tulad ng COMELEC at iba pa, ay malinaw ang mga probisyon na ang mga petisyon ay maaaring nakasulat sa wikang Inglés o wikang Filipino.

Kayâ't aking inaanyayahan ang lahat ng mga abogadong naririto sa araw na ito, at maging ang mga may kasong hindi halos maunawaan ang kanilá mismong mga kaso, na panahon na upang simulan ninyo ang paggamit ng wikang Filipino sa inyong mga petisyon o mga ihahaing papeles o dokumento sa mga hukuman o anumang ahensiya ng ating pamahalaan.

Huwag matakot sa pagsasalita at pagsusulat sa sariling wika

At ito ay hindi dapat náting ipangamba o katakutan. Ang problema kasi noong batà pa táyo o nag-aaral sa high school ay hindi natin pinapansin ang Balarila o ang mga subject sa Pilipino. Natuto táyong mabuti sa pagsasalita at pagsusulat ng Inglés at minsan ay Kastila pa na masyado táyong maingat sa ating mga grammar o tamang pagbigkas o pagsusulat ng mga ito.

Ngunit sa pagsulat sa wikang Filipino táyo ay nahihirapan. Ngunit kapag Inglés, mas madali daw para sa iba. Hindi ba mabuti ang marunong ka nang sumulat sa Inglés ay marunong ka pang sumulat sa Filipino?

Hindi naman po sa pagyayabang, ganoon po ako: Inglés man o Filipino ay maaari akong sumulat at magsalita. Ngunit hangga't maaari ay nais kong gamitin ang wikang Filipino. At ako naman ay natutuwa sapagkat nagkaroon ako ng pagkakataong tulad nito na patunayan ang sinasabi ko.

Para sa iba, magaling naman siláng magsalita sa wikang Tagalog. Sa mga usapan sa anumang pagtitipon, nariyan ang marinig náting siláng nagsasalita sa Filipino. Ngunit kapag nagsimula na siláng sumulat, doon silá nahihirapan sapagkat hindi na nilá mapagtugma ang paggamit ng tamàng grammar sa Filipino.

Ngunit ito ay hindi rin náting dapat ipangamba. Ganyan din naman ang mga Amerikano. Kapag silá ay inyong kausap, ay naku, ang galing-galing sa Inglés. Maging ang kaniláng mga artista, kapag gumanap sa mga pelikula, ang galing-galing sa Inglés.

Ngunit kapag ang isang Amerikano ay nagsimula nang sumulat, lalabas ang natural o katotohanan na maging silá man ay nahihirapang sumulat sapagkat malí-malí ang kaniláng mga grammar.

Sa madaling salita, hindi po táyo nag-iisa. Ang kailangan lámang nátin ay sapát na pagsasanay at marubdob na pagnanasà na matuto táyong gumamit ng sariling wika.

Sariling Karanasan sa Paggamit ng Sariling Wika sa mga Hukuman

At ito po naman ay sinimulan ko. Ilán na ring mga *pleadings* o petisyon at mosyón ang naihain ko sa ating Korte Suprema at maging sa House of Representatives Electoral Tribunal. Ang isa ay may kaugnayan sa protestang naihain laban sa noon ay Congressman Reynaldo Calalay sa HRET. Iláng pleading o mosyón ang aking nagawa dito na ang ilang bahagi ay gamit ko ang wikang Filipino na may kasama pang mga batikos sa mga kasapi o members ng HRET.

Bagama't masasakit ang mga salitang aking ginamit sa nasabing kaso, nanalo po naman ang aking kliyente, ngunit ako po ay napatawan ng contempt of court o paglabag umano sa kagandahang asal ng isang abogado dahilan sa mga batikos na ginamit ko laban sa ilang miyembro ng electoral tribunal ko ay pinagmulta ng sampung libong piso.

Ang nasabing halaga ay hindi ko itinuturing na pag-amin ng isang pagkakasala kundi patunay lámang na ang wikang Filipino ay tiyak na tatamá at madarama ng sinumang nakakaunawa dito. Sapagkat kung malí ang aking mga sinabi sa nasabing mga mosyón, bakit sa bandáng huli ay nanalo pa rin ang aking ipinaglabang si Congressman Rey Calalay na hanggang sa mamatay matapos ang tatlong terminong panunungkulan sa Kongreso ay hindi malimot ang ginawa náming paggamit ng wikang Filipino sa kaniyang kaso.

At nariyan din ang isang kasong may kaugnayan noong 1995 election nang ang isang desisyon ng Comelec ay aking inapela o idinulog sa Korte Suprema. Sa nasabing kaso ay natálo ang aking kliyente sa Comelec, nguit naniniwala akong inabuso ng Comelec ang kaniláng kapangyarihan.

At sa nasabing kaso ay kailangan kong maipahinto ang implementasyon ng nasabing desisyon sa Comelec at kung hindi ay matatanggal ang aking kliyente sa kaniyang kinalalagyang tanggapan. Sa madaling salita, kailangan ko ng isang Temporary Restraining Order o TRO upang ang nasabing desisyon ay hindi maipatupad habang nakabimbin ang aking apela sa Korte Suprema.

At paano ako makakakuha ng TRO gayóng mahirap itong mapagbigyan ng Korte Suprema?

Ang nasabing kaso ay isinampa ko sa Korte Suprema noong 17 Agosto 1996. At dahil sa iyon ay bahagi ng Buwan ng Wika ginamit ko sa mga paunang salita ang wikang Filipino at ipinagdiinan ko ang kahalagahan ng pagpapalabas ng TRO ng Korte Suprema at ang mga dahilan kung bakit inabuso ng Comelec ang kaniláng kapangyarihan.

Matapos ang dalawang araw na paghihintay, nagtungo ako sa Korte Suprema at doon ay ibinigay sa akin ng tanggapan ng Clerk of Court ang kopya ng TRO na inisyu ng Korte Suprema. Matapos akong magpasalamat sa kawani ng Clerk of Court, nasabi ko pang “Mabuti naman at nag-isyu ng TRO ang korte.”

At ang natatandaan kong sagot ng nasa Clerk of Court: “Nagandahan yata, sir, sa Tagalog ninyo na bagama’t hindi agad naintindihan ay párang may bahid naman ng katotohanan”.

Iyan po ang kaso naman ng *Patoray versus Comelec* na inyong mababasa sa Volume 274 ng SCRA at nadesisyunan noong Hunyo 19 taóng 1997. Nanálo po kami sa nasabing petisyon.

Ang malungkot lámang, katulad din ng desisyon sa kaso ni Calalay, hindi rin gumamit ng wikang Filipino sa kasong ito ni Patoray, kahit pareho ang tunog ng Calalay at Patoray.

At hindi rin po ako tumitigil sa paggamit ng wikang Filipino sa iláng kasong aking hinahawakan lalo na’t nasa Buwan ng Wikang Pambansa. At nitóng hulí, naghain ako noong Agosto 5 nang táong ito ng isang mosyon sa Korte

Suprema na ang kaniyang kabuuan ay nakasulat sa wikang Filipino. Ang paggamit ko ng ating wika sa nasabing mosyón ay bílang pagpupugay at pagdakila ko sa ating wika—iyan ang paliwanag ko sa ating Kataaas-taasang Hukuman upang hindi naman silá mabigla sa biglang pagbabago ng wikang aking ginagamit sa paghahain ko ng dokumento o pleading sa nasabing mataas na hukuman.

Kung ano ang kahihinatnan ng nasabing mosyóng nakasulat sa wikang Filipino ay Diyos na lámang ang nakakaalam. Ang mahalaga dito ay ginampanan ko ang isang tungkulin ng isang tunay na Pilipino na nagmamahal sa ating wika.

Wikang Filipino sa paggawa ng mga batas

Isa pang suliranin natin kung bakit ang ating wika ay hindi yumayabong sa larangan ng batas ay sa kadahilanang ang ating mga batas ay nakasulat sa salitang Inglés. Bagama't ginagamit ng iláng mga mambabatas ang salitang Tagalog kapag silá ay nagkakaroon ng debate sa Kongreso, ang malungkot naman dito ay ang mga panukalang batas at sa sandaling ito ay ganap nang maging batas ay lagi siláng nakasulat sa wikang Inglés.

Ito ang dahilan kung bakit bitin pa rin ang paggamit ng ating wika sa ating Kongreso. Ito ang dahilan kung bakit ang mga batas ay hindi rin tuwirang maunawaan ng ating mga mamamayan na siyáng tinutukoy o pinagtuunan ng nasabing batas.

Tulad halimbawa ng kontrobersiyal na *Reproductive Health Law* na malinaw na ang pinatutungkulan nitó ang mahihirap nating mga kababayan na marami ang anak.

Katakot-takot na debate na ang narinig natin kaugnay ng nasabing batas, ngunit paano ito mauunawan ng ordinaryong mahirap nating mamamayan gayóng ito ay nakasulat sa wikang Inglés? Kapag tinukoy ng batas na nagsisimula ang buhay ng isang sanggol sa paglilahi o conception, ang tanong ay kailan naman naglilahi o nagsisimula ang buhay ng bata?

Kapag sinabi nating *fertilization* na malimit nating marinig sa RH Law, hindi rin ito maunawaan sapagkat ito ay salitang Inglés na ang tanging ibig tukuyin

ay ang pagsasama ng binhi ng lalaki at binhi ng isang babae sa oras ng kaniláng pagtatalik o pagniniig.

Tulad din ng mga kasalukuyang isyu o mga pinag-uusapang kalagayan sa ating bansa—ang *pork barrel system*. Marami pa rin sa ating mga kababayan ang hindi nakakaunawa kung paano ito ginagawa o paano nawawaldas ang kaban ng bayan sa sistema ng pork barrel.

Ngunit tulad ng ibang batas o mga nangyayari sa ating bansa, ang mga isyung ito sa RH Law at Pork Barrel ay tinatalakay at ibinabalita sa radyo at telebisyon sa wikang Filipino o Tagalog. Ang radyo at telebisyon ay mabilis at malinaw na nakararating sa iba't ibang sulok ng ating kapuluan kahit ang mga lugar na hindi nararating ng mga pahayagan.

Dahil kina Mike Enriquez, Mel Tiango, Noli De Castro, Ted Failon, Korina Sanchez, Joe Taruc, Deo Macalma at marami pang ibang mga mamamahayag natin ay nabibigyang pagkakataon ang ating mga mamamayang maunawaan ang mga bagay na pinagtatalunan o binabalangkas ng ating pamahalaan.

At dahil sa ang gamit nilá sa pamamahayag ay wikang Filipino, ito ay nauunawaan ng ating mga mamamayan.

At ito ang matibay na katibayan kung bakit masasabi nating ang salitang Tagalog ang wikang siyáng tanggáp ng higit sa nakararami nating mga mamamayan. Kung hindi, ay tiyak na pagsasabihan ang nasabing mga announcers ng pinuno ng kaniláng tanggapan na gumamit ng ibang wikang maiintindihan ng kaniláng mga tagapakinig.

Katunayan, tumataas ang rating ng mga program ng nasabing mga himpilan ng radyo at telebisyon sa paggamit ng wikang Filipino. Maging ang mga drama sa telebisyon, tulad ng *My Husband's Lover* – ay Tagalog ang mga dayalogo—wikang nauunawaan ng kaniláng mga tagapanood. Kung si Vincent at si Eric ay magsasalita ng ibang wika, marami ang hindi makakaunawa. Kayâ't ang kaniláng pagmamahalan ay damáng-damá nilá at damá rin ng kaniláng mga tagapanood sapagkat ang wikang kaniláng ginagamit ay wikang nauunawaan ng higit na nakararaming Pilipino.

Suliranin sa Wika at Kalutasan

Bagama't patuloy ang pag-aaral ng Komisyon sa Wikang Filipino at iba't ibang ahensiya ng pamahalaan kung paano natin mapapayabong o mapapaunlad ang ating wika lalo na sa larangan ng batas, may mga suliranin pa rin, kundi man mga sagabal o balakid sa pagpapatupad nito.

Sa ating mga hukuman, bagama't nais naming gamitin ang sariling wika, karamihan sa ating mga hukom at mahistrado ang hindi sanay sa paggamit ng wikang Filipino. Maging ang mga stenographers ay mahihirapang magsalin ng naganap sa isang paglilitis mula sa Tagalog patungo sa wikang Inglés.

Marahil kailangan pa ang patuloy na suporta at paghahain ng Komisyon sa Wikang Filipino ng mga petyon o mungkahi sa Korte Suprema na ipagpatuloy ang paggamit ng ating wika sa mga paglilitis. Gayon din ang dapat nating gawin sa lahat ng ahensiya o bahagi ng ating pamahalaan na hikayatin at alalayan ang kanilang mga pinuno na gumaganap na tagadinig ng mga kaso.

Maaari ding idagdag na elective subject ang pamamaraan ng paggamit ng ating wika sa mga mag-aaral na kukuha ng kurso sa batas. Ito ay maaaring gawin pa ring isang resolusyon ng Komisyon sa Wikang Filipino na tuwirang hihingin o hihilingin sa Korte Suprema na pag-aralan ang posibilidad na maging elective subject ang wikang Pilipino sa mga nag-aaral ng batas na sasanayin silá sa paggawa o pagsulat ng kanilang mga petyon o mosyón at pagsasalita sa wikang Filipino.

Ang ating Kataas-taasang Hukuman ay maaari ding magbuo ng isang nararapat na grupo o komite na pamumunuan ng isa nilang mahistrado na may kakayahang sumulat at magsalita sa wikang Filipino. Isasama sa nasabing komite ang ilang kinatawan ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan na gumagawa rin ng pagdinig ng mga kaso.

Sa ganitong paraan, umaasa ako na makakabalangkas ng mga naayong pamamaraan ang ating Korte Suprema at mga ahensiya ng pamahalaan kung paano matutupad ang sinimulang pangarap ng dáting Chief Justice Reynato Puno na palaganapin ang paggamit ng ating wika sa mga paglilitis sa hukuman at ilang ahensiya ng ating pamahalaan, ganoon din sa paggawa ng mga kautusan o dokumentong legal.

Ang Pagtuturo ng Filipino sa mga Dayuhan

Arthur P. Casanova, Ph.D.

Palagi táyong naghahanap ng mga mabisang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga bílang pangalawang wika. Gayunpaman, bago ako magsimula, nais kong talakayin ang ilang bagay hinggil sa paggamit ng katawagang “Filipino Bílang Pangalawang Wika.” Dangan kasi, sa ating bansa, dahil sa pagkakaroon ng maraming mga katutubong wika at diyalekto, ang pag-aaral at pagtuturo ng Filipino ay dapat na ituring bilang pangalawang wika. Bagamat iba rin ito sa pagtuturo ng Filipino sa mga dayuhan na maaaring uriin sa dalawa: (1) Filipino for Survival, at (2) Akademikong Filipino. Ang nauna ay para sa mga dayuhan, kadalasang turista o yaong ang layunin lámang ay makapagtalastasan sa mga nagsasalita ng Filipino. Ang ikalawa ay ang pag-aaral ng Filipino para sa mga layuning pang-akademiko.

Bibigyang-diin ng talakay na ito ang “Filipino para sa mga layuning pang-akademiko.” Kaugnay nitó, maibabahagi ko sa inyo ang aking mga karanasan bilang guro sa mga gawain ko sa sumusunod: (1) Advanced Filipino Abroad Program (AFAP), (2) South East Asian Summer Studies Institute (SEASSI) bilang Fulbright Fellow sa Arizona State University noong 1996, at sa University of Wisconsin noong 2012, (3) Sa De LaSalle University (2000-2012), at (4) Brent International School Manila (MISM). Sa AFAP at sa SEASSI, karamihan ng mga naging mag-aaral namin ay mga Fil-Am at mga Amerikano. Kalimitan, nais ng mga FIL-AM na matutuhan ang wikang nakagisnan ng kaniláng ina at ama o ng ina o ng ama – ang Filipino, bagamat marami rin ang nag-aaral ng Filipino para sa akademikong gamit. Samantala, ang mga Amerikano ay kadalasang nag-aaral ng Filipino para sa pang-akademikong

Inihayag sa unang Pambansang Kongreso sa Wikang Filipino noong 19-21 Agosto 2013 sa Leong Hall, Ateneo de Manila University, Lungsod Quezon.

layunin. Samantala, sa De La Salle University (DLSU), marami sa naging estudyante ko ay mga Koreano at Hapones.

Sa Brent International School Manila, mayroon kami dáting tatlong programa: (1) Ab Initio Filipino, (2) Filipino A2, at (3) Filipino A1. Ang mga ito’y bahagi ng mga kursong International Baccalaureate (I. B.), dalawang (2) taóng programa mula Grade 11 hanggang Grade 12. Sa Ab Initio, inaasahang zero level ang mga mag-aaral; sa Filipino A2, magkasanib na Wika at Panitikan ang binibigyang-diin; at sa Filipino A1, Literatura ng Pilipinas at Pangmundo ang pokus ng pag-aaral. Samantala, Sa Middle School (Grade 6-8), Language B ang pokus – wika at panitikan sa iba’t ibang antas: Beginning, Intermediate, at Advanced. Pagsapit sa Upper School (Grade 9-12), inuuri ang mga mag-aaral na Grade 9 at Grade 10 sa tatlo: Beginning, Intermediate at Advanced. Gayunpaman, dahil kakaunti ang mga mag-aaral sa kursong Filipino, dumating ang panahong ang lahat ng mga mag-aaral sa Grade 9 at Grade 10 ay itinuring na mga nása Advanced Level dahil iisang guro na lámang ang nagtuturo ng Filipino di tulad noong mga nagdaang taon na tatlo ang guro kung kayâ’t nahahati at nauuri ang mga mag-aaral sa tatlong antas. Ang karanasan ko sa mga programang nabanggit ang aking ibabahagi sa inyo.

Mga Prosesong Dapat Isaalang-alang

Entry Point: Placement test

a. Kung batid ng guro na ang mga mag-aaral at tunay na Novice ang proficiency ng mga mag-aaral, hindi na kailangan ang Diagnostic Test at ituturing ang mga mag-aaral na nasa *beginning level*.

b. Kung ang mga mag-aaral ay may iba’t ibang *antas ng kakayahan* (proficiency level) sa wikang Filipino, kailangang magsagawa ng Placement Test na susubok at tatáya sa kasanayan ng mga mag-aaral sa apat na Makro-Kasanayan (Macro-Skill): *Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat*.

c. Maglaan ng oras para sa *oral interview*. Maaari itong may habang 20 hanggang 30 minuto. Kailangang irekord ito. Pagkaraan nitó, pakikinggan ito ng guro upang mabatid ang kakayahan (*proficiency*) sa pakikinig at pagsasalita. Ang

Entry Interview na ito ang gagamitin ng guro sa paghahambing ng proficiency sa *pakikinig at pagsasalita* sa pagtatapós ng programa.

d. Maglaan din ng oras para sa *pagsusulit na pasulát (written examination)*. Ang habà ng Examination ay mga 30 minuto lámang. Aalamin ng pagsusulit na pasulát ang kakayahan sa Gramatika/Balarila: Palatunugan, Palabuan, at Sintaks; Ortograpiya; at Pagsulat ng Talata. Ang Written Examination na ito ang gagamitin ng guro sa paghahambing ng kakayahan sa *pagbasa at pagsulat* sa pagtatapos ng programa. Ang mga uri ng test o pagsusulit ay dapat na naaayon sa pagbatid sa komunikatibong dulóg.

e. Batay sa *pasalitang interbyu (oral interview)* at *pagsusulit na pasulat*, aalamin ng guro ang antas o nibél ng kakayahan ng bawat mag-aaral: *beginning, intermediate, o advanced*.

Paglikha ng Silabus

Mga Hakbang at Mga Bahagi ng Silabus:

- a. Ano-ano ang mga layunin ng kurso/programa?
- b. Ano-ano ang mga paksa ng mga leksiyon sa kabuuan ng kurso o programa?
- c. Ano-anong mga Kakayahan (*proficiency*) ang inaaasahang lilingin ng kurso? (Apat na Macro-Skills: *Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat*)
- d. Ano-ano ang magiging sakop at antas ng grammar/balarilang kailangang maituro at matutuhan? (*Palatunugan/Ponolohiya, Palabuan/Morpolohiya, Syntax, Bokabularyo*)
- e. Ano-ano ang mga metodolohiya at estratehiya ng pagtuturo ang angkop na gagamitin sa bawat antas o nibél ng kakayahan? (Halimbawa: *Communicative Competence Approach, Language Function, Schema Theory, Role-Play, atbp.*)

f. Ano-ano ang mga teksto at materyales ang gagamitin sa bawat leksiyon o yunit? (Para sa Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat)

g. Anong aklat ang gagamiting sangguniang-aklat? Batayang-aklat?

h. Magtakda ng oras para sa habà o tagál ng bawat leksiyon, bawat araw, at bawat linggo. Alamin ang kabuuang oras na gugugulin para matapos ang kurso/programa.

i. Pagtatáya/Ebalwasyon

1. Maglaan ng oras o iskedyul para sa mga *pagsusulit na pasulát*: Una, Panggitna, at Pinal/Pangwakas na Pagsusulit (*Progress Test*).

2. Magsagawa ng Pinal/Pangwakas na *pasalitang interbyu*. Ihambing ang resulta nitó sa Pasalitang Interbyu na isinagawa bilang bahagi ng Diagnostic/Progress Test.

3. Alamín ang *antas ng kakayahan (level of proficiency)* na naabot ng mag-aaral sa pagtatapós ng kurso o programa. (Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat). Lumikha ng *rubrics* para sa pagbatid ng antas ng kakayahan.

4. Puwede ring lumikha ng sariling *rubrics*.

Mga Halimbawa ng mga Paksang Tutumbukin ng Silabus:

1. Talaan ng mga Paksa para sa silabus ng International Baccalaureate Ab Initio Filipino para sa loob ng dalawang taon (Grade 11-12):

I.B. FILIPINO - AB INITIO

Prescribed topics

| | | |
|---|--|--|
| INDIBIDWAL AT LIPUNAN Individual and society | GAWAIN AT LIBANGAN Work and leisure | KAPALIGIRAN: URBAN AT RURAL Urban and rural environment |
| PAGKAIN AT INUMIN Food and drink | ISPORTS Sports | MGA USAPING GLOBAL Global issues |

| | | |
|--|-----------------------------|--|
| PAMÍMILÍ Shopping | TRABAHO Employment | MGA KAPITBAHAY Neighborhood |
| DETALYENG PERSONAL, ITSURA, KARAKTER Personal details, appearance and character | ALÍWAN Entertainment | HEOGRAPIYANG PISIKAL Physical geography |
| EDUKASYON Edukasyon | MIDYA Media | MGA POOK/ BAYAN AT SERBISYO Town and Services |
| MGA UGNAYAN Relationships | TEKNOLOHIYA Technology | MGA USAPING PANGKAPALIGIRAN Environmental concerns |
| PANG-ARAW-ARAW NA GAWAIN Daily routines | TRANSPORTASYON Transport | PANAHOON Weather |
| KALUSUGANG PISIKAL Physical health | PIYESTA OPISYAL Holidays | |

2. Talaan ng mga paksa para sa silabus ng Southeast Asian Summer Studies Institute (SEASSI) sa University of Wisconsin-Madison sa loob ng walong (8) linggo (katumbas ng dalawang semestre sa kolehiyo):

| YUNIT | PAKSA |
|----------------------------|-------------|
| Unang Linggo- Yunit 1 | Sarili |
| Ikalawang Linggo- Yunit 2 | Pamilya |
| Ikatlong Linggo- Yunit 3 | Pamayanan |
| Ikaapat na Linggo- Yunit 4 | Kalusugan |
| Ikalimang Linggo- Yunit 5 | Paglilibang |
| Ikaanim na Linggo- Yunit 6 | Paglalakbay |
| Ikapitong Linggo- Yunit 7 | Pagdiriwang |
| Ikawalong Linggo- Yunit 8 | Mga Usapin |

Pagbuo ng mga Pagsusulit (Tests and Examinations)

1. Iwasan ang mga *Discrete Point Test* tulad ng Matching Type, Pagsasalin ng mga bokabularyo, parirala, pangungusap, atbp. Nakapokus ang mga ito sa isang lingguwistikong elemento lámang at nakasalig ang mga ito sa konseptong maaaring hati-hatiin ang wika sa iba't ibang elemento kayâ't may tendensiya ang mga itong maging di direkta. Bagkus lumikha ng mga *integratibong test* na

magbibigay-daan sa mga mag-aaral na magsanib ng maraming lingguwistikong elemento, may katangiang lumilinang ng iba't ibang kakahayang mapag-ugnay at lumilinang at nagsasanib ng iba't ibang kakayahang pangwika, may tendensiyang maging direkta. Halimbawa ng mga *integratibong test*: Komposisyon, Paglikha ng pangungusap hinggil sa larawan, diktasyon, *cloze test*, at *note-taking*.

2. Dapat na tinatáya ng mga pagsusulit (at ng silabus) ang komunikatibong kakayahan (*communicative competence*) ng mga mag-aaral (Canale & Swain, 1980, p. 29-30):

a. Kakayahang Gramatikal (*grammatical competence*) – kaalaman sa mga leksikal na aytem, mga tuntunin sa palabuuan/morpolohiya, syntax, pangungusap-balarilang semantika, at palatunugan/ponolohiya.

b. Kakayahan sa Diskurso (*discourse competence*) – ang kakayahang maiugnay ang mga pangungusap sa pagbuo ng mga diskurso at sa paglikha ng makahulugang magkakaugnay na serye ng mga pagsambit (*utterances*).

c. Kakayahang Sosyolingguwistiko (*sociolinguistic competence*) – mga kaalamang nauugnay sa mga sosyo-kultural na mga tuntunin ng wika at ng diskurso.

d. Kakayahang Estratehiko (*strategic competence*) – mga pasalita at di-pasalitang estratehiyang pangkomunikasyon na maaaring gamitan ng aksiyon upang mapagtakpan ang pagkatigil o pagkaudlot ng daloy ng komunikasyon dahil sa kasalatan ng kakayahan.

3. Tantiyahin ang habà ng pagsusulit. Ang test na inaasahang matapos ng mga mag-aaral sa loob ng 30 minuto ay dapat na masagot ng guro sa loob ng 5 minuto; ang isang oras ng pagsusulit ay dapat masagot ng guro sa loob ng 10 hanggang 15 minuto.

4. Ang Pagsusulit na Pasulat ay dapat na may mga seksiyong tatáya sa mga kakayahan sa apat na makro-kasanayan (*macro-skills*: Pakikinig, Pagsasalita, Pagbasa at Pagsulat).

5. Ang mga tekstong gagamitin sa bahaging Pakikinig ay dapat na maikli lámang (10 hanggang 25 porsiyento ng kabuuan ng Pagsusulit na Pasulát. Ang

bilang o habà ng mga tanóng ay dapat na naayon din sa habà ng tekstong ginamit. Iwasang gumamit ng mga *discrete test*. Siguraduhing gumagana nang maayos ang mga audio-visual equipments para maiwasan ang pag-aaksaya ng oras at pagkainis ng mga mag-aaral.

6. Iwasang magbigay ng mga aytem na hindi natalakay sa klase o bahagi ng yunit na tinatáya.

7. Siguraduhing na-edit ang bawat bahagi ng test. Iwasan ang mga kamalian sa baybay o ispelang o kayâ'y mga pangungusap na putol kung kayâ't nawalâ ang diwa.

8. Gawing maliwanag ang direksyon o panuto ng bawat pagsusulit upang maiwasan ang pagkalitó ng mga mag-aaral.

Paglinang ng Bokabularyo

Mga sistemang mungkahi nina Soars, John and Liz Soars. *Headway (Teacher's Book, Upper Intermediate)*. New York: Oxford University Press. 1987.

1. Maglaan ng sistematikong paglínang ng bokabularyo/talasalitaan.

2. Hikapatin ang mga mag-aaral na maging responsable sa kaniláng sariling pagkatuto ng bokabularyo. Tatlong (3) paraan ng paglínang ng bokabularyo ang maaari nilang tahakin:

a. Himukin ang mga mag-aaral na magkaroon ng mabisang estratehiya tulad ng pagkakaroon ng taláan ng mga salita, paggamit ng mga diksiyonaryo, paggamit ng *flashcard*, paghula sa kahulugan ng mga di-kilala o bagong salita.

b. Ipakilala ang mga mag-aaral sa mga sistema ng bokabularyo na tinataguriang 'Grammar ng Bokabularyo' tulad ng mga uri ng panlapi, mga kogneyt (*false and true*), singkahulugan, kabaligtaran, mga pagbabagong morpoponemiko, mga salitang parehas ang baybay ngunit nagbabago ang kahulugan sa pagpapalit ng diin, palabuuan, pagbabanghay ng mga salita,

pagbuo ng mga salita buhat sa isang salitang-ugat, pares minimal, atbp. Mabisang estratehiya sa ganitong pagkatuto ng bokabularyo ang paggamit ng *word web*.

c. Magsagawa ng mga leksikal na set na magkakaugnay. Halimbawa, leksikal set ng mga salitang nauugnay sa pagbibigay ng direksiyon o kaya'y ng magkakaugnay na mga salitang ginagamit sa pagkain, pagluluto, at paghahanda.

3. Iminumungkahing mga diksiyonaryo:

English, Leo James. *Tagalog-English Dictionary*. Pasig City: Cacho Hermanos. 2008.

English, Leo James. *English-Tagalog Dictionary*. Pasig City: Cacho Hermanos. 2008.

Pagsulat ng Dyornal - Isang Pangangailangan (Requirement)

1. Gawing isang kailanganin ang pagsulat ng dyornal. Maaari itong lingguhang dyornal na ipapása tuwing Lunes.

2. Dito nilá isusulat ang 1-2 pahina (araw-araw) tungkol sa mga kawili-wili, nakatutuwa, nakatatawa, nakatatakot, nakaiinis o kakaibang mga karanasan. Ang unang bahagi ng sulatin ay tungkol sa isang pangyayari lang o ilang pangyayaring naranasan ng mag-aaral sa nakaraang linggo. Ang ikalawang bahagi ng sulatin ay pagbabahagi tungkol sa inaasahan niláng mga paksa o gawain sa klase sa darating na linggo.

3. Maaari rin niláng isama ang kaniláng mga obserbasyon tungkol sa mga ginamit na estratehiya ng pagtuturo at pagkatuto.

4. Puwede rin niláng isulat dito ang kaniláng mungkahing gawain na gusto niláng isakatuparan.

5. Dápat na masusing basahin ng guro ang mga isinulat ng mag-aaral. Maaari nilang iwasto ang gramatika, bokabularyo, at iba pang aspektong pangwika.

Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Dayuhan

Sa tuwina, palaging naghahanap ang mga guro ng mga bagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika. Madalas, dahil sa paghahanap, tinatalikdan natin ang iláng estratehiyang napatunayan na nating mabisa at maaasahan. Nangyayari talaga ito dahil dumarating din naman ang guro sa pagkabagot bunga ng paulit-ulit at pabalik-balik na mga estratehiya. Ngunit, tandaan nating taon-taon o bawat semestre ay maaaring iba-iba rin ang ating mga estudyante. Ang mga pinapalagay nating luma at nakasasawang estratehiya ay maaaring bago at kawili-wili sa mga bago nating mga estudyante.

Matagal nang sentro ng talakayan sa mga seminar-palihan, kumperensiya, simposya at forum ang hinggil sa mga metodo/pamamaraan/dulóg at mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika. Kalimitang supling ng mga ideya at teorya ang mga sumusulpot na mga metodo/pamamaraan/dulóg at mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika na kadalasa'y hango mula sa mga kanluraning pananaliksik. Mula noong ika-20 siglo, sumibol ang iba't ibang metodo/pamamaraan/dulóg sa pagtuturo ng wika na tinangkilik ng maraming guro sa iba't ibang panig ng mundo. Naging tanyag at tinanggap ang ilan sa mga ito ngunit pinalitan ang mga ito ng mga mas kaakit-akit na mga metodo/pamamaraan/dulóg bunga ng pagdatal ng mga bagong ideya at teorya sa wika. Kabílang na rito ang mga naunang *Direct Method (Oral)*, *Series Method (Baryasyon ng Direct Method)*, *Indirect Approach (Grammar)*, *Oral Approach/Situational Language Teaching Approach*, *Audio-lingual Method*. Mayroon din namang tinanggap sa buong mundo at naabot ang istatus ng *methodological orthodoxy* tulad ng *Communicative Language Teaching*. Mayroon din namang sinuportahan ng mga dalubwika ngunit hindi lubusang tinanggap ng mga guro at edukador tulad ng *Silent Way*, *Counseling-Learning*, *Suggestopedia*, *Multiple Intelligences*, *Neurolinguistic Programming* at ng *Lexical Approach*, *Language Immersion*, *Minimalist/Methodist*, *Directed Practice*, *Learning By Teaching*, *Proprioceptive Language Learning Method*, *Pimsler Method*, *Michel Thomas Method* at *Eclectic Method*. May mga metodo/pamamaraan/dulog na nagbibigay-diin sa pag-unawa sa wika upang matuto na taliwas sa produksiyon ng wika na pawang mga baryasyon ng *Comprehension Approach* na tulad ng *Total Physical Response* at ng *Natural Approach* na isinulong nina Stephen Krashen at Tracy D. Terrell.

Isa sa mga pangunahing batayan ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika, partikular na sa pagbasa, ang tinatawag na Teorya ng Iskema (*Schema Theory*). Sa teoryang ito, inilalarawan ang prosesong ginagawa ng bumabasa o mambabasa kung paano nilá isinasanib ang mga natamo niláng karanasan sa mga impormasyong napapaloob sa isang teksto upang maunawaan ang tekstong yaon. Taglay ng bawat mambabasa ang iba't ibang iskemata (*schemata*, mga natamong impormasyon sa nakaraan), mga dati nang kaalaman (*prior knowledge*) at kalimitan ding naaayon sa tiyak o partikular na sa kultura ng mambabasa. Tulad ng pagtuturo ng ESL, mahalaga ring konsepto ito sa pagtuturo ng Filipino bílang pangalawang wika o ng anumang wikang itinuturo bilang pangalawang wika ng mga mag-aaral. Kalimitang inihahanda ang gawain sa Bago Bumasa (*pre-reading*) upang maudyok ang paglutang ng iskemata.

Bago ang pagsisimula ng pagbasa ng isang teksto, dapat na liwanagin ng guro sa mga mag-aaral ang layunin ng pagbasa ng teksto. Layunin ng pagbasa ang mabatid ang pangkalahatang ideya ng teksto, matuto ng mga bagong impormasyon, matuto ng iláng bokabularyo at maging pamilyar sa estilo ng teksto. Pagkatapos nitó, ipababatid ng guro sa mga mag-aaral ang estratehiya sa pagbasa sa teksto at kung paano matatamo ang layunin.

Binubuo ang proseso ng pagbasa ng pagkilala sa anyo, pormal na estruktura at paksa na pawang nag-uudyok sa pagdatal ng iskemata at nagbibigay-daan sa pagkaunawa sa teksto ng mga mag-aaral. Inaasahan sa yugtong ito na taglay na ng mag-aaral ang mga makabuluhang iskemata at ang lahat ng mga iskematang ito ay nabuo na. Nangangahulugan din ang mga ito na ang bawat yugto ng pag-unawa ay nauugnay sa kaalaman ng isang mambabasa hinggil sa mundong kaniláng ginagalawan. Bunga nito, nabubuo ng mambabasa ang isang maliwanag at maayos na pag-unawa sa teksto sa pamamagitan ng interaktibong proseso ng pagsasanib ng mga tekstuwal na impormasyon at ng mga dinadala ng mambabasa sa teksto. May dalawang pangunahing uri ang iskemata: (1) iskematang pangnilalaman (mga natamong kaalaman hinggil sa mundo), at (2) pormal na iskemata (mga kaalaman ukol sa mga estrukturang retorikal).

- Aebersold, J. A., and M. L. Field. *From Reader to Reading Teacher*. Cambridge: Cambridge University Press. 1997.
- Ajideh, Parviz. "Schema Theory-based Pre-Reading Tasks: A Neglected Essential in the ESL Reading Class." In *The Reading Matrix*. Vol.3. No.1, April 2003.
- Anderson, N. J. *Exploring Second Language Reading: Issues and Strategies*. Boston: Heinle & Heinle. 1999.
- Asher, James J. *Learning Another Language Through Actions*. San Jose, California: AccuPrint. 1979.
- Barnett, M.A. "More than meets the eye. Foreign language reading: Theory and practice." In *Language in Education series No. 73*. Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall Regents/Center for Applied Linguistics-ERIC Clearinghouse on Languages and Linguistics. 1989.
- Canale, M. "From Communicative Competence to Communicative Language Pedagogy". In Richards, J.C. and Schmidt, R. eds. *Language and Communication*. London: Longman. 1983.
- Canale, M. and Swain, M. *Approaches to Communicative Competence*. Occasional Papers No. 14. Singapore: RELC. 1980.
- Carrell, P.L. "Content and Formal Schemata in ESL Reading." In *TESOL Quarterly*. 1987.
- Cohen, Andrew D. *Strategies in Learning and Using a Second Language*. London and New York: Longman. 1998.
- Curran, Charles A. *Counseling-Learning in Second Languages*. Apple River, Illinois: Apple River Press. 1976.
- Finocchiaro, M. & Brumfit, C. *The Functional-Notional Approach*. New York, NY: Oxford University Press. 1983.
- Hälliday, M.A.K. *Explorations in the Functions of Language*. London: Edward Arnold. 1973.
- Kawabata, Takako. "Teaching Second Language Reading Strategies." *The Internet TESL Journal*, Vol. XIII, No. 2, February 2007. <http://iteslj.org/>; <http://iteslj.org/Techniques/Kawabata-ReadingStrategies.html>. 2007.
- Krashen, Stephen D. *Principles and Practice in Second Language Acquisition*. English Language Teaching series. London: Prentice-Hall International (UK) Ltd. 1981.
- Richards, Jack C. and Theodore Stephen Rodgers. *Approaches and Methods in Language Teaching*. Cambridge: Cambridge University Press. 1998.
- Soars, John and Liz Soars. *Headway (Teacher's Book, Upper Intermediate)*. New York: Oxford University Press. 1987 & 2009.
- Stott, Nigel. "Helping ESL Students Become Better Readers: Schema Theory Applications and Limitations." In *The Internet TESL Journal*, Vol. VII, No. 11, November 2001. <http://iteslj.org/Articles/Stott-Schema.html>.
- Ramos, Teresita V. and Resty M. Cena. *Modern Tagalog: Grammatical Explanations and Exercises for Non-native Speakers*. Honolulu: The University of Hawaii Press. 1990.
- Teresita V. Ramos. *Conversational Tagalog. A Functional Situational Approach*. Honolulu: The University of Hawaii Press. 1985.
- Teresita V. Ramos. *Intermediate Tagalog*. Honolulu: The University of Hawaii Press. 1986.
- Wilkinson, L.C. (Ed.). *Communicating in the Classroom*. New York: Academic Press. 1982.
- Websites: www.actfl.org;
www.ibo.com

Ang Pusod sa Pagpapangalan: Paanong Nag-iiba/ Nagigiba ang Pilipinas ng F sa Filipinas, Atbp. Pagkutingting sa Kung Ano-Anong Maliliit na Bagay

Rebecca T. Añonuevo, Ph.D.

I

"Paano ko pa tatawagin? Gaya ng itinuro mo: Felifenas!"

"Pupukulin kita ng silya, p...! Kahapon, mabuti-buti na ang bigkas mo, tulad ng makabago. Pero ngayon, dapat mo itong bigkasin sa paraang sinauna! Feli, sabi ko, Filipinas!"

"Aba, hindi naman ako sinauna! Ano ba ang akala mo?"

"Hindi bale! Sabihin mo, Filipinas!"

"Wala na akong gana! Hindi ako lumang kasangkapan. Treinta anyitos lamang ako!" sagot ng babae na naglililis ng manggas at naghahandang lumaban.

"Sabihin mo, kap..., kung hindi, pupukulin kita ng silya!"

Nakita ni Consolacion ang kilos, nagmuni, at umutal habang humihinga nang malakas:

"Feli...Fele... File..."

Pum! Kraak! Tinapos ng silya ang salita.

Ang tagpo ay mula sa salin ni Virgilio S. Almario (1998, 253-254) sa *Noli Me Tangere* ni Jose Rizal. Katawa-tawang kalunos-lunos ang karakter ni Donya Consolacion na nagsala-salabid ang dila sa pagbigkas ng pangalan ng "p-bayan": Felifenas, Felipenas, Felipinas, Fele...File... gayong walâ ni isa sa tinuran ang tamà.

Ang totoo'y hindi sa batuhan ng silya nagtapos ang pagtatálo ng donya at asawang Espanyol. Katawa-tawang kalunos-lunos na magpahangga ngayo'y hindi táyo magkandatuto sa itatawag sa ating bansa. Mahigit na paláng 20 taon nang tangkaing kutkutin muli ni Almario ang buod ng kaniyang argumento sa *Diyaryo*

Filipino noon at muling nalathala sa *Filipino ng mga Filipino*. “Sintomas ng ating pambansang pagkalitó ang pagkakaroon ng tatlong pangalan ng ating bansa,” ani niyá (2009, 16).

Ngunit hindi lang pagkalitó, kundi pagkakawatak-watak, kung maaari ko pang idagdag. Napakalaki ng ibinubunyag ng di natin pagkakasundo sa pangalan pa lang.

II

Sa kaniyang sanaysay ay binanggit ni Almario ang mga dahilan ng kaniyang pagsusúlong ng Filipinas: 1) ang Filipinas ang ibininyag ng Kastilang si Villalobos at nag-isa sa buong kapuluan, na siyá ring pangalang ginamit ng mga rebolusyonaryo hanggang sa proklamasyon ng kalayaan ng bansa noong 1898; 2) may baluktot sa magkaibang pagpapangalan sa bansa (Pilipinas) at sa wika (Filipino); 3) ang Filipinas ay makapagpapagaan sa pagtuturo ng wika, pagtukoy sa mamamayan, at sa bansa.

Ang mga tumututol sa resolusyon ng Komisyon sa Wikang Filipino ay nagbigay ng kaniláng panig: 1) kolonyal ang pag-iisip na isalang-alang ang pangalan na ibininyag ng mananakop; 2) may baluktot sa agenda ni Almario at iyon ay ang kaniyang kahina-hinalang motibo bílang Tagalístang pumapapel na tagapagtanggol ng wika; 3) sanáy na ang taumbayan sa Pilipinas/Philippines, kayâ hindi na kailangan ang dagdag pang kalituhan.

Sa nagkakaisang kapasiyahan ng lupon ng mga komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino Blg. 13-19, pinagtitibay ang pagbabalik sa diumano’y dáting “Filipinas” habang “pinipigil ang paggamit ng Pilipinas” upang mapalaganap ang opisyal at modernisadong katawagán ng bansa.

Sa social media partikular sa Facebook ay umani ng sari-saring batikos, pang-uuyam, halakhakan (sa pamamagitan ng mga letrang LOL), o hagikhikan (ahihi kasunod ang smiley na nakabelat) ang resolusyon ng KWF.

Pilifins. Maharlika. Bekilandia. Republika ti Filipinas. Pfilipinas. Flipinas. Pssst daw, dahil bansa táyong mahilig sumutsot. Lahat ng pagkamalikhain/ malikot/

makislot na pagsangga sa hakbang ng KWF at tagapangulo nitó ay umilanglang na párang silyang humahagip sa senyora ng nagpapanggap na nakalimutan na niyá ang sariling wika, o hindi na niyá ito nalalaman kayâ't binibigkas sa pinakapangit o baluktot na paraan.

Ang tanong ngayong kumikiliti sa isip ko ay: Nalalaman ba o hindi ni Donya Consolacion ang tamang pagbigkas ng salitang itinuturo sa kaniya ng asawa? Talaga bang mangmang siyá o mapurol ang ulo? O sadyang hindi pahuhúli nang buháy sa salitang iginigiit sa kaniya ng alferéz? Nanunuyâ lang ba si Rizal sa babae bílang kinakatawan ng senyora? O nakini-kinita na niyá noon pa na masasadlak ang mamamayan sa tungáyawan at hiyáwan, pagpukpok sa ulo, hagnosis ng tabla at múra, na sa hulí'y patatahimikin lámang ng pinto sa silid? (Kibit-balikat, ibaba ang tabing, next!)

Nasa guniguni na lámang ng maninilip na mambabasa kung sino ang titimbuwang sa hulí.

Hindi kailanman namutawi ang Filipinas sa kaniyang mga labi. Ito ang mapait-maanghang na pangitain ni Rizal, noon at magpahanggang ngayon, at hindi natin siyá bibiguin.

III

Tanong sa estudyante ng guro: Ano ang pagkakaiba ng Tagalog, Pilipino, Filipino?

Sagot ng estudyante: Mmm...ang Tagalog po ay ang wika na ginagamit ng mga nasa NCR, at mga lalawigan tulad ng Batangas at Rizal. Ang Pilipino ay ang tawag sa mamamayan ng ating bansa. Ang Filipino ay ang tawag sa ating pambansang wika.

Alin, alin ang naiiba?

IV

Ano nga ba ang katuturan ng pangalan? Sa Czech ay tinatawag táyong Filipiny, sa Dutch ay Filipijnen, sa Maltese ay Filippini, sa Welsh ay Philipinau, sa Finnish ay Filippiinit, at maraming iba pa. Samakatwid, hindi lámang Philippines

mula sa Amerika ang itinatawag sa atin ng ibang mga bansa, bagamat sa pangkalahatan ay iyon lámang ang ating nakikilála o nalalaman. May paraan sila ng pagtawag sa atin, at ang sinusunod nila ay ang kaniláng wika. May paraan tayo ng pagtawag sa sarili natin, Pilipinas, ayon sa pagkakaalam ng isang henerasyon sa kasalukuyan, isang paraan na sa kuro ni Danilo Arao (2013), ay isang pag-angkin sa “dayuhang bansa noon sa pamamagitan ng mas komportable nating pagbigkas ng P. Sa madaling salita, ang Filipinas ay naging Pilipinas dahil gusto nating magkaroon ng sariling identidad na bagama’t kapansin-pansin ang kolonyal na nakaraan ay may malawak pa ring pagtanggap sa kasalukuyan.” Pilipino ang tawag natin sa sarili, at ito ang nakalapat na sa mga popular na kanta, tulad ng “Ako ay Pilipino” na isang OPM (Original Pilipino Music) na nilikha ni George Canseco, at sa pagkaalala ko ay paborito ni Imelda Marcos at ng Kilusang Bagong Lipunan (KBL) pagkat kinomisyon niyá ito upang kumatawan sa ating lahi: “maharlika,” “isang bansa, isang diwa” na umaalingawngaw na mga islogan sa rehimen ng Batas Militar.

V

Paano ba binigkas ni Bonifacio ang kaniyang pangalan? Bonipasyo?

VI

Sa kasaysayan ay tinawag ng bayani ang Katagalugan upang tukuyin ayon sa Kartilya ng 1896, “ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang ito; sa makatuid, bisaya man, iloko man, kapangpangan man, etc., ay tagalog din.” Ang lunggati ay ganito: magkaisa nang “magkalakas na iwasak ang masinsing tabing na nakakabulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katuiran at Kaliwanagan.” Kinilála ang Tagalog bilang wika ng Rebolusyon, na nagpaningas sa panitikan noong panahong iyon, na nagpaningas din sa Rebolusyon. Pulô-pulô, kaniya-kaniya, inakala natin na táyo’y mga bayan-bayan lámang, labo-labo sa pakikipagsagupa sa dayuhan sa iba’t ibang dahilan at paraan (mula pagtutol sa pagbubuwis o sapilitang pagtatrabaho), ngunit salamat nang waláng hangga sa hilakbot ng pananakop, kahit pa, may mga tribung nakipagdigma sa mga kapuwa tribu. “No one proclaimed himself a Filipino,” ani Guerrero (1974, 526).

Noon ang Filipino ay tumutukoy sa mga Kastilang ipinanganak dito sa Filipinas. Hindi silá itinuturing na Espanyol, palibhasa'y naabutan dito na ibang lupain para sa kanilá, at nakaugnayan ang mga indio. Sa madaling sabi'y mga initsa-puwera silá, na sa malaon ay ginamit ding pambala laban sa mga katutubo.

Sa pakli nga ni Nick Joaquin:

What Guerrero misses here is that the Filipino forces sent to subdue Malong the Pangasinense or Almazán the Ilocano or De la Cruz the Tagalog were fighting (whatever the Spaniards may have intended) to keep the Filipino one. They were proclaiming themselves Filipino, and not merely Pangasinense or Ilocano or Tagalog, as the American northerner sent to subdue the American Southerner in the Civil War proclaimed the oneness of the American. The Filipino allies, converts, mercenaries sent against the Filipino rebel may have kept the Spanish and Christian, but they also kept it from falling apart again into the numberless tribes it used to be, prevented the return of separate kingdoms for Pangasinenses, Ilocanos and Tagalogs. The paradox is cruel, but Rizal could proclaim himself a Filipino only because Dagohoy failed, and Novales and Malong and Almazán and De la Cruz. Their success could have meant the end of the idea of the Filipino. But each failure was more stone added to the construction of the nation. (1977, 50-74)

Sa pagkakawatak-watak táyo nabuo.

Hindi kaya labis ang umasa na sa katákot-tákot na ingay na nalilikha sa kasalukuyan ng usaping P versus F sa muling pagtingin sa pangalan ng ating bansa, bakâ sakali, sakali lang naman, may mabuo táyong higit na malinaw at marangal sa pagkakakilála natin sa sarili, maliban sa isang mamamayang mahilig sumutsot, mahilig kumaway sa kamera kahit hanggang dibdib ang baha, magaling yumukod at tumuwad, mahilig makipagsapalaran sa mga kontes at noontime show, magaling mag-Inglés kayâ tumatabo sa mga bagong gradweyt ang call center industry, madaling mamersonal kayâ ang debate sa pagpapangalan ay nauuwi sa hagisan ng personal na atake sa mga personalidad na kasangkot sa halip na nakatuon sa mga argumento; madulas magpatawa kayâ sa joke-joke na lang daanin ang walâng-magawa-walâng-matinong-maipakanang komisyon ng konsumisyon sa taumbayan.

Siyá nga pala, hindi lahat ay joke. Nakatago ang ngitngit sa joke.

VII

Pero para kanino ang joke, at bakit táyo nagngingitngit? Sabi ng isang narinig kong brodkaster sa radyo, na naiimadyin kong sinasabunutan ang sarili, "Filipinas-Filipinas! Oyyyy! (tinutukoy ang mga taga-KWF) Walâ na ba kayóng panukalang di falfak? Daming problema ng bayan! Pinagtatalunan pa ba 'yan? Isang letra gagastusan?" Sabi naman sa kabilâng network: "May F na palá táyo sa abakada?" Nang tingnan ko ang nagsasalita, akala ko isang sentenaryong hukluban. Maganda naman. Malayo pang mangailangan ng stem cell.

Alam kong mahal ko ang Inglés kahit noong bata pa ako. Dahil dadalawa ang libro kong Lady Bird Series na kinalakhan, paulit-ulit ang pagbása ko sa *Puss 'n Boots* at *Jack and the Beanstalk*. Masarap bigkasin kahit dahan-dahan; malakas ang pagbigkas ko kayâ maririnig ng Inang.

Mahal ko ang Inglés dahil bukod sa kakarampot na nahawakan kong libro noong bata, malalaman ko sa pagtanda na mayroong Dr. Seuss, Mark Twain, Hemingway, Dickens, at Dickinson. Mababasa ko ang mga salin ng *Iliad* at *Odyssey*; ang mga salin kina Tolstoy at Dostoevsky at Hauptmann, kina Szymborkska at Milosz; ang klasikong Shakespeare at ang No Fear Shakespeare; ang Inglés na sinakop ng mga panulat nina Paz Marquez Benitez, Angela Manalang Gloria, Jose Garcia Villa, Manuel Arguilla, Nick Joaquin, Estrella Alfon, Kerima Polotan. Maririnig ko si Steve Jobs at si Barack Obama; malaláman ang nangyari sa Wall Street, panonoorin nang salítan ang CNN at BBC; mababalikan si Sinatra kung gugustuhin o si Elvis Presley, si Madonna, si Michael Jackson, si Norah Jones; kukutkot ng Cheetos habang nanonood sa HBO ng *Legally Blonde* o *The Amazing Spider-Man* o *Toy Story*; maaalalang masayá kong sinasabayan noon ang komersiyal na may umaawit nang ganito: "I'd like to build the world a home/ And furnish it with love/ Grow apple trees and honey bees/ and snow white turtle doves..." habang nilalagok ang sopdrink, na matagal-tagal din bago nahalinhan ng ngayo'y pamosong green tea ng Universal Robina.

Kung kayâ, kung ilalagay ko ang sarili sa lugar ng ating mga ninuno, hindi kataka-taka na noong pihit ng ika-20 siglo, matapos ang pakikidigma natin sa Espanya na nauwi sa pagbili sa atin ng Amerika sa Espanya sa halagang 20 milyong dolyar na naitakda sa Treaty of Paris, mulagát nating yayakapin ang bagong

mananakop na di tulad ng naunang nagkakit ng wikang Espanyol dahil pára lámang ito sa mga ilustrado, ay magbubukas ng mga eskuwelahan, magtatayô ng mga gusali at tulay, magtuturo ng irigasyon, magbibigay ng silya sa mga lokal pára sa asamblea; at sa pangkalahatan ay magbabahagi ng mga bagong kaalaman na yumayanig na noon sa mundo, kasáma sa pakete ang Inglés na umuusbong, na ituturo mismo ng mga gurong Amerikano, ang mga Thomasite na aahon sa barko – hindi lámang mapuputi at matatangkad, kundi makikinis ang mataginting na pagbigkas sa bagong wika.

Magpapatúloy ang mga pag-aalsa sa panahon ng Amerikano, pagkat hindi aalis ang bagong mananakop hanggang hindi silá kumbinsidong kayá na nating makapag-isa. Kung bagá ay itinuring táyong mga paslit na kailangan ng tamàng paggabay bago makapaglakad. Inihayag man ni Roosevelt noong Hulyo 4, 1902 na nagwakas na ang insureksiyon, at ipinatupad man ang “Filipinization” na tinawag ni San Juan Jr. (2013) sa kaniyang blog bílang “balatkayo ng puspusang Amerikanisasyon,” hindi sumuko ang mga tulad nina Luciano San Miguel, Faustino Guillermo, Macario Sakay, at Artemio Ricarte, na itinuring na mga tulisan sa patuloy na pakikipagsagupa sa tropa ng Amerikano. Mapaniil ang mga batas na pinairal na di sukat-akalain ng mamamayan, tulad ng Sedition Law (1901) na nagtiyak ng kamatayan o mahabang pagkakulong sa mga patúloy na lumaban laban sa Amerika; Brigandage Act (1902) na nagtaguri sa mga gerilya bílang bandido; ang Reconcentration Act (1903) na sumupil sa mga gerilyang makakilos sa kaniláng mga lugar dahil isináma sa kanilá ang karaniwang mga táong walâng armas; at Flag Law (1907) na nagbawal sa pagwawagayway ng bandila ng Katipunan o ng Republika. Mangyayari ang madilim na yugto habang ang ningning na una nang ibinanta ni Jacinto ay bubulag pa rin sa marami dulot ng “kabutihang” tinamasa sa ilalim ng mga Amerikano.

Samantala’y makikipagtagisan ding walâng humpay ang mga manunulat sa sariling wika, kasabay ng umaalagwang Inglés at hahagok nang Espanyol sa malaon. Mahigit 300 taón ang pananakop ng Espanya kung ikokompara sa 100 taon ng Inglés, at sa pagitan nitó ang mga naunang muhon ng panitikang Tagalog tulad nina Aurelio Tolentino, Juan Abad, Severino Reyes, Jose Corazon de Jesus, Deogracias Rosario, Lope K. Santos, Benigno Ramos, at Pedro Gatmaitan. Magigiting, maaalab, at makikipagbuno silá sa pagsakmal ng banyagang wika sa utak ng taumbayan. Pero di lámang wika ang ipinakilála ng Amerika kundi

pelikula at telebisyon (na humalili sa mga sarsuwela at palabas sa entablado). At mga stateside na de-lata, M&M, at hamburger (jer sa pagbigkas ng matatanda noon). Maliit man o katawa-tawa marahil itong naiisip, na dahil nalango na táyo sa bagong kultura—tulad ng nalango ang mga tauhan ni Odysseus sa lupain ni Circe—ang panahon ng rurok ng Tagalog-Pilipino ay panahon din ng pagkawaglit sa alaala, isang aberasyon, isang paglálakád nang natutulog. Pagkat madaling bigkasin ang P tulad ng Pilipinas at prayd tsiken—at pasintabi ito sa mga ipinagpipitaganang manunulat sa Tagalog ng panahong iyon at susunod—hindi kaya nalimot nating hindi tanging F ang nakaabang at naghihintay na muling mabigkas, tulad ng Filipinas ng kasaysayan na nabuksan sa isip ni Rizal na bagamat nahati ng loob at labas na karanasan ay isinatitik iyon nang waláng pangingimi o pagbabantulot, kayâ't heto muli, sa ating panahon ay nananalig na bigkasin nating waláng pagkalito o pagpapatintero: Filipinas ang bansa, Filipino ang nagbubuklod na wika, Filipino ang mamamayan mulang Maynila hanggang Jolo. FIL at hindi PHL o PH bílang country code sa International Organization for Standardization. “Hindi problema ang pagbigkas ng F sa mga rehiyon,” sabi ng isang makata at kuwentistang na nagsusulat sa Hiligaynon at Kiniray-a, bukod sa Inglés at Filipino. Pilipinas ang kabayanihan ng isang panahon; Filipinas ang kabayanihan ng mga ninuno at ng susunod na mga henerasyon, na di na mangingibang-bansa dahil nása labas ang mas maalwang búhay, bagkus ay naririto at samá-sámang nagtutulungan upang palakasin ang isang bansang bagamat sari-sari ang hubog ng heograpiya, kultura, at mga wika, ay may isang pambansang wikang nagbubuklod: Filipino pára sa bawat Filipino, sa buong dako ng Filipinas, sa loob at sa labas.

Sapagkat ang F ay hindi lámang F: nariyan din ang J tulad ng laji na ang himig ay gumugulong paulit-ulit at pabalik-balik tulad ng dagat na kinalakhan ng mga Ivatan, ang V tulad ng kuvat na ang ibig sabihí'y digma para sa mga Ibaloy, ang Z tulad ng zigattu na silangan para sa mga Ibanag.

VIII

Sa salimbayan ng mga patutsada ako nahagip, at napatda, sabi ko sa makata'y natatawa, natutuwa, naiiyak ako sa obra, na ang kabuuan ay mababasa sa Angono Rizal News Online.

Opkors, Nakakain ang F

Richard Gappi

Ito ang food tulad ng french fries at fruit juice
sa mga fastfood chain na nag-ooffer din ng fish fillet at fettucine.
Ito ang fagfagto sa Igorot na ritwal ng kalalakihan sa Bontoc
bilang pasasalamat sa masaganang ani ng kamote,
sa kapistahan na may fandi-fandi, ang salita ng mga
Tiruray para sa banderitas kung may kasalan.
Ito ang faayan ng mga Tiruray para sa sako o lalagyan ng palay,
na ang pagbibilad sa palay ay tinatawag na fekon.
Ito ang palay, na lumago dahil sa fertilizer, na kapag naging
bigas ay iluluto sa fagaw na lalagyan ng mga pinatuyong panggatong.

Ito ang fabanga ng mga Tiruray na 'uri ng anting-anting
na itinatali sa baywang upang palakasin ang pag-iisip.
Ito ang factory sa Ingles para sa pabrika.
Ito ang fair na pook bentahan ng iba't ibang bilinghin.
Ito ang faith para sa buong tiwala at pananalig at relihiyon,
sa faith-healer o sa fakang na para sa mga Tiruray
ay ang anting-anting na inilalagay sa lupa
upang malaman o makilala ang magnanakaw.

Ito ang falla noong panahong Espanyol na bayad
upang hindi magtrabaho sa polo o sapilitang trabaho.
Ito ang faliwes ng mga taga-Bondoc na musika
ng gangsa sa bisa ng malambot na pampalo.
Ito ang fallowa ng mga Ivatan na bangka na malapad at walang katig.
Ito ang fanfanilag ng mga taga-Ifugao na tumutukoy
sa santelmo o maningning na liwanag.
Ito ang fules sa Tiruray na singkahulugan ng panghuli
sa hayop sa pamamagitan ng tali; ito ang fuyu
sa mga Tiruray na sarong na ginagawang duyan ng bata.

Ito ang free verse.

Ito ang forever na binabanggit sa sinisinta at itinatangi
mo na first lady na nakilala mo noong highschool
dahil nakatabi sa ferris wheel noong school fair
at ginawa mo ang Florante at Laura na kanyang asaynment.

Ito
ang fire drill na pagsasanay na mga gawain kung may sunog
ang fire escape na daanan palabas kapag may sunog
floor show Flores de Mayo
fluorescent lamp
folic acid na uri ng bitamina
folk singer
forecast o paghula sa mga mangyayari
formalin na pampreserve.

Higit sa lahat, ito ang fried itik ng Angono.

Ito ang F.
Opkors.

Nagawâ ng tula ni Gappi (2013) ang di magagawa nitóng artikulo. Walâng monopolyo si Haring Felipe sa F. Naririnig kong isinisigaw niná Bonifacio ang Filipinas. May tahás na pakikipagbunô sa nakaraan (watak-watak táyong nagísing na di naghahati ang tubig kundi nagbibigay-buhay sa lahat, pantay-pantay ayon sa tagubilin sa Kartilya niná Jacinto) at sa hinaharap, ang futuro sa Espanyol, at future sa Inglés, ang magaganap pa lámang na noon pa sa panahon ng ating mga bayani ay napaglimian na nang matuwid:

Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangus ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagkaparing kahalili ng Dios, wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa: wagas at tunay na mahal na tao, kahit laking gubat at walang nababatid kun di ang sariling wika, yaon may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaon di nagpapaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan.
(Kartilya)

Hindi magiging Finoy kundi mananatiling Pinóy ang palayaw natin sa sarili (mula sa ikatlong pantig ng Filipino), mapaiikli pa rin sa Pinás ang Filipinas. At hindi ipapataw ang pagmamadali: hindi resibong binabantayan ng BIR ayon sa dedlayn ang pagpapalit ng pangalan. Unti-unti. Kailangan munang mag-inat-inat mula sa nakasanayan. Magbiro ka na sa lasing, huwag sa bagong gising. Pero walâng biro dito. Kayâ di rin kataka-taka ang lakas ng balikwas sa komisyon. Sa pagkaalala ko'y may trauma táyo sa anumang bahid ng pagsupil. Ang pagsasabing

“pagbabalik sa Filipinas” ay maaaring palitan ng “pagsusúlong sa Filipinas” bílang higit na pagdidiin sa mararating nitó kaysa sa nakaraang tinatanaw bílang yugto ng pagkayukayok sa karimlan ng pananakop. At ang kabilâng dulo: sa halip na “habang pinipigil ang Pilipinas” na masakit sa mata at tenga at dibdib ng maraming mamamayan, bakit hindi “habang binibitawan ang Pilipinas” pagkat ang buháy na wika ay nagbabago—salamat Pilipinas, umusad na táyo; mabúhay, Filipinas! Ang pagbabago ng pangalan ay pagkilála, hindi pag-kill, o pagpatay sa gunita ng kasaysayan, kasáma rito ang mga tagpo ng kabayanihan at pagtataksil, ng mga intelektuwal at mga proletaryo; mga babae, mga lalaki, bakla; ang mga ninuno at mga kabataan na naghahanap din ng kabuluhan “upang maging kapaki-pakinabang” ayon nga sa Panatang Makabayan, kayâ’t di makatarungang husgahan ng sinumang naunang henerasyon ang mga sumunod na X, Y, Z. Ang nawawalâng gunita ay isa nang malaking pakikibaka. Marahil ang nawawalâng dilà ay isang kapighatiang hindi nalalaman. Hindi Inglés ang magbubuklod sa atin, kundi Filipino. Hindi káyang dalhin ng imahinasyon ko ang mga paslit na tumatawid ng mga ilog at bundok na kung madapa ay magsasabi ng “ouch,” sa halip na aray, aroy, aruy, aguy! Ito ang paalala sa mga nagsusúlong sa multilingguwal na edukasyon – gamitin ang mga katutubong wika, at puspusang mag-ambag sa Filipino bílang pambansang wika. Ito ang atas sa KWF ayon na rin sa Saligang Batas: ang magtaguyod sa patuloy na pag-unlad at paggamit ng wikang Filipino habang pinangangalagaan ang paggamit ng mga wikang katutubo. Hindi lamang isang titik ang pinapalitan kundi ang paradigm ng sarili bílang bansa. At kung hindi matutupad ng komisyon ang inaasahan sa kanilá, tungkulin ng mamamayan na magbantay at magtanggol. Natatakot o naririmarim o nasusuklam ang iba sa ideya ng pagpupulis sa wika. May sariling pulis ang Inglés kayâ itinuturo ito hanggang kolehiyo; gamitin ang pedestrian lane, gamitin ang sidewalk, tumigil sa red light, iwasan ang swerving. Ganoon ang inaasahan natin sa kalye para maiwasan ang rambol at disgrasya, at para makatulóy ang usad ng sasakyan. Ganoon din ang inaasahan sa mga panuntunan o pamantayan sa wika para magkaintindihan táyo at maiwasan ang mga nakapapagod na awayan na hindi kailangan pagkat mas masarap ang umupo nang magkakaharap at nag-iinuman. Sáyang ang oras kung dapat bang kuwento o kwento ang ispeling, aspekto o aspeto. Mas masarap ngayain ang manî sa hapag sa pakikinig ng kuwento ng isa’t isa at hindi sa kung ano dapat ang ispeling; dumudukwang at nagsasálo sa iisang platito, at nahihiya kung maubos kayâ nagtitirá sa bandang hulí ng iláng piraso. Kayâ nariyan ang isang komisyon na nagtatakda ng mga panuntunan na kailangan aralin, tulad ng

may nagtatakda ng batas sa Inglés. Kung mayroong gustong sumuway, anuman ay nagkakaintindihan táyong iyon ay sadyang pagsuway dahil alam niyá ang batas, tulad ng pinalakpakang mga eksena sa *Bourne Legacy* nang magsyuting dito sa Maynila. Iba ang tandisang pagsuway na kamangha-mangha, sa tanga at tamad na pagsuway.

Pinapansin ko ang sarili nitóng mga nakaraang araw. Emosyonal palá sa akin ang isyu ng wika. Emosyonal dahil politikal. Sabi ng isang matandang tanaga (Lumbera 1997):

Ang tubig ma'y malalim
Malilirip kung libdin
Itong budhing magaling
Maliwag paghanapin.

Gusto kong sagutin ang ninuno na hindi lámang budhing magaling ang mahirap sukátin, kundi budhing sukab. Sa palitang-kuro sa tila maliit na isyung P o F, mahirap humatol na ang may ayaw o may ibig sa isang panig ay masamá, kahit pa ganoon ang malimit kong nababasang batikos lalo na sa politikal na pamumuno ng isang tulad ng kay Almario. Ano ang tunay na motibo niyá? Hindi ko masusukat. Ano ang tunay na motibo ng mga sumusulak ang ngitngit sa kaniyang hakbang? Hindi ko masusukat. Tulad ng mahirap sukatin ang malinis na loob. Tamà man o hindi ang tiyempo, may liwanag na hindi ko ipagkakamali sa pangyayari. Lahat ay nakanti. Iba't ibang paraan. At ibig kong ituring na umuusad táyo tulad ng sa trapik, kahit pa anong bagyo ang sumapit. Sumisirit mulí ang mga gunita. Hindi pa man o hindi man mangyari, ito ang isang sandali na mayabang akong maging Filipino.

Sa ganitong mga pag-uusap, anuman ang kahantungan, babalikan ko ang yugtong ito bílang tulos sa espasyong pagtatangka na hindi iwaglit ang mga kapatid; ang gunita ng kasaysayan ay hindi kailangang iligpit; ang paghalukay sa sikmura ay makabuluhang pagkawalâ ng bait. Hindi natatapos ang mga rebolusyon, kasáma ang hamon na hindi tayo magpakain nang buo kahit sa panahon ng internet at digital, instagram, CGI, hashtag, tweet, trending.

Hindi nawawalâ sa uso ang pag-uusap sa pangalan. Hindi masamá ang magpaka-selfie, kung hinahanap ang sarili.

IX

Bakit hindi?

Sa gitna ng pambubuska ng makapangyarihang mga bansa sa mundo—bakit hindi natin subukin ang *sáma-sámang pag-awit* sa tula ni Jose Corazon de Jesus (1929):

Bayan Ko

Ang bayan kong Filipinas,
Lupain ng ginto't bulaklák.
Pag-ibig ang sa kaniyang palad
Nag-alay ng ganda't dilág.
At sa kaniyang yumi at ganda,
Dayuhan ay nahalina.
Bayan ko, binihag ka,
Nasadlak sa dusa.

Ibon mang may layang lumipad,
Kulungin mo at umiiyak!
Bayan pa kayáng sakdál dilág,
Ang di magnasang makaalpás?
Filipinas kong minumutya
Pugad ng luhà ko't dalita
Aking adhika
Makita kang sakdál laya!

X

Noong hindi ko pa sinusubok ay maraming nagsabi sa akin na ang baho-baho daw ng durian. Amoy ebak. Amoy utot. Masangsang. Nakaduduwal.

Nang una kong tikman ang lamukot ng durian, pinigil ko ang paghinga. Sa dila ay may sipa ang malambot, parang gatas na laman, nása pagitan ng langit at araw ang kulay, siksik, ganap na prutas, na nahatulan na nang masamá bago pa natikman.

Ang pagtikim: una ay itikwas ang ibabang labi, pagkatapos ay ilagay ang ngipin sa likod ng ibabang labi, habang nakatikwas din ang itaas na labi. Humihip: fffff.

Ganoon sa akin ang Filipinas. Hindi mapuknat na alaala tulad ng durian. Magkahalò ang lamyos at sangsang. Ang kagitingan at pag-aalinlangan. Filibustero! Tulad ng parehong lagim at liwanag ng nakaraan. Ang pagtangis na namutawi kay P. Florentino ni Rizal, para sa mga kabataan, bago niyá itinaon sa karagatan ang kayamanang dalá ni Simoun na may parehong sumpa at katubusan.

Sabihin nang nakapapagod, pagwawaldas ng kaban ng yaman, pag-atras? Pag-atras pára makausad. Pára makasúlong nang may taas-noong higit na pag-alam sa sarili.

Kailan pa nagkaroon ng katapat na buwis ang kaluluwa?

Ganoon ang Filipinas kong patuloy na pinananaginipan.

Almario, Virgilio. "Patayin ang Pilipinas." *Filipino ng mga Filipino*. Lungsod ng Pasig: Anvil, 2009. Unang nalathala sa *Diyaryo Filipino*, 1992.

Arao, Danilo. "Filipinas at Pilipinas bilang pangalan ng bansa." *Rising Sun*. 29 Hunyo 2013. <http://risingsun.dannyarao.com/2013/06/29/filipinas-at-pilipinas-bilang-pangalan-ng-bansa/>.

de Jesus, Jose Corazon. "Bayan Ko." 1928. <http://www.himig.com.ph/albums/223-bayan-ko-my-country/songs/2125-bayan-ko>.

Gappi, Richard. "Opkors, nakakain ang F." *Rizal News Online*. Hulyo 2013. <http://www.rizalnewsonline.com/2013/07/poetry-opkors-nakakain-ang-f-ni-richard.html>.

Guerrero, Leon Ma. *The First Filipino*. 5th printing. Manila: National Historical Commission. 1974.

Guerrero, Milagros C., et. al. "Andres Bonifacio and the 1896 Revolution." *National Commission for Culture and the Arts*. 16 Hunyo 2003. <http://www.ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/articles-on-c-n-a/article.php?subcat=13&i=5>.

Komisyon sa Wikang Filipino. *Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino*. Ikalimang borador, huling binago noong Abril 2013.

Jacinto, Emilio. *Tatlong Bersyon ng Kartilya ng Katipunan*. Kartilya ng Katipunan. 7 Setyembre 2008. <http://kartilya-katipunan.blogspot.com/>.

- Joaquin, Nick. "Anatomy of the Anti-Hero." *The Life and Writings of Dr. Jose Rizal*. Unang nalathala sa "Jose Rizal: June 19, 1861 - December 30, 1896." In *A Question of Heroes: Essays in Criticism on Ten Key Figures of Philippine History*. Makati: Ayala Museum, 1977.
- Lapeña, Carmela. "End of Philippines? A call to use only Filipinas for the country." *GMA News Online*. 2 Hulyo 2013. <http://www.gmanetwork.com/news/story/315595/lifestyle/culture/end-of-philippines-a-call-to-use-only-filipinas-for-the-country>
- Lumbera, Bienvenido. *Philippine Literature: A History and Anthology*. Lungsod ng Pasig: Anvil, 1997.
- Quijano de Manila. "Why was the Rizal hero a Creole?" *With One's Past*. 12 Oktubre 2010. <http://withonespast.wordpress.com/2010/10/12/why-was-the-rizal-hero-a-creole/>
- Rizal, Jose. *El Filibusterismo*. Salin ni Virgilio Almario. Lungsod Quezon: Adarna, 1999.
- . *Noli Me Tangere*. Salin ni Virgilio Almario. Lungsod Quezon: Adarna, 1998.
- Rubrico, Jessie Grace. *The Metamorphosis of Filipino as National Language*. 1998. http://www.seasite.niu.edu/Tagalog/essays_on_philippine_languages.htm.
- San Juan, Epifanio. "Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pakilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus." *Himagsik Kayumanggi*. 1 Abril 2013. <http://sonnysj.blogspot.com/2013/04/jose-corazon-de-jesus-ang-sining-ni.html>

Ilang Gasgas na Idea, Kabatiran, at Obserbasyon Hinggil sa Usapin ng Tula at Kalayaan

ni Alfredo N. Salanga

Salin ni John Enrico C. Torralba

N*awa'y mamúhay ka sa interesanteng panahon.*

Inuulit ko ang sinaunang sumpang ito ng mga Tsino upang ituong pansin sa kalagayan ng makata. Kaiba sa pilosopong taga-Silangan na naniniwalang ang pagkakasundo ay ang katotohanan, hinahanap ng makata ang kaniyang katotohanan sa kaguluhan. Ang pagkakasundo ay nakabatay sa pagkakapantay-pantay. Ang pagkakapantay-pantay ay nakabatay sa kaayusan. Ang kaayusan ay nakabatay sa disiplina. At kamatayan pára sa makata ang disiplina sapagkat ito ay kawalan ng kalayaan. Ang disiplina ay hindi kalayaan.

Ang kalayaan, kung gayon, ay ang likas na kalagayan ng makata at ang sumpa ay nagiging isang biyaya pára sa kaniya: laging namumúhay ang makata sa interesanteng panahon.

2. *Ang unang dimensiyon ng kalayaan ng makata.*

Maraming uri ng dimensiyon ang kalayaan ng makata. Unang-una ay ang kaniyang kalayaang maging kakaiba.

Sa dimensiyong ito, ipinahahayag ng makata ang kaniyang kalayaan sa pamamagitan ng pagwasak sa pagkakasundo ng isinusulat at sinasalitang wika.

Isinalin ang artikulong "Some Cliches, Insights, and Observations on the Question of Poetry and Freedom" mula sa *Chronicles and Dispatches* na inilathala noong 1991 ng New Day Publishers.

Bagama't katulad siyá ng lahat ng manunulat, nagsisimula ang makata sa mithi na makaugnay sa iba. Mithi itong nakasalig sa kaniyang mismong pag-iral. Gaya ng minsang sinabi ni Paul Engle: "...in the hazardous twentieth century, men of good mind and good will must talk to each other or die..."

Ngunit kakaiba ang makata. Para sa kaniya, ang tula ay ang "...highest form of talk..." (Paul Engle). Sa kaniyang pagsisikap na maabot ito, winawasak ng makata ang kaayusan ng pananalita. Ang makata ay nagsasalita ng tula at ang tula ay kaiba sa prosa.

Ang pinakamataas na anyo ng prosa ay ang pahayag na paturól na binubuo ng simuno at ng panaguri. Kahit na ito ang maaaring pinakamataas na anyo ng prosa, igigiit ng makata na lagpasan pa ito. Sapagkat kapag nagsasalita ang makata, talinghaga ang kaniyang winiwika.

Talinghaga ang pinakamataas na anyo ng pagsasalita dahil lumalagpas ito sa pagtukoy ng mga bagay. O sa pagpapangalan ng mga bagay. O sa paglalarawan ng mga bagay. Itinutulak táyo ng talinghaga na tingnan ang bagay na lagpas pa sa kaniyang sarili. Nagbibigay ito ng bagong dimensiyon sa bagay. Itinutulak táyo nitó na tingnan ang mga bagay sa kakaibang paraan.

Gamitin natin ang Quiapo bílang halimbawa.

Maaari ko itong ilarawang "marumi" at "masangang." Ito ay prosa.

Maaari ko pang dagdagan ito at ilarawan ang kaniyang mga lansangan na "punô ng mga basura" at mga kalyehon ay "humahalimuyak ng bulok na bunga at patay na daga." Ito rin ay prosa.

Ngunit tingnan natin kung paano ito inilarawan ng makatang Alfred Yuson: "Quiapo is the country's armpit." Ito ay tulâ.

Dito, iginigiit ng makata na magkaroon ng imahen sa ating isipan. Isang

bago at kakaibang imahen. Isang bago at kakaibang dimensiyon.

Mayroon din namang mas mababangong halimbawa. Tiyak na marami ang pamilyar sa pinakakilalang linya ni Robert Burns na "Oh my love is like a red, red rose that's newly sprung in June." O kayâ ay ang pag-iyak sa hardin ng Romeo ni Shakespeare na "But hark! What light from yonder window breaks. It is the east and Juliet is the sun."

Hinihikayat tayong hirayain ang Quiapo bilang isang kilikili.

Hirayain ang kasintahan ni Robert Burns bilang isang pulang-pulang rosas.

At ang pag-ibig ni Romeo na kasinliwanag ng araw.

Ang pagtula ay iba sa pagsasalita. Nagsasalita tayo ng prosa. Gusto kitá. Kinamumuhian kitá. Simuno. Pandiwa. Bagay. Ito. Ay. Gusto. Ko. Ito. Ito. Ay. Kaayusan.

Kung gayon, sa unang dimensiyon ay ipinahahayag ng makata ang kaniyang kalayaan sa pamamagitan ng pagwasak sa pagkakasundo ng isinusulat at sinasalitang wika.

Subalit may kontradiksiyon dito.

Sa pagpili ng makata na ipahayag ang kaniyang kalayaan sa ganitong paraan, itinatankala rin niya ang sarili sa disiplina ng kaniyang kasanayan. Upang manatiling makata, kailangan niyang maging tapat sa paglikha ng mga imahen at kung hindi ay mauwi siya sa pagsulat lamang ng prosa.

Kailangang maging malay ang makata sa kaniyang kasanayan sapagkat ito ang disiplina ng kaniyang kasanayan, kasama na ang kaniyang kalayaan, na humuhubog sa kaniyang pagiging makata.

3. *Ang ikalawang dimensiyon ng kalayaan ng makata.*

May mga taong iniisip na ang diktadura ay isang modernong imbensiyon.

in your most frail gesture are things which enclose me,
or which i cannot touch because they are too near.
your slightest look will easily uncloset me
though i have closed myself as fingers,
you open always petal by petal myself as Spring opens
(touching skilfully, mysteriously) her first rose.

or if your wish be to close me, i and
my life will shut very beautifully, suddenly,
as when the heart of this flower imagines
the snow carefully everywhere descending;

nothing which we are to perceive in this world equals
the power of your intense fragility: whose texture
compels me with the color of its countries
rendering death and forever with each breathing.

(i do not know what it is about you that closes
and opens; only something in me understands
the voice of your eyes is deeper than all roses)
nobody, not even the rain, has such small hands.

Mulang romantiko hanggang karaniwan, ang mga paksang personal sa makata-bilang-makata ay kasinlawak ng búhay mismo. Ngunit laging nariyan ang usapin ng kasanayan, ang pangangailangang magkaroon ng imahen, ang lumikha ng talinhaga upang ang tulâ ay tulâ. Gaya ng paggamit ng imahen ng ginto, halimbawa, ni Jose Garcia Villa:

62

Curve of gold above her
In the golden night,
Seventeen times I rose
Creating our child.

Seventeen times I sang her
In that golden night

Seventeen times I rose
Creating our child.

Seventeen lift of gold,
Seventeen fall of love,
In her golden soil
Sowen sweet our child.

Ngunit hindi ang makata-bílang-makata ang ikinababahala ni Platon. Sino nga ba naman ang nababahala ng mga pribadong bagay tulad ng pagmamahal at pakikipagtalik? Malinaw na ang tinutukoy ni Platon ay ang makata-bílang-nakikilahok na pinapanday ang kaniyang kasanayán sa mas mataas pang antas sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga usaping panlipunan. Kahirapan. Pagkagutom. Karapatang Pantao. Kalayaan. At sa pagtalakay ng mga ganitong usapin, ang makata-bílang-nakikilahok ay nagsisimulang tumahak sa delikadong lunan. Ang lunang tinatahak din ng kapangyarihang militar at estado.

Sa halip na pahirapan kayó ng dagdag na kahulugan, hayaan akong magbigay ng mga halimbawa ng makata-bílang-nakikilahok.

Ito ang kaso ng makatang taga-Indonesia na si Rendra na tumalakay tungkol sa kagutuman.

Selections from Prayer of the Hungry

Hunger is a smooth black
crow.
Millions of crows
like a black cloud.
O God!
How terrifying crows are.
And hunger is a black crow.
Continually terrifying.
Hunger is rebellion.
Is the mysterious force
moving the murderer's knife

in the hand of the poor.
Hunger is coral rocks
beneath the sleeping face of the sea.
Is tears a deceit.
Is betrayal of honour.
A strong young man crying
to see his own hands
lay honour down
because of hunger.
Hunger is a devil.
Hunger is a devil offering dictatorship.

Sa atin naman ay ang dalawang halimbawa mula sa yumaong Amado V. Hernandez.

Kilatis

Palalong nanaog sa kanyang Cadillac
ang mayamang ginang na may asong kilik
nasok sa balitang tindahan ng hiyas,
bumili ng singsing na sampung kilatis.

Na siya'y lumabas, kiming nilapitan
ng isang babaing may kilik na sanggol,
hihingi ng limos na pantawid-buhay...
ang tanging tinanggap ay sa asong kahol.

Ayon kay Darwin

Nakita ng bata ang unggoy sa hardin,
"Bakit walang damit?" ang patakang tanong;
ang amang nagbasa ng aklat ni Darwin,
sa bunso'y ganito ang maliksing tugon.

"Pag binihisan mo ang unggoy na iyan
saka isinakay sa magarang auto...
laking alingasngas kong napagkamalan
na isang kagawad ng ating Kongreso!"

Hindi ko na kailangang magdagdag pa tungkol kay Amado V. Hernandez. Alam na ng marami ang kinasapitan niyá sa kulungan. Subalit may dalawang bagay ang kailangang kong banggitin na may kinalaman sa kaniyang dalawang tulâ. Ang unang tulâ ay isinulat noong 1956 sa Fort McKinley (Fort Bonifacio na ngayon). Ang ikalawa ay isinulat noong 1956 sa Camp Panopio (makikita pa rin ito sa EDSA).

Ang mga tulâng ito ay nabuó sa loob ng kulúgan. At ang kulúgan ang realidad na kailangang harapin ng makata-bílang-nakikilahok. Hindi ko na kailangang magpalawig pa sa puntong ito.

4. *Ang ikatlong dimensiyon ng kalayaan ng makata.*

Hindi nagtatapós sa kulungan ang kalayaan ng makata sapagkat nananatili ito sa kaniyang sarili. Kung matapat siyá sa pagiging makata, ang kalayaang iyon ay hindi mawawalâ.

Dumating na táyo ngayon sa mas malalim na dimensiyon ng kalayaan ng makata. At ito iyon: patuloy na tutulâ ang makata kahit na siyá ay pinalayas sa republika. Sa ganito, masasabi nating higit na malaya ang makata kung hindi siyá malaya.

Sa pagiging hindi malaya ng makata, umaangat siyá sa kalagayan ng dalisay na tulâ at dalisay na kalayaan, isang kondisyong hinaharap ng makata ang parehong usapin ng kaniyang pagtulâ at sariling kalayaan.

Sa kalagayang ito, masasabi kong maaaring mabatíd kung ang makata ay tunay na makata dahil sa kalagayang ito siyá umaahon mulâ sa masaklap na karanasan at kawalan ng pag-asa tungo sa pag-ibig at pag-asa.

Ganito ang ipinapakíta ng tulâ ni Amado V. Hernandez.

Isang Dipang Langit (Mga Seleksiyon)

At ito ang tanging daigdig ko ngayon—
bilanguang mandi'y libingan ng buhay;
sampu, dalawampu, at lahat ng taon

ng buong buhay ko'y dito mapipigdal.
Nguni't yaring diwa'y walang takot-hirap
at batitis pa rin itong aking puso:
piita'y bahaging pakikilamas,
mapiit ay tanda ng hindi pagsuko.

Ang tao't Bathala ay di natutulog
at di habang araw ang api ay api,
tanang paniniil ay may pagtutuos,
habang may Bastilya'y may bayang gaganti.

At bukas, diyan din, aking matatanaw
sa sandipang langit na wala nang luha,
sisikat ang gintong araw ng tagumpay...
layang sasalubong ako sa paglaya!

Bartolina ng Muntinglupa
22 ng Abril 1952

Sa hulíng pagsusuri, hindi ang kulungan kundi kamatayan ang tunay na magpapatahimik sa makata. Nguni't sa harap ng kamatayan, nagpapatúloy ang makata.

Hayaan akong tapusin ito sa pamamagitan ng mga taludtod na nagpupugay sa isang makatang nabuhay noong Digmaang Sibil ng Espanya:

Isinilang si Miguel Hernandez noong 1910. Namatay siyá noong tagsibol ng 1942 dahil sa sakit na tuberculosis at ng tatlong taóng pamamalagi sa kulungan ni Franco. Wala pa siyáng edad na tatlumpu't dalawa.

Sa kaniyang hulíng tatlong taon sa mundo, nanirahan siyá sa kulungan. Bago matapos ang taon ay dinapuan siyá ng sakit na naging tuberculosis. Matapos ang isang operasyon sa loob ng kulungan, kailangan niyáng sulátan ang asawa upang humingi ng gása at bulak upang gawing benda. Sa mga panahon ding iyon, nalaman din niyáng ang kaniyang asawa at anak ay walâng makain kundi sibuyas.

Sa kabilâ ng lahat, siyá ay nakalikha ng mga tulâ. Pagmamahal at hindi kalungkutan ang nilálamán ng karamihan ng mga nalikha niyáng tulâ. Mulâ sa

masaklap na kalagayan, lumikha si Hernandez ng mga bunga ng píno – masinsin, madagta, mabango: mga tulâng hindi malilimutan at nakapagpapatinag ng damdamin, katulad ng saknong ng isa niyáng tulâ pára sa anak:

Lark of my house,
laugh often.
Your laugh is in your eyes
the light of the world.
Laugh so much
that my soul, hearing you.
will beat wildly in space.

Pinersonal na Pagsasalin: Ilang Gasgas na Idea, Kabatiran, at Obserbasyon Hinggil sa Pagsasalin ng Sanaysay ni Salanga

John Enrico C. Torralba

Bakit kailangang isálin si Alfredo Navarro Salanga?

Personal ang aking pagsasalin sa sanaysay ni Salanga, sa dahilan at proseso. Bahagi ng aking iskolarsyip bílang mag-aaral at guro ng wika at panitikang Filipino ang pag-aaral sa mga akdang Filipino at pakikibahagi sa pagdadalumat ng pambansang panitikan ng Filipinas kung kayâ't lagi akong alerto sa anumang bagay na makatutúlong sa pagtuturo at pagkatuto. Sa aking pagsusuri, nakíta kong may mahalagang posisyon si Salanga sa kasaysayang pampanitikan ng bansa.

Sa kaniyang sanaysay na “Sa Pagitan ng mga Salita: Si Alfredo Navarro Salanga Bilang Makata-Peryodista”, ipinakíta ni Elyrah L. Salanga ang kabuluhan ng kaniyang amá sa panitikang Filipino. Bílang manunulat, nakapaglathala si Salanga ng maraming aklat sa panitikan at peryodismo na nagbigay sa kanya ng maraming parangal gaya ng USA Annual Salute to the Arts Competition, Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Ten Outstanding Young Men, at National Book Award. Bukod sa pagiging manunulat, malaki rin ang naging papel ni Salanga sa pagpapaunlad ng peryodismo at panitikan sa bansa. Bílang editor ng iláng malalaking pahayagan sa bansa, ginabayan niyá ang maraming nagsisimulang manunulat at peryodista. Malaki rin ang kaniyang naitúlong sa pagtatatag ng mga institusyon at samaháng naging impluwensiyal sa bansa gaya ng Philippine Literary Arts Council (PLAC), Manila Critics Circle (MCC), at Philippine Board on Books for Young People (PBBY).

Ayon sa kaniyang asawang si Alicia L. Salanga, ang mga ginawang ito ni Salanga ay pagpapatúloy ng kaniyang makabayang pananaw na nagsimula noong

siya ay mag-aaral pa lámang sa Ateneo de Manila University. Noong panahong iyon, isa si Salanga sa mga sumulat ng manifestong “Down From the Hill” na nananawagan ng pagbabago at yumaníg sa tahimik na búhay ng pamantasan.

Kalaunan, ang makabayang pananaw na ito ang nagbunsod kay Salanga upang mas lalong umugnay sa nakararaming Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng pambansang wika. Ang kaniyang nobelang *The Birthing of Hannibal Valdez* (1984) ay inilabas na may kasámang salin sa Filipino samantalang ang kaniyang mga unang tulâ sa wikang Filipino ay nanalo sa Palanca. Hindi nga lámang nasundan pa ang mga ito sapagkat pumanaw siya noong 1988.

Batay sa mga nabanggit, makikita ang kahalagahan ng sanaysay ni Salanga. Bahagi ito ng kaniyang pakikilahok sa paghubog ng panitikang Filipino at ang pagsasalin nitó ay pagpapatuloy ng kaniyang hangaring maabot ang mas maraming Filipino.

Ngunit bukod sa pagiging guro at mag-aaral, ako rin ay nása larang ng malikhaing pagsulat, partikular na ang pagtulâ. Bílang isang táong naghahangad na maging makata, lagi rin akong alerto sa anumang bagay na nagpapaliwanag kung ano ang tulâ, sino ang makata, at kung paano tumulâ. Para sa akin, isang mahalagang bukal ng kaalaman ang sanaysay ni Salanga. Ang kaniyang mga ideya tungkol sa paraan ng pagtulâ at pagiging makata ay isa pang dagdag na himaymay ng pag-unawa pára sa akin at maging sa iba pang katulad ko ang ambisyon.

Pampropesyonal man o pansariling pangangailangan, isang mabisang estratehiya upang maunawaan ko nang lubos ang anumang nabása ay isalin ang mga ito sa wikang alam na alam ko. Bílang guro at mag-aaral, mahalaga ang pagkaroon ng sariling artikulasyon ng mga nakuhang ideya o kaalaman. Sa ganito, nagkakaroon ako ng sariling atake at madaling nakaaangkop sa iba’t ibang sitwasyon. Nagbibigay rin ito ng kumpiyansa sa sarili at kredibilidad sa mata ng mga kasamang iskolar at mag-aaral.

Bílang mag-aaral ng malikhaing pagsulat, nakatutúlong ang pagsasalin sa paghasa ng aking dila at wika sa pananalinghaga, lalò na sa mga panahong hirap makaisip ng tulâ. Ang pananaw kong ito ay hindi kakaiba at karaniwan lámang sa

maraming manunulat. Bílang alagad ng panitikan, mataas ang pagmamahal ng manunulat sa wika at isang paraan ng pagpapaunlad nitó ay ang pagsasalin.

Pinersonal na Pagsasalin: Proseso at mga Dimensiyon

Personal ang mga dahilan ng aking pagsalin sa sanaysay ni Salanga. Ayon sa UP Diksiyonaryong Filipino (2010), ang personal ay nangangahulugan ng sumusunod: 1) hinggil sa o kaugnay sa isang tao sa halip na kahit sino; 2) nauugnay sa pribadong búhay, damdamin, at hilig, sa halip na ang mga bagay na konektado sa kaniyang búhay; 3) ginawa o likha ng isang tao, kasáma na ang aktuwal na kilos at pakikiharap sa isang partikular na gawain; at, 4) nauugnay sa katawan ng isang tao. Maliban sa ikaapat, ang mga pagpapakahulugang nabanggit ay angkop sa pagpapaliwanag at paglalarawan sa aking pagsasalin sa nasabing sanaysay.

Alinsunod sa ideya ni Salanga, mayroon ding iba't ibang uri ng dimensiyon ang aking ginawang pagsasalin.

Ang unang dimensiyon ay ang personal. Gaya ng nabanggit, mahalaga ang sariling artikulasyon upang lubos na maunawaan ang mga ideya o kaalaman. Ang pananaw na ito ang siyáng nagíng batayan ko sa pagsasalin. Dito, ang pangunahing tanong ko ay “Paano ko ito sasabihin sa sariling paraan?” O sa ibang salita, “Kung ako ang susulat ng sanaysay, paano ko ito isusulat?”

Ang tinutukoy kong sariling paraan ay naapektuhan ng lawak at lalim ng aking bokabularyo, kasanayan sa gramatika at semantika, mga sariling kahinaan at kalakasan, kasáma ang pansariling pagpapakahulugan at kinikilingan. Halimbawa, kung mamimili ako sa listáhan ng mga kasingkahulugang salita, ang batayán ko sa pagpili ay ang aking pagiging komportable sa paggamit ng salita o kayâ nama’y katiyakan ko sa kahulugan nitó at kakayahang lubos itong maipaliwanag. Samakatwid, masasabing adaptasyon ang uri ng pagsasalin na ginawa ko ngunit adaptasyon pára sa sariling sitwasyon. Sa adaptasyon, ang salin ay maaaring maituring na orihinal o bago nang akda sapagkat nalangkapan na ito ng personal na kaligiran ng tagasalin.

Makikita sa talaán ang iláng pagpapasiya na bunga ng pinersonal na pagsasalin:

| Paraan ng Pagpapahayag ni Salanga | Personal na Paraan ng Pagsasabi |
|---|--|
| Harmony | Pagkakasundo |
| Balance | Pagkakapantay-pantay |
| communicate to his fellowmen | makaugnay sa iba |
| written and spoken word | isinusulat at sinasalitang wika |
| declarative statement that begins with a subject and ends with a predicate | pahayag na paturól na binubuo ng simuno at ng panaguri |
| One can, of course, have resort to more fragrant examples | Mayroon din namang mas mababangong halimbawa |
| Plato advises the philosopher-king of his ideal state to do away with poets | pinapayuhan ni Platon ang pilosopo-hari ng kaniyang ideal na estado tungkol sa pagpapaalis sa mga makata |
| poet-as-partisan | makata-bílang-nakikilahok |
| the poet will continue to speak his poetry | patuloy na tutulâ ang makata |
| Out of isolation and joylessness | Mulâ sa masaklap na kalagayan |
| compressed, resinous, fragrant: poets that haunt and are able to move | masinsin, madagta, mabango: mga tulâng hindi malilimutan at nakapagpapatinig ng damdamin |

Ngunit gaya ng nasabi na, ginagamit ko rin ang pagsasalin bílang pagsasanay o pagpapaunlad ng kakayahán pára sa aking inaambisyong bokasyon: ang maging makata. Sa pagpili ng isasalin, isinasaalang-alang ko rin ang paraan ng pagpapahayag at paggamit ng wika ng awtor. Madalas, ang napupusuan kong mga akda ay yaong malikhain o mapaglaro ang paraan ng paggamit sa wika o mga akdang ang paraan ng pagpapahayag, kahit na ito ay prosa, ay nagbibigay ng iba pang pagpapakahulugan. Batay sa aking mga nabása, ang mga akda ni Salanga ay kakikitaan ng aking mga inilarawan. Ang kaniyang pagpili, pagsasáma-sáma, at pag-aayos ng mga salita sa mga pangungusap, maging ang pag-estruktura niyá sa mga talata, ay tila pumapailanlang na sa pagiging tulâ.

Makata si Salanga at ako ay nag-aambisyong maging makata kung kayâ't ang hinahangad kong uri ng pagsasalin ay pangmakata. Ang hámon sa akin, kung gayon, ay maipahayag ko rin sa matulaing paraan ang mga ideya ng orihinal na awtor. Sa pagsasalin, tinimbang ko ang tunog, ang hagod, ang daloy, at iba pang maaaring pagpapakahulugan ng ginamit na salita o parirala.

Ngunit waláng magkaparehong makata. Kahit na may mga makata na gumagaya sa ibang makata, waláng magkaparehong paraan ng pagtulá. Samakatwid, sa pagsasalin ko kay Salanga, ang pagiging matulain ng aking salin ay iba na sa pagiging matulain ng orihinal na akda. Ito ang matulain kong paraan ng pagpapahayag sa mga ideya ni Salanga. Ito ang maituturing kong ikalawang dimensiyon ng aking pagsasalin, ang tagasalin-bílang-makata.

Gayunpaman, may isang mahalagang gamit ang pagsasalin. Ayon kay Lawrence Venuti, editor ng *The Translations Studies Reader*, “Yet the effects of translation are also social, and they have been harnessed to cultural, economic, and political agendas” (2000, 5). Bukod sa pagkakaroon nitó ng panlipunang dimensiyon, politikal ang pagsasalin. Sa kasaysayan, naging mahalaga ang papel ng pagsasalin sa pananakop. Sa kabiláng banda, ginamit rin ang pagsasalin pára labánan ito gaya ng ipinakita ni Vicente Rafael sa aklat niyáng *Contracting Colonialism* (2006).

Bílang mag-aaral at guro, maláy ako sa pagiging politikal ng wika. Sapagkat niláyon kong makibahagi sa pagbuo ng Filipinong pagkakakilanlan sa pamamagitan ng wika at panitikan, ang anumang aking sulátin ay nakatuon sa pagtataguyod at pagpapalawak ng kaalamang Filipino. Sa ganito ko iniuugnay ang ikatlong dimensiyon ng aking pagsasalin, ang tagasalin-bílang-nakikisangkot.

Samakatwid, masasabi kong ang pagpili kay Salanga at pagpili sa partikular na sanaysay ni Salanga ay umaayon sa itinakda kong layunin sa sarili. Katulad ng maraming manunulat, muláng romantiko hanggang karaniwan ang mga naging paksa ni Salanga sa kaniyang sulatin. Ngunit katulad rin ng maraming manunulat na nabúhay sa “interesanteng panahon”, naging paksa rin niyá ang tungkol sa kahirapan, pagkagutom, karapatang pantao, kalayaan, at iba pang usaping panlipunan. Samakatwid, maituturing na manunulat na nakikisangkot si Salanga, isang manunulat na pinanday ang sariling panitik pára sa lipunan. Ang sanaysay na isinalin ay isang halimbawa ng kaniyang pakikisangkot. Sa sanaysay, tinalakay niyá ang mga suliranin ng mga manunulat na Filipino. Ngunit sa pagtalakay niyá rito, sinasaklaw na rin niyá ang lahat ng inbiduwal at kalayaan ng bawat isa na magpahayag at makilahok pára sa pagbabago.

Hindi ko sinasabing kasimbigat ng konsepto ni Salanga ng makata-bílang-nakikisangkot ang aking tingin sa sarili na tagasalin-bílang-nakikisangkot. Una, personal ang dahilan at paraan ng aking paraan ng pagsasalin. Ang saling ito ay isang maliit na ambag sa kabuuan.

Gayunpaman, kayabangan mang maituturing, masasabing sa pinersonal kong pagsasalin sa sanaysay, hindi na lámang si Salanga ang nababása o naririnig. Ako na rin.

Rafael, Vicente L. *Contracting Colonialism: Translations and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press, 2006.

Salanga, Alfredo N. *Chronicles and Dispatches*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1991.

Salanga, Alicia L., panayam ng awtor, 9 Abril 2007.

Salanga, Elyrah Loyola. "Sa Pagitan ng mga Salita: Si Alfredo Navarro Salanga Bilang Makata-Peryodista." *Philippine Humanities Review* 9. Lungsod Quezon: UP College of Arts and Letters, 2007. 91 – 123.

Venuti, Lawrence, ed. *The Translation Studies Reader*. London at New York: Routledge, 2000.

Bonifacio at ang Imahinasyon ng Rebolusyong Sandali

Rolando B. Tolentino

Para sa akin, si Andres Bonifacio ang kumatha ng rebolusyong sandali hindi lámang sa radikal na alternatibo sa predikamento ng kasalukuyan sa panitikan, kundi maging sa politikal na lagay at posibilidad ng bansa. Ang “kasalukuyang predikamento” ay ang historikal na kasadlakan ng kolektibong karanasan, tulad ng pamayanan at bansa, na may pagdanas ng matindi’t malawakang panunupil dulot ng materyalisasyon ng mga panlipunang relasyon sa mga partikular na yugto ng pagkaunlad ng mismong kasaysayan.

Ang “rebolusyong sandali” (*revolutionary moment*) ay ang pagkalatag ng radikal na alternatibo o ng pagbubukang-liwayway nitó sa kasalukuyang predikamento; kinakailangang kagyat na pagdedesisyon at pagkilos (“totoong kinakailangan na sa lalòng madalíng panahon ay putlin natin ang waláng pangalang panlulupig na ginagawâ sa ating mga anak ng bayan”¹), purposibong madugo sa pangkalahatang lagáy na hindi ito kusang ipinagkakaloob, at may puwersa ng kontraryong kolektibong pagdanas, lalò na ng inaapi (“sabáy-sabáy na kumilos ang mga bayan-bayan at sabáy-sabáy na salakayin ang Maynila”²). Ang rebolusyong sandali sa panitikan ay ang pagpanig sa lagáy ng inaapi, at posibilidad ng kaniláng paglaya sa mga kondisyon ng kaapihan—na sa kalakaran ng pagbabago ay nagpapanatili’t nagpapaigting ng katangiang “dangal” sa taumbayan. May dangal ang taumbayan kapag ang pag-ibig nitó ay lampas sa sarili, kumikilos at handang ialay sa pagpapalaya ng kolektibo at ang bayan.

Binasang papel sa Kongresong UMPIL noong 29-31 Agosto 2013 sa Ateneo de Manila University sa plenaryong may gabay na katanungang: “Paano nakaimpluwensiya si Bonifacio sa pagkalinang ng poetika ng protesta sa kasaysayan ng Panitikang Filipino?”

Ang pag-akda ni Bonifacio ng rebolusyonaryong sandali ay ang paglalata ng radikal na opsyon sa kasalukuyang predikamento—ang walâ at pinagnanasaan sa kasalukuyan, at ang posibilidad na mapunan at magkaroon, makamit at matamo sa hindi malayo pero hindi matantiyang distansiya ng hinaharap. Pinapangarap kayâ may integral na salik ng fantasya, at ang fantasya ng alternatibong realidad—ang walâ’t kulang sa kasalukuyang predikamento—ang siyâng impetus sa pagkilos at pagmaniobra sa kasalukuyang predikamento. Ang rebolusyonaryong sandali ang pumipilas sa paglalayong pananatili’t pamamayagpag ng kasalukuyang predikamento.

Sa pahayag ni Bonifacio sa pagkatatâg ng Katipunan matapos ang pagpatay kay Jose Rizal, isinaad niyâ, “Tâyo’y di mga pantas, kayâ hindi mariringal na talumpati at di maririkit na sulat ang ating idaraos; sa gawa natin dadaanin. Ang Katubusa’y hindi makukuha sa salita o sa sulat: kinakamtan ito sa pagsasabog ng dugo.”³ May tatlong punto mulâ sa panimulâ ito na siyâ ring nagpapahiwatig kung bakit nananatiling nâsa magkabilâng panig ng ispektrum ng pagbabago sina Bonifacio at Rizal—na ang proyekto ng pagkamulat o *enlightenment* ni Rizal na humahalaw sa panitikan ay nawalan na ng tâlas at talâb sa kasalukuyang predikamento, maging ang inaakala nitóng pagkilos tungo sa diyologo’t pakikipag-usap sa Kastilang kapangyarihan.

Ang unang punto ay pagsasara at pagkitil ng kasalukuyang predikamento sa anumang siwang ng pakikipag-usap, kumbersasyon at diyologo, na ang pinakamabulaklak na engganyo o tâlas ng realismo ng pagsusuri ay hindi na nakadudulog sa kapangyarihan pâra magbukâs, magkaroon ng posibilidad, o umasa pa. Ang ikalawa ay daan tungo sa pagbabago o paglikha ng radikal na posibilidad sa kasalukuyang predikamento: “gawâ” na kontraryo sa “salita” at “sulat” na idinaraos lang ng isang tao. Ang pagtukoy ni Bonifacio sa nosyón ng gawâ bílang daan sa pagbabago ay kolektibong paggawa, sâma-sâmang pag-akda ng mga inaapi sa radikalismo sa kasalukuyang predikamento. Ito ang magluluwal ng “Katubusan,” ang ikatlong punto, at dahil ito ay nakasulat sa malaking titik, isinasaad na ito ang sukdulang ideal sa hinaharap—hindi makakamit pero siyâng impetus pâra umalagwa sa kasalukuyang predikamento.

Kayâ walâng romantikong nosyón para sa pagkakamit ng Katubusan dahil alam ni Bonifacio na maraming búhay ang kinakailangang ialay dahil sa lalim at

lawak ng pagkasakop ng kasalukuyang predikamento. Sino ba naman ang handang mag-alay ng búhay kundi ang mga tinatangalan ng búhay sa kasalukuyang predikamento? Ito ang balón ng organisasyon ng Katipunan, at ito rin ang bukál ng pag-oorganisa o ang inspirasyon pára sa organisadong pagbabago. Sa pagkatatag ng organisasyong may puwersa ng pagbabago, sinabi pa ni Bonifacio ang kolektibong panuntunan pára makamit ang Katubusan, "...ating maitayô ang isang malakas, matibay at makapangyarihang katipunan ng mga anak ng Bayan."⁴

Walâng pagbabago kung walâng pagbubuklod ng mga inaapi na siyá ring nagsisiwalat kay Bonifacio na may makauring katangian ang rebolusyonaryong sandali. Sa "Kartilya ng Katipunan" na sinulat ni Emilio Jacinto, nakasaad ang isang alituntunin, "Ipagtanggol mo ang inaapi; kabakahin ang umaapi."⁵ May kahilingan ng pagpanig sa mas malaking bílang ng mamamayang dispaborable ang kondisyon sa kasalukuyang predikamento, at ng iláng tumatamasa mulâ rito, na may katangian ngang "umaapi" dahil sa maramihang pagdanas ng mga "inaapi."

Dito rin sa Kartilya matatagpuan ang pagtatangi sa dangal, kabanalan, kagalingan ng nais sumapi sa organisadong pagbabago—na walâng karapatang magbago kung mayroong sariling interes lámang ang dinadala sa pagbabago, na tanging ang pag-ibig sa pagbabago, sa kinabukasan, at materyalisasyon ng bayan ang magpapabukod-tangi sa mga nakikibákang inaapi. Isang matuwid na nilaláng at kolektibo ang inaasam ng Katipunan, na ang kaniláng "kamahalan" o halaga ay tampok sa "yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di nagpapaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan."⁶

Samakatwid, ang isang kahilingan din sa pagbabago ay may kinalaman sa kultural na aspekto—ang pagbabagong-hulma ng pagkatao ng inaapi na nagpapatatag sa siyáng dinadaot at puwersadong binubura ng kasalukuyang predikamento. Ang character rebuilding at remolding na ito sa hanay ng mga inaapi ay susi sa integridad at tagumpay ng organisadong pagbabago. Kayâ na lámang, lakíng samâ ng loob ni Bonifacio nang magtagumpay ang minoryang paksiyon ng Katipunan sa Cavite noong 1897, "Isang kasuklam-suklam na balita ang aking maipapasabi sa inyo tungkol sa kasukaban gawa ng mga pinuno ng Magdalo... kaya't... nagpumilit na silá'y maging Gobierno ay ang upang maisuko ang boong Revolucion."⁷

Kapag ang dangal ay naisantabi, ang posibilidad ng rebolusyonaryong sandali ay pumipinid din. Ito ang susi sa tagumpay ng fantasya ng rebolusyon—ang kolektibong dangal ng taumbayan—na magdudulot ng kahandaang kumilos, magwasto, magkaroon ng disiplina, mag-alay ng búhay sa pagbabago. Ang pagkasadlak ng historikal na sandalí sa kamay ng elitistang interes ang siyáng nagdulot ng baryasyon ng panlipunang relasyon: ang taumbayan sa kamay ng lokal na elitistang kapangyarihan na umalinsunod sa hilíng na isuko ang Revolucion habang papasok ang bagong kolonyalismong Amerikano. Ibig sabihin din nitó, dahil may puwang pa rin ng pagmaniobra ang lokal na elitista, hindi naman palá lubos ang pagkapinid ng kaniláng mundo, at kung gayon, hindi lubos ang pagdanas ng kaapihan. Kayâ madalí ring naiprenda ang rebolusyon at naging tagapagpadaloy ng kasalukuyang predikamento sa susunod nitóng yugto.

Noong Agosto 26, 2013, sa Araw ng Mga Bayani, dalawang araw matapos ang Sigaw ng Pugadlawin, may kolektibong pagkilos na isinagawa, ang *One Million March* na halaw sa pinaghalong mga martsa sa Washington, D.C. ng inaaping sektor sa U.S., pati ng *Occupy Wall Street*, pero sa Luneta. Inisyatiba ng mga netizen, nagtipon (walâ naman talagang martsang naganap) ang mga isang daan libong katao, marami ay mulâ sa gitna at mataas na uri na dismayado sa usapín ng *pork barrel system* ng mga politiko. Nakaputí ang marami para sa non-aligned mode kahit pa maputik ang area sa grandstand. Ang interesante ay ang makabagong paraan ng paghihimok na makapagtipon sa pamamagitan ng social networking sites.

Pangunahing nangyari ang imbitasyon sa social networking sites, na siyáng ibinabandila ng kanluraning media na nakapagdulot na ng tagumpay ng *Arab Spring* at sa limitadong antas, ng *Occupy* na kampanya. Dito rin mauunawaan kung bakit ang tagumpay ay nása inisyatiba lámang, at walâ sa pagdudulot ng rebolusyonaryong sandalí na pinapangarap at tinuran ni Bonifacio. Sa *One Million March*, pára lámang virtual na mundo at pagdanas: dahil sa kawalân ng sentral na programa, organisasyon at lokus ng pagtitipon sa Luneta, kaniya-kaniyang pagpapakíta ng sarili, pagtipon sa kaniya-kaniyang grupo, stalking at lurking sa ibang grupo at katao.

Ang kaapihan ay hindi lubós na nababanggit—ang *pork* ay hindi nauugnay sa korapsiyon na nakaugnay sa lahat ng naging pangulo, na kaugnay sa

kasalukuyang pangulo, na kaugnay sa katangian ng malakolonyal at mala-piyudal na sistemang panlipunan bílang kasalukuyang predikamento. Walâ ang higit na nakararaming taumbayan sa pagtitipon, ang mga historikal na inaapi; at ang kalakhan ng kasalukuyang lupon ay hindi naman lubós (pa) ang pagkaapi. Walâ ring balak na mag-alay ng búhay sa ngalan ng pork, at kababuyan sa taumbayan dulot nito. Nakatutulong ang artikulasyon at panghihimok ni Bonifacio sa isang mahalagang rebolusyonyong sandalî para maunawaan ang talas at talab ng anumang mungkahi hinggil sa kasalukuyang predikamento.

At ito ang binubuksang lihim ni Bonifacio, na ang kondisyon ng posibilidad sa kasalukuyang predikamento ay kailangang magmulâ sa higit pang sabayang pagpapaigting ng mga kondisyon ng panunupil at paglaya. Sa “Sampung Tagubilin sa Kabataan” ni Gregoria de Jesus, ugnay na artikulasyon ng mga idea ng dangal at kasarinlan ang halaw kay Bonifacio at Katipunan. Dito rin matatagpuan ang mahindik na babala hinggil sa kasaysayan, “Matakot sa kasaysayan sapagkat walang lihim ang hindi nahahayag.”⁸

Ang pagka-angkla ni Bonifacio at ng Katipunan sa panunuring pangkasaysayan ang siyáng nagdulot ng pagkaunawa sa kasalukuyang predikamento, at sa pangangailangan ng posibilidad ng rebolusyonyong sandali. Sa muli’t muling pagkatuklas at eksperimentasyon ng mayoryang inaapi mabubuksan ang kapangyarihan ng kasaysayan, at ang pagkilos tungo sa Katubusan ng bayan.

¹Andres Bonifacio, “Talumpati sa Bundok ng Kalayaan, 28 Agosto 1896,” *Andres Bonifacio: Buhay at Pakikibaka* (Quezon City: Linangan ng Kulturang Pilipino, Philippine Anti-Imperialist Studies, Ecumenical Institute for Labor Education and Research, 2013), 28.

²Ibid.

³———, “Pahayag ni Bonifacio sa Pagkatatag ng Katipunan,” *ibid.*, 18.

⁴Ibid.

⁵Emilio Jacinto, “Ang Kartilya ng Katipunan,” *ibid.*, 20.

⁶Ibid.

⁷Bonifacio, “Liham ni Andres Bonifacio kay Emilio Jacinto, Limbon 24 Abril 1897), *ibid.*, 34.

⁸Gregoria de Jesus, “Sampung Tagubilin sa Mga Kabataan,” <http://bahaynakpil.org/bahay-nakpil-bautista-the-house/2/>, inakses 25 Setyembre 2013.

- Bonifacio, Andres. "Talumpati sa Bundok ng Kalayaan, 28 Agosto 1896," *Andres Bonifacio: Buhay at Pakikibaka*. Quezon City: Linangan ng Kulturang Pilipino, Philippine Anti-Imperialist Studies, Ecumenical Institute for Labor Education and Research, 2013.
- . "Pahayag ni Bonifacio sa Pagkatatag ng Katipunan," *Andres Bonifacio: Buhay at Pakikibaka*. Quezon City: Linangan ng Kulturang Pilipino, Philippine Anti-Imperialist Studies, Ecumenical Institute for Labor Education and Research, 2013.
- Jacinto, Emilio. "Ang Kartilya ng Katipunan," *Andres Bonifacio: Buhay at Pakikibaka*. Quezon City: Linangan ng Kulturang Pilipino, Philippine Anti-Imperialist Studies, Ecumenical Institute for Labor Education and Research, 2013.
- . "Liham ni Andres Bonifacio kay Emilio Jacinto, Limbon 24 Abril 1897," *Andres Bonifacio: Buhay at Pakikibaka*. Quezon City: Linangan ng Kulturang Pilipino, Philippine Anti-Imperialist Studies, Ecumenical Institute for Labor Education and Research, 2013.
- de Jesus, Gregoria. "Sampung Tagubilin sa mga Kabataan." *Bahay Nakpil-Baustista: The House*. Bahay Nakpil-Bautista, 2012. <http://bahaynakpil.org/bahay-nakpil-bautista-the-house/2/>

Pagkatuto Mula kay Bonifacio: Ilang Pagmumuni ng Isang Guro ng Panitikan

Luna Sicat-Cleto, Ph.D.

I

Nagsasalita ako ngayon bilang guro ng panitikan, at hindi bilang isang kritiko o historyador. Kailangang ilimita kaagad-agad ang saklaw ng aking masasabi. Pero hindi rin nangangahulugan na dahil guro *lang* ako ng panitikan ay hindi na kinakailangan ang kontekstong kritikal, o historikal. Kadalasan, ito pa ngang mga salik na ito ang nakahihikayat ng estudyante upang tuklasin ang iba pang sinasabi ng mga sinulat ni Andres Bonifacio.

Malamáng sa hindi, sa mga naunang panayám, naungkat na ang pagiging teksto mismo ni Bonifacio.

Malamáng rin sa hindi, naungkat na ang nakauuyam na pagsasábong na ginagawa sa pagitan ng Supremo at ng Pambansang Bayani.

At dahil pinag-uusapan rin lang natin ang mga pagsasábong, hayaan ninyong sabihin ko ang niloloob nang minsang mapanood ko sa ANC ang “kumprontasyon” ng Pambansang Alagad ng Sining na si Virgilio S. Almario at ang director/komiks artist na si Carlo J. Caparas¹. Ito’y pagkaraang bawiin ang titulong National Artist sa huli, at ang morning show ang naging boxing ring sa usapíng kung makatarungan ba ang naging hatol ng Korte Suprema dito. Giniit ni Almario

Binásang papel sa Kongresong UMPIL noong 29-31 Agosto 2013 sa Ateneo de Manila University sa plenaryong may gabay na katanungang: “Ano ang mga napapanahong saligang teoretiko at praktikal na mapagbabatayan ng bago at ibayo pang pagpapahalaga sa mga teksto at konteksto ni Andres Bonifacio?”

na kailangang magdaan sa tamang proseso ang pagkilala, yaman din lang na rurok ng pagiging artista sa anumang larangan ang titulo. Hindi isyu kung “sa komiks lang” lumabas ang mga akda ni Caparas – sapagkat may mga nakahihigit pa sa kaniya na dapat maunang kilalanin. Iskeptikal si Caparas sa mga pinagbabatayan ng desisyon at paghahatol – sapagkat papaanong masasabing wasto ang proseso kung ang mga nagtatakda’y mga “magkakabarkada lámang”. Paanong magiging patas kung ang mismong katunggali niya’y nagtrabaho rin sa komite na nagdedesisyon, at nang tinuran ng huli na siya’y awtomatiko namang kasali sa pamimili, doon na pinakawalan ni Caparas ang sa tingin ko’y matalas na sundang ukol sa paglikha ng panitikan sa panahon ngayon. Wika niya: “Sino ba ang nakakakilála sa iyo? Sino ba ang nagbabása o nakatatandâ ng mga tuláng sinulat ninyo? Pustahan táyo, kung maglalakad táyo sa kalsada ngayon, ako ang mas makikilála kaysa sa iyo.”

Napatigil ako sa narinig kong iyon.

Sabihin mo na ang lahat ng hatol sa mga pelikula ni Caparas na mababanaag sa mga titulo pa lang ng mga pelikula niya – ang kabaduyang tumataginting sa *Lipa Massacre: God Save The Babies!*, *The Untold Story: Vizconde Massacre II*, *God Have Mercy on Us*, at *Cory Quirino Kidnap: NBI Files*. Tahasang sinabi ni Lourde De Veyra, makata at tv host, na habang ang pangalang Caparas ay naging kilalá sa mga popular na nobelang isinakomiks noong dekada 70 at 80, ito rin ay pangalang sinonimo sa mga pelikulang nagkalat ng lagim sa kapangitan². Hindi mo mapararatan na hindi pinulsohan ng mamang ito ang tinaguriang masa, na kumokonsumo ng kaniyang sining. Sumisigid sa aking diwa, tumatagos sa aking kalamnan ang ditinurol na hâmon ni Caparas: sino nga ba ang nakakikilatis ng panitikan, sa bandang huli? Hindi ba’t ang mga nagtitinda ng kandila sa Quiapo, ang mga barker na nagtatawag ng sasakay sa jeep, ang mga kabataang palaboy-laboy sa daan na naghahanap ng trabaho’t hindi matanggap dahil hindi man lang nakapagtapos ng hayskul? Ilan lang ba ang mga tekstong tumatatak sa kamalayan ng tao, sa mga Pilipino? Sa Latina Amerika, minememorya ang mga tulâ nina Ruben Dario, ang mga nobela ni Gabriel Garcia Marquez. Alam ng ordinaryong tao ang mga akdang pinagsusunugan pa ng kilay ng mga estudyante ng panitikan dito sa ating bayan.

Malimit makalimutan ng guro ng panitikan (kabilang na ako) na ang akto ng pagbabasa’y hindi limitado sa pagbuklat ng literal na aklat. Sinususog, halimbawa, ni Caroline Hau sa kaniyang *Necessary Fictions*, na ang reputasyon ng

nobela ni Rizal ay umiral muna sa karaniwang tao sa anyo ng rumors, sábi-sábi, bali-balita, tsismis³. Alam ng ordinaryong tao ang takbo ng kuwento ng nobela, ngunit hindi nangangahulugang napasakamay mismo nilá ang libro. Naisalin, sa halip, sa kaniláng diwa, ang nosyón ng tungkol saan ba ang libro, sino ang mga inilalarawan, sino ang mga inaapi, sino ang mga nang-aapi?

Akin ding isinususog, tulad na ng mga nasabi na ng mga kritiko na tulad ni Hau, o ni Floro M. Quibuyen, na si Bonifacio ang isa sa mga naunang bumuklat ng hindi literal na aklat ni Rizal.

Ang byline ni Andres Bonifacio ay unang lumitaw sa pahayagang *Kalayaan*. Tagalog ang wika niyang ginamit. Iilan lang ang kaniyang mga tulá. Sinalin niya ang “Mi Ultimo Adios” ni Jose Rizal. Dadalawa ang kaniyang mga sanaysay. Walá siyang talaarawan, borador ng mga binubuong teksto, at kung mayroon man siyang epistolaryo, aapat na liham niya na tungkol pa rin sa pagpapatakbo ng lihim na kilusan, at kalauna’y kinuwestiyon pa ang awtentisidad ng isang Amerikanong iskolar⁴.

Sa madalíng salita, hindi salita ang búhay niya. Hindi lang salita ang buhay niya. Búhay niya mismo ang salita. Búhay niya maging ang mga salita ng mga mamamayang kasáma niya, kasalamuha niya, kapanalig niya.

Si Bonifacio ay hindi kasing-prolipiko ng iba pa nating mga manunulat. Walá siya ni isang gawad ng panitikan o titulo. Hindi siya kailanman nagkaroon ng literary barkada. Ligtas siya sa politika ng patronage. Ang mga mentor niya, kung mayroon man, ay ang mga librong nabása, ang karanasan bílang kúyang nagtaguyod ng pamilya matapos maulila, ang karanasang maging aktor sa *Teatro Porvenir*, ang karanasang makapagtrabaho sa Fresell and Co., at ang pagtatatag ng Katipunan.

Pero ayon mismo kay Teodoro Agoncillo, ang taglay ng akda ni Bonifacio ay *kapangyarihan*.

Hindi iilang beses na nasaksihan ko ang kapangyarihang iyon. Kapag tinuturo ko ang “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog,” namamangha ang klase sa kakayanan ng teksto na mapagsabay ang pakinabang ng isang treatise ng kasaysayan at manipesto. Matapos linawin na ang Katagalugang tinutukoy sa

teksto ay hindi limitado sa mga nagsasalita ng wikang Tagalog kundi pumapatungkol sa buong bayan, at maitatag na ang teksto'y katibayan ng pag-usbong ng isang *imagined community* (Benedict Anderson), nagiging mabilis ang rehistro ng mga sinasabi ng sanaysay. Gamit ang iilang talata, nagagawa ng sanaysay na sagutin kung ano ang nakalipas, ang kasalukuyan, at ang kinabukasan ng bayan sa pamamaraang nanggagaling sa pananaw ng mga nasakop, ng mga indio. Minsan, sinubukan kong ipaghambing ang estruktura ng isang ordinaryong polyeto na madalas na naipamumudmod sa mga estudyante sa UP. Nang makita ng mga estudyante na halos iisa ang formula ng mga manifesto: ang paglatag ng *state of affairs*, ang paglatag ng kahungkagan ng mga reporma, ang paglalantad ng mga kasinungalingan ng mga palliative measures, ang paghuhubad ng mga maskara ng mga may-kapangyarihan, na laging natatapos sa "Ano pa ba ang hinihintay mo? Ano pa ba ang ginagawa mo?" Nakikita nilá na, oo, nása mga polyetong iyon ang bakás ng kaisipán ni Bonifacio, ni Jacinto at ng Katipunan.

(*Seasonal* ang pagkatok ng mga kabataang iskolar ng bayan sa mga pintuan ng klasrum sa Palma Hall o sa CAL Building. Maaring ang isyu ay panawagan sa pagtutol sa patuloy na pagtaas ng tuition fee, ang papalapít na SONA, ang patúloy na kaso ng mga extra-judicial killings at mga desaparecidos, ang protesta sa oil price hike, o isa na namang scam o eskandalo sa senado o kinatawan ng lehislatura. Hindi pumapalya na laging sa loob ng isang semestre ay may isa, dalawang beses na mananawagan ang mga estudyante sa kapuwa nilá kabataan. Hindi rin nawawalâ ang mga polyeto sa mga okasyong iyon.)

Isa ito sa mga praktikal na paglalápat ng akda, sa tingin ko. Kung minsan, may mapapadpad pa sa mga pasilyo ng Palma Hall na isa o dalawang mga manggagawa na nagpipicket, at humihingi ng tulong sa mga kabataan. Tulong na maaring pinansyal o ang pakikinig sa kaniláng mga hinaing. Dumarating ang mga manggagawa na walâ nang pagtatakip na silá'y mga manggagawa sa bihis, lakad, kunot sa noo, bumubuntong-hiningang amoy. Minsan, natapát ang pagdalaw na ito sa diskusyon namin ng sanaysay ukol sa nobela ni Rizal⁵. Na ani ng sumulat, ang San Diego ay isang malaking sementeryo at ang lahat ng mga tauhan doon ay matagal nang patay. Biglang pumitik sa akin ang isang katanungan – "Class, paano táyo nakasisiguro na táyo'y buháy? Ang manggagawang pumasyal sa ating silid, na nananawagan na dinggin ng mga katulad ninyo ang kalagayan niláng basta na lang siláng tinanggal nang walâng pasabi – hindi ba silá naghihingalo?" Tumahimik

ang silid. Bahagya akong nakaramdam ng kuryente. May umupo bang elepante sa silid? Marahil. Pero hindi ako natakot. Dahil pagkaraan ng patlang na iyon, marami ang tumango-tango, at tila nabuhayan sa pakikinig. Hindi lámang mulá kay Rizal ang pinagmumulan ng dalumat na iyon. Ang pumúlot ng ideya ni Rizal, ang tunay na *nakapagbasa*, ay ang bodegerong si Bonifacio, ang nakababatid ng incendiary/mapagsiklab na mensaheng nasa nobela, at sinalin niyá iyon sa kilos. Ang pagbabasá, mulá sa modelo ni Bonifacio, ay pagkilos.

II

May natutuhan ako sa pagbabasá ng akda ni Teodoro Agoncillo: ang manunulat ng kasaysayan ay kinakailangang may abilidad na magkuwento. Sa rekonstruksiyon ni Agoncillo ng búhay ni Bonifacio, nabusisi pati ang sandali kung saan, síno-síno, at paano naimprenta ang unang isyu ng *Kalayaan*, ang pahayagan ng KKK. Nabusisi ito sa pamamaraang isinasalaysay⁶. Nakaaaliw na maláman, halimbawa, na ang mga namunò sa paghahanap ng imprenta'y mga maninisd, na sina Candido Iban at Francisco Del Castillo, na nanálo ng loterya at nagpasiyang gamitin ang napanalunan para makatulong sa bayan. Pinagpaguran ng mga kasapi na 1) maghanap ng isang imprenta; 2) maging sanáy sa pagpapalit-palit ng lugar ng imprenta; at, 3) pahalagahan, hindi lang ang mismong mga salitang iniimprenta, kundi ang pamumuhunan sa mga letrang bubuo ng mga salitang k-a-l-a-y-a-a-n. Sa sipi, mapapansin kung paanong nagsikhay si Emilio Jacinto, awtor ng pilosopikal na treatise na *Liwang at Dilim* na buuin ang makinarya ng imprenta:

To complete the press which was desperately in need of many vowels—especially a which is the much-employed letter in the Tagalog alphabet, and the letters k, h, y, and w,—he went to the printing plant of Isabelo de los Reyes and offered to buy the letters i, u, w, o, k and h, and de los Reyes refused to part with only these letters, so Jacinto was obliged to buy a number of each of these letters of the alphabet for the sum of P20 which, at that time, was quite an amount. These additions were supplemented by the types stolen by four Katipunan employees of *Diario de Manila*, a Spanish owned daily, for which Dr. Valenzuela paid them a peso each. Two other members, Aguedo del Rosario and Apolonio de la Cruz, who were working on the same daily, gave types to Dr. Valenzuela free of charge. Even so, the types collected through fair means or foul were enough for only one page of the proposed periodical. (Agoncillo, 1958:77)

Ang mga ganitong pagsasalaysay ng produksiyon ng teksto ay higit na matatandaan ng mga kabataan. Bakit? Dahil húgot sa materyal. May human interest. Mas maganda rin kung mapag-uusapan kung papaano umiral ang operasyon o produksiyon ng pahayagang *fugitive* o tumatakas, habang pinakikinabangan mismo ang ultimo type set na letra mula sa lehitimong imprenta, na pag-aari pa ng isang Kastila, at kinokonsumo ng mga mambabásang maka-Espanya. Ang letra, kagaya ng telepono sa sanaysay na *Por Telefono* ni Jose Rizal, ay ekstensiyon ng modernidad at bahagi ng makinarya ng kolonyalismo. Maaari rin itong gamitin pára kontrahin, o destrungkahin, ang mismong pinagmulang kapangyarihan.

May napansin din akong katangian ng mga kabataang mag-aaral. Hindi nilá naiibigan na magbasá ng mga sanaysay na tadtad ng mga terminong kritikal o *jargon*. Higit niláng naiibigan ang magbasá, at makinig, ng mga sanaysay na hindi na pinakukumpliika ang mga bagay-bagay. Walâ nang nose-bleed hindi dahil pinadadalí, kundi dahil húgot sa materyal.

Ang guro ng panitikan ay maaaring matuto sa iba pang mga guro ng ibang disiplina. Nang ipasyal ko minsan ang isang klase ko sa P.I. 100 sa lugar kung saan siyá pinaslang, sa Mt. Nagtapon, nakatulong ang presensiya, at abilidad sa pagsasalaysay ng kasaysayan ni Propesor Xiao Chua. Kung káya ni Agoncillo na isagawa ang rekonstruksiyon sa papel, káya ni Chua na itanghal ang isang rekonstruksiyon, sa paggamit ng datos mulâ sa mga librong sanggunian at kaalaman sa teatro. Tila siyá isang medium na sinasapian ng mga boses ng mga pumanaw. Sa isang pampublikong eskuwelahan sa Malolos, halimbawa, itinuro niyá sa amin ng aking klase kung saan ipinagpapalagay na piniit ang magkapatid na Procopio at Andres Bonifacio. Isang silid na halos kamukha lámang ng mga karsel ng walis, floorwax at mop. Napagsalita niyá ang mga pader at sahig ng karsel na iyon sa kaniyang pagsasalaysay.

Bílang pagwawakas, maaari ko bang sabihin ang isang panukala?

Kung nais nating pahalagahan ang naging ambag ni Bonifacio sa ating panitikan, mahalagang ipaliwanag sa mga estudyante kung ano ang ibig sabihin ng praxis. Kung bakit ang pag-unawa mismo ng salitang ito ang nagbubukod sa maraming mga manunulat bílang mga tagapagpanday lámang ng mga maririkit

o lirikal na taludtod; o ang mga manunulat na kahit iilan lang ang produksiyon ay namamahay pa rin sa ating alaala, magmula noon, at magpahanggang ngayon.

Minsan na ring nasabi ni Walter Benjamin na ang mga gunita ng mga inaping nunò, hindi ang mga pangarap ng mga napalayang mga kaapo-apuhan, ang nagtutulak sa mga táong maghimagsik. Si Bonifacio ay nakinig din sa mga gunita, hindi lang ng mga inapíng nunò, kundi ng mga nunòng di pa nakatitikim ng pang-aapi't pang-aalipusta. Mulí niyáng ipinaalala na ang lahi natin ay may panahong nakatikim ng dignidad sa paggawa, may nakamit na respeto sa kalakalan sa mga karatig-bayan, namahay ang katahimikan sa mga tahanan, at higit sa lahat, batid ang ginhawa, at kalayaan.

Hinamon niyá táyong ibalik, at bawiin, ang ginhawa at kalayaang iyon. Nása sa atin lang ang pagtuklas, at pagbása sa mga ito.

¹Ang episodeyo ng *ANC Headstart* ay naiere noong Hulyo 19, 2013, at maaring masilip sa link na ito: <http://ph.news.yahoo.com/video/caparas-almario-engage-verbal-tussle-021044220.html>

²Ipinaliwanag ni De Veyra ang kaniyang posisyon sa panlilibak sa filmography ni Caparas, at ibinunton niyá ang puná sa taglay nitóng “ineptness of direction”: na lantad sa kaniyang mga “obra” ang mga production shortcuts gaya ng pagpapalit ng Makati skyline pára ipamukhang eksena ito sa Singapore, ang paggamit ng backdrop ng Pinatubo para magmukhang disyerto sa Arabian, o ang kahungkagang pagdamitin ang cast ng WWII film sa mga damit na galing sa SM Surplus store. <http://www.spot.ph/this-is-a-crazy-planets/28359/carlo-j-all-the-way>, na nalimbag noong Agosto 1, 2009.

³Hau, Caroline. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation 1946-1980*. Ateneo de Manila University Press, 2000.

⁴May, Glenn Anthony. *Inventing a Hero: The Posthumous Recreation of Andres Bonifacio*. University of Wisconsin, Center for Southeast Asian Studies, 1996.

⁵Tinatalakay namin noon ang “Pagbabalik ni Ibarra/Simoun,” isang sipi mulá sa *Si Rizal: Nobelista (Pagbasa sa Noli at Fili Bilang Nobela)*, ni Virgilio S. Almario. (UP Press, 2008)

⁶Agoncillo, Teodoro. *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*. UP Press, 1956. Nahiram ko mulá sa Filipiniana section ang edisyong ito ng akda ni Agoncillo, at kasáma sa taláb/bisà ng teksto ang pagbása maging sa mga *marginalia* ng mga humiram ng libro. May mga komentaryo ang mga estudyante na nakasúlat sa mga litrato ng mga bayani (paboritong tampulan ng pagdrowing ng pangil at sungay ang litrato ni Aguinaldo halimbawa, habang ang larawan ni Bonifacio’y may komentaryong “ang tunay na bayani”). Hindi matatagpuan ang ganitong uri ng *marginalia* sa akda ni Agoncillo sa mga ordinaryong edisyon na ibinebenta sa mga bookstore.

- Agoncillo, Teodoro. *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1956.
- Almario, Virgilio. "Pagbabalik ni Ibarra/Simoun." *Si Rizal: Nobelista Pagbasa sa Noli at Fili bilang Nobela*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2008.
- de Veyra, Lour. *Carlo J All The Way*. 1 Agosto 2009. <http://www.spot.ph/this-is-a-crazy-planets/28359/carlo-j-all-the-way>.
- Hau, Caroline. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation 1946-1980*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2000.
- May, Glenn Anthony. *Inventing a Hero: The Posthumous Recreation of Andres Bonifacio*. Estados Unidos: University of Wisconsin Center for Southeast Asian Studies, 1996.
- Yahoo! News Philippines. *Caparas, Almario engage in verbal tussle on ANC's Headstart*. ANC Headstart video. 19 Hulyo 2013. <http://www.ph.news.yahoo.com/video/caparas-almario-engage-verbal-tussle-021044220.html>.

Ang Pinagbuhatan ng *Florante at Laura* ni Balagtas

Virgilio S. Almario

Sa ikaanim at pangwakas na sакnong ng “Sa Babasa Nitó”—ang maituturing na paunang salita sa *Florante at Laura*—ay nabanggit ni Francisco Balagtas ang isang “Sigismundo” na ayaw niyá diumanong sundan ang naging kapalaran. Ganito ang buong naturang sакnong:

Hanggang dito ako O nánasang pantas,
sa kay Sigismundo’y huwag ding matulad,
sa gayong katamis wikang masasarap
ay sa kababago ng tula’y umalat.

Sino ba si “Sigismundo”? Napansin din ito ni Julian Cruz Balmaseda at pinag-ukulan niyá ng makabuluhang pagkukuro sa kaniyang *Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog* (1938). Ni hindi niyá inisip na si “Sigismundo” ang pangunahing tauhan sa dakilang *La vida es un sueño* ni Lope K. Vega. Kaagad niyáng sinapantaha na ibig magpugay si Balagtas sa isang kapanahon. Ang panukalang bása ni J.C. Balmaseda sa pinapaksa nating sакnong ni Balagtas ay:

Datapwâ’t si Balagtas ay di tulad ng ibang nalasing na lubhâ sa kaniyang kabantugán. Alam man niyang siya’y nakalalamáng sa kaniyang mga kapanahón, gayon ma’y kinilala niyang ang “Buhay ni Sigismundo” ay isáng magandang kathâ na kayâ lamang naging maalat ay dahil sa kinábabago ng mga dating ‘wikang masásaráp.’

Nahagilap din niyá ang awit na *Salita at Buhay na Pinagdaanan ni Sigismundo at ng Duquesa Policena at nang Prinsipe Adonais at nang Princesa Cloriana at Prinsipe Tang-credo at ni Laveña sa Caharian nang Albania*. Marahil,

ang kopya na inilimbag noong 1914 ng Imprenta at Libreria ni J. Martinez, ang pablisar na nagmamalaki noon ng isang listahan ng umaabot sa 89 pamagat ng mga luma't bagong "búhay" (isa sa tawag noon sa awit at korido).

Subalit sa ika-616 saking at dulo ng naturang bersiyon ng awit na *Sigesmundo at Policena* (SP) ay ipinagtapat ng awtor ang kaniyang pangalan:

Sucat hangang dito aquing itatahan
lungoy co sa inyong pauang manga mahal
na ipagpatawad salitang nagculang
na sa lingcod nilang cay Eulogio Julian.

Inakit si J.C. Balmaseda ng ibinigay na pangalan ng awtor. Inusisa niyá kung ang "Eulogio Julian" kayâng ito ay ang nagpapakilála ring "E.J. de T." o "Eulogio Julian de Tandiana" na hanggang noong magtatapos ang ika-19 siglo ay naglalathala ng mga tulâng pasalaysay tungkol sa kasaysayan. Sa gayon, naitanong ng kritiko, "Paano ngâng ang SIGESMUNDONG hinangâan ni Baltazar ay maging akdâ ng isáng di pa marahil nag-aawit-awit noon? O, ibá kayâ ang SIGESMUNDONG yaón sa SIGESMUNDONG akdâ ni Eulogio Julian?...Ibá kayâ namán ang "Eulogio Julian" sa "Eulogio Julian de Tandiana" at "E.J. de T.?" At hindi na ipinagpatuloy ni J.C. Balmaseda ang pagsisiyasat sa kahit itinuturing niyáng isang "gusót" na mabigat dahil "may kinaláman pa naman sa pagkamakata ni Francisco Baltazar."

Bílang dagdag na impormasyon, ang *SP* ay kasáma sa kalipunan ni Damiana L. Eugenio ng *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances* (1987). Sa naturang antolohiya, inuri ni D.L. Eugenio ang mga metriko romanse alinsunod sa mga posibleng pinagbuhatang mga lumang salaysay at romanse ng Europa. Kasáma ng *Florante at Laura* (FL) ang *SP* sa kategoryang "*miscellaneous tale types*" at hindi matiyak ang pinagbuhatan. Wika pa ni D.L. Eugenio sa kaniyang dagdag na talâ:

It has been suggested that *Sigesmundo* was written by the great Tagalog poet Balagtas, author of *Florante and Laura*, for which no analogues has been found either. The intricate plot may be worthy of a Balagtas but *Sigesmundo* lacks the lofty thoughts and beautiful language of the *Florante*.

Kung nabása ni J.C. Balmaseda ang kasisipi kong talâ ni D.L. Eugenio ay bakâ lalo siyáng tinigatig sa naging takbo ng “gusót” na hindi niyá binigyan ng angkop na kalutasan noong 1938. Ikinalulungkot ko namang hindi tinukoy ni D.L. Eugenio kung saan nagmulâ ang mungkahing sinulat din ni Balagtas ang *SP*. Sapagkat kung totoo, higit na sumasayá (wika nga ngayon) dahil nagiging komplikado ang isang mahiwagang laro na iniwan sa atin ng Sisne ng Panginay.

Pagsipat sa Panitikang Kapanahon ni Balagtas

Nais kong lumahok sa paglurok ng paksa nating hiwaga sa pamamagitan ng isang pagbása sa *SP* bílang isang tulâng pasalaysay at kahanay ng ibang metriko romanse na sinulat at nalathala sa sinasabing panahon ng pagkasulat sa *FL*—taóng 1838 alinsunod sa pinagtitiwalaan nating saliksik ni Hermenegildo Cruz. Sa proyektong ito, nais ko nang ipagpauna ang mga sumusunod na haka. Una, hindi sinulat ni Balagtas ang *SP*. Ikalawa, ang bersiyon ng *SP* na sinulat ni “Eulogio Julian” at muling inilimbag noong 1914 ang tinutukoy na *Sigismundo* ni Balagtas. Ikatlo, bagaman maaaring napakahabà ng búhay ni “Eulogio Julian” upang manatiling nakasusulat hanggang 1900, hindi siyá ang “E.J de T.” o ang “Eulogio Julian de Tandiana.” Maliwanag ang pagdurugtong ng “de Tandiana” sa pangalan ng makata sa dulo ng ika-19 siglo upang ibukod niyá ang sarili sa “Eulogio Julian” na kapanahon ni Balagtas. Kung sakali namang iisa ang dalawa, hindi ito mahalaga sa aking proyektong pagbása sa *SP* bílang ang “Segismundo” na tinutukoy ni Balagtas sa *FL*. Higit akong mag-uukol ng paliwanag sa una’t ikalawa kong mga haka. Sa pamamagitan nitó ay nais kong sipatin at titigan ang panahon at kaligirang pampanitikang nagsílang sa *FL* ni Balagtas.

Sa ngalan ng kaayusan, kailangan kong unang harapin ang aking ikalawang haka. Paano ba maaaring patunayan na ang *SP* na inilathala ng Imprenta at Libreria ni J. Martinez noong 1914 ay matapat na edisyon ng binanggit na “*Sigismundo*” ni Balagtas noong 1838? Ang unang sagot ay ang tila patakaran ng tapaglathalang J. Martinez na ilimbag nang walâng pagbabago ang mga lumang aklat na muli nitóng inililimbag. Bahagi ito ng ugali noon ng mga imprenta na imbakin ang mga nakakahang tingga ng inilathalang libro, lalo na’t mabenta ang libro, upang makatipid sa gastos at panahon ng paglilipotipya. Kung sakali, nagkakaroon lámang ng bagong edisyon sa limbagan kung nasira ang orihinal na nakakahang

tingga, o kayâ, kung nagkaroon ng koreksiyon (na bihirang mangyari), o kayâ, kung may nais ipakilalang bagong tipo ang lathalaan.

Isang natatanging kaso ang dalawang nabubuhay pang edisyon ng awit na Bernardo Carpio ngunit kapuwa lathala ng J. Martinez. Isa ang may pamagat na *Historia Famosa ni Bernardo Carpio sa Reinong España na anac ni D. Sancho Diaz at ni Doña Jimena* at nilimbag noong 1919. Ikalawa ang may pamagat na *Ang Bantog na Kasaysayan ng kilabot na mandirigma ng Espanya ng panahon ng Haring Alfonso si Bernardo Carpio* na lumabas noong 1945. Bukod sa magkaiba ang pamagat ng dalawa, mahahalata sa ginamit na ispeling sa edisyong 1919 na muling limbag lámang ito ng isang orihinal noong ika-19 siglo. Samantala, may paunang salita mismo ang “palimbagang Martinez” kung bakit naiiba ang edisyong 1945 at ganito ang paliwanag:

Sa muling pagkalimbag ng tulang kasaysayan ng kilabot na mandirigma ng Espanya ng panahon ng haring Alfonso, ang ayos ng pagka-Tagalog ay inialinsunod sa kasalukuyang takbo ng pagsulat upang sa gayo’y madaling mawatasan ng sino mang babasa. Lubhang malinaw ang pagkakalahad ng mga pangyayari at magaan ang pagkaka-Tagalog. Ang pantig ay husto sa bilang; ang tunog sa dulo ng bawa’t taludtod ay tunay na may “rhyme”, wika nga. Sa maliwanag na sabi, ito’y hindi lamang salitang tugma kundi ito’y tunay na tula at hiyas ng Panitikang Tagalog.

Bakit kinailangan ang naturang “pagsasaayos”? Lumitaw ang higit na praktikal na motibo ng J. Martinez sa dulo ng paunang salita at ipakilála ang nagsagawa ng pagbabago sa baybay. Siyá si Ismael J. Santos, isa diumanong makata at kuwentista, ngunit ang higit na mahalaga’y “pangalawang punò” noon “ng Dibisyon ng Pagpapaunlad at Pagmamasid ng Paaralan ng mga Matatanda. (Asst. Chief, Promotion and Supervision Division, Office of Adult Education).” Nais ng J. Martinez na mas tangkilikin ng mga paaralan ang binagong Bernardo Carpio.

Ngunit pinakialaman ni I.J. Santos ang teksto ng *Historia Famosa*. Halimbawa, titigan ang naganap na pagbabago sa mga salita at tugmaan sa unang dalawang sagnong ng dalawang edisyon. Narito ang orihinal na unang mga sagnong ng *Historia Famosa*:

O Dios na Ama nang sang maliuanag
o Divino Verbong santong Dios Anac,
Espiritu Santo na tatlong Personas
ang labi,t, dila co,i, tulungang mangusap/

At cayong lahat na manga apostoles
may papa,t, Obispo manga sacerdotes,
alalayan ninyo ang dila co,t, bibig
matutong magsabi nang ipagsusulit.

Narito naman ang binagong mga saknong ni I.J. Santos:

O Dios na Ama ng Sangkatauhan,
O Divino Verbo, Hesukristong mahal,
Espiritu Santong kabanal-banalan,
Ang labi't dila ko'y tulungang magsaysay.

At kayong lahat na mga apostoles
Papa at Obispo't mga saserdotes,
Alalayan ninyo ang dila ko't bibig
Matutong maghayag ng ipagsusulit.

Kapag sinuri, waring hindi naman ganoon kahalaga ang mga pagbabagong pambokabularyo ni I.J. Santos. Ano ba halimbawa ang naidagdag na kabuluhan ng kaniyang “maghayag” sa orihinal na “magsabi”? Bakâ higit pa ngang mainam ang orihinal dahil higit na maiintindihan ng marami. Ngunit may higit na malaking krimen si I.J. Santos. Ito ang kaniyang pakikialam sa isang hiyas na panretorika ng “mabulaklak na pahayag” na inimbento ng *Historia Famosa*—ang kadena ng mga salita ng pagsinta na binigkas ni Don Sancho sa hardin hábang kaulayaw si Donya Jimena. Ganito ang daloy ng naturang hiyas ng pagpapahayag ng pag-ibig:

Matay co man reina piguili,t, piguilin
piguilin ang sintang sa puso,i, tumiim,
tumiim na sinta cun aquing pauiin
pauiin ay tantong camatayan co rin.

Icamamatay co,i, na sa iyong camay
sa camay mo lamang manao yaring buhay,
buhay co,i, malagot sa iyong harapan
sa harap mo lamang loualhati camtan.

Tunay ang sinta co,t, malaquing pag ibig
pag ibig sa iyong cabutiha,t, diquit,
diquit mo,i, namahay tumiim sa dibdib
sa dibdib co,i, dina ibig na maalis.

Pauin sa puso aco,i, mamamatay
mamamatay aco cun limutin ca naman,
limuti,t, alisin tantong camatayan
cahirapang ito,i, saan pa hahangan.

Taglay ng mga taludtod ang malakas, bombastiko, at paulit-ulit na tinig ng mabulaklak na pahayag. Ngunit sa pagkakataóng ito, ang singsing ng umiikot na mga salitang pantugma na nagiging pansimula ng kasunod na taludtod ay mistulang taimtim na katugma din ng ekstatiko't halos nagdedeliryong damdamin ni Don Sancho. Papamagatan ko itong "Hibik ni Don Sancho kay Donya Jimena" at maituturing na isang orihinal na tayutay sa panulaan. Gagayahin ito ng maraming sumunod na makata't mangingibig ngunit hindi na nilá mapapantayan ang bighani ng pananaludtod na ito ni Huseng Sisiw sa *Historia Famosa*. Subalit masdan ang isinagawang paglapastangan ni I.J. Santos sa naturang hiyas ng panulaang Filipino:

Matay ko man Poong handanga't pigilin
Ang isang pagsintang sa puso'y tumiim,
Pag-ibig sa puso kung aking limutin
Pawiin ay tantong kamatayan ko rin.

Ikasasawi ko'y nasa iyong kamay
Sa mga kamay mo ay nakasalalay;
Kung iyong ligaya yaring kamatayan
Mamamatay akong ang dahil ay IKAW.

Tunay ang hangad ko't malaking pag-ibig
Pag-ibig sa iyong kabutiha't dikit;

Ganda mo'y namahay sa puso ko't dibdib
Sa dibdib ko'y di na ibig na maalis.

Pigilin sa puso ako'y mamamatay
Mamamatay akong ikaw'y minamahal;
Katkatin sa puso ang iyong kariktan,
Ang puso ko'y tila magpapatiwakal.

Mangmang si I.J. Santos upang maunawaang niluráy niyá ang mga pambihirang talulot ng harayang masintahin. O, kung sakali, bahagi si I.J. Santos ng umiral na mainipin at arbitraryong "pagwawasto" sa ika-20 siglo hinggil sa uri ng sentimentalismo ng panulaan sa ika-19 siglo.

Bílang pagbabalik sa *SP*, taglay ng 1914 edisyon ng *SP* ang mga katangian ng pagiging lumang lathala nitó. Kung sakali, ang pahinang pampamagat (*title page*) lámang nitó at ang listahan ng ibang itinitindang aklat ng J. Martinez sa páhina pagkatapos ng salaysay ang mga bagong pahina. Halimbawa, pansinin ang paglalagay ng tuldik sa pangungusap na "Ipinagbibilí sa LIBRERIAN ng itó ang mga sumusunód na aklát sa wikang tagalog." Isang ugali ito na pinasimulan sa ika-20 siglo at bahagi ng repormang ortograpiko na isinulong nina Lope K. Santos. Gayunman, walang makikitang tuldik sa luma't kabuuang teksto ng salaysay ng *SP* at maituturing na pangunahing patunay na muling-limbag ito ng isang lumang edisyon.

Higit na lilitaw ang lumang anyo ng limbag na salaysay ng *SP* kapag tinitigan ang paraan ng pagbaybay sa mga salita. Narito ang saknong 6:

Mundo,i, talastas na ang anomang sarap
nang pagsusunuran may maguiguing pintas
dahilan sa Hari ang puso,i, nabihag
nang tunay na dama nang Reinang marilag.

Ang paggamit ng titik *i* na may kuwit magkabilâ (*,i*) upang kumatawan sa dinaglat na "**ay**" at katulad ng makikita sa "*mundo,i*," at "*puso,i*," ay isang tatak ng paraan ng pagsulat na pinalaganap ng mga gramatikong misyonero sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Gayundin ang ginagawa sa dinaglat na "**at**"

at kinakatawan ng titik t na may kuwit magkabilâ (,t). Pansinin din ang palagiang gamit ng “*nang*” sa mga pagkakataon na kung ngayon ay gagamitan natin ng “**ng**.” Ang anyo ng “*maguiguing*” ay malinaw ding epekto ng pagsunod sa pagbaybay alinsunod sa ortograpiyang Espanyol.

Sa kabilâng dako, ang pag-alis sa mga naturang ugali sa pagbaybay ay maituturing namang pag-alinsunod sa mga repormang ortograpiko sa Tagalog na nagsimula sa mga panukala ni Rizal sa “*Estudios sobre la lengua tagala*” na nailathala noong 1899 at pinalaganap ng mga manunulat sa ika-20 siglo. Alinsunod sa ganitong pagsisiyasat sa paraan ng pagbaybay, kahit inilathala ang isang aklat nitóng ika-20 siglo ay maaaring ituring itong higit na lumang teksto kung nagtataglay ng katangian ng pagbaybay sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Bukod sa *SP*, marami sa mga lathala ng J.Martinez ang may ganitong katangian kayâ mahihinuhang isa ito sa mga pangunahing muling tagalimbag ng mga orihinal at popular na aklat na sinulat o inilathala noong ika-19 siglo.

Isa pang makabuluhang titígan sa wika ng *SP* ay ang anyo ng bokabularyong hiniram sa wikang Espanyol. Sa panahon ng *SP* marami nang salitang Espanyol sa mga wikang katutubo ng Filipinas ngunit pinananatili ang orihinal na baybay sa pagsulat. Halimbawa, ang salitang *pastor* upang tukuyin ang hanapbuhay ni Camilo na nag-ampon kay Laveña. Maaaring sabihin na ang nabanggit na salita ay naging popular sa pamamagitan ng Simbahan, lalo na dahil sa tiyakang malimit banggitin ng mga misyonero na tungkulin nilá bílang mga tagapag-alaga ng sambayanang Kristiyano.

May dalawang paraan ito ng gamit sa pasyon, gaya sa matutunghan sa 1814 edisyon ng *Casaysayan nang Pasióng Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin na Sucat Ipag-alab nang Puso nang Sinomang Babasa*. Una, lumitaw ito sa anyong maramihan—“**pastores**”—upang tukuyin ang mga bantay ng hayop na ginísing ng mga babala kaugnay ng pagsílang ni Jesus sa sabsaban. Bukod sa liwanag na tumanglaw sa paligid ay nanaog ang hukbo ng anghel at nagpahayag sa mga nagitlang bantay o **pastor** ng hayop. Ikalawa, isa ito sa mga epiteto kay Jesus bukod sa “Mesias,” “Cordero,” “Maestro,” “Poon,” at “Cristo.” Sa ika-1177 saknong ng *Pasióng Mahal* ay isinaad ang ganito:

Sapagca **Pastor** cang tunay
nitong mundong cabilugan,
ang ovejang sino pa man,
cundi masoc sa bacuran
hindi nga masasacupan.

Kapanahon ng *Pasiong Mahal* ang *SP*. Ang ibig sabihin, tulad ng ipinakikita sa kaso ng hiniram na *pastor* ay magkapanahon ang dalawang akda at malayo pa ito sa panahong magbabago ang hiniram upang maging "**pastol**" sa ating wika ngayon. Kailangan ding ipanukala na dahil magkapanahon ay nagkakahiraman ang wika ng pasyon, awit, korido, at komedya. Gayunman, higit kong tatalakayin ang bagay na ito sa iba't higit na angkop na bahagi ng aking pagsusuri.

Pansamantala, at hanggang sa dumating ang panahon na ilitaw ng bagong saliksik ang isang edisyon ng *SP* na iba sa sinusuri nating limbag noong 1914 at mapatunayang isa iyong higit na nakatatandang edisyon, ang kasalukuyang limbag ng J. Martinez ang mananatili at maituturing na awtentikong teksto ng *SP* ni "Eulogio Julian."

Buod ng Búhay ni Sigismundo

Hinggil sa aking unang haka, magsimula táyo sa isang pagbubuod ng *SP* batay sa edisyong 1914. Isang pinahabang buod ang gagawin ko. Sa pagbubuod ay magdaragdag ako ng mga detalyeng kailangan ko sa isusunod na pagpapaliwanag.

Si Haring Eleno ng Albania ay nagkaroon ng dalawang anak na lalaki, si Sigismundo na anak niyá kay Reyna Arminda, at si Peleno na anak niyá sa kalaguyong dáma. Sabay halos isinilang ang dalawa. Ngunit bílang pagtupad sa kasunduan ng hari sa kalaguyo, pinagpalit ni Haring Eleno ang mga anak. Lumakí si Peleno na anak ng reyna, bagaman higit na malápit ang puso ng reyna sa hindi nakikilalang tunay na anak. Nagsílang pa ang reyna ng ikalawang anak, si Prinsesa Cloriana.

Kapuwa nagkagusto siná Sigismundo at Peleno kay Policena, anak ni Duke Estorpo at matalik na kaibigan ng hari. Lihim na pinili ni Policena si Sigismundo at lihim din ang ginawa nilang pagtatagpo sa halamanan. Dahil tahasang binigo ni Policena, naisip ni Peleno na ipakausap sa amá si Estorpo pára

makasal silá ng dalaga. Tinupad ng hari ang hiling at ipinagkasundo ni Estorpo si Policena. Tinanggihan ni Policena ang kasunduan. Dinatnan ni Sigismundo ang pag-aaway niná Policena at Estorpo at nangako siyáng patutulong sa reyna. Nangako naman ang reyna na kakausapin ang hari tungkol sa problema.

Dumating ang embahador ng Turquia, nanghihingi ng buwis sa Albania o didigmain ito. Inatasan ng hari si Sigismundo na pamunuan ang hukbo ng Albania sa digmaan. Dahil sa isang matalinong taktika, napuksa halos ang hukbong Turko, kasáma ang heneral na si Abdelramin. Ipinagdiwang ng Albania ang husay ni Sigismundo.

Nagkabunga ang pagtatalik niná Sigismundo at Policena. Ipinaglihim ito ng dukesa hanggang manganak at inisip na lihim na dalhin ang sanggol sa Torre upang doon paalagaan. Nasalubong niyá patungo sa Torre sina Peleno at kaibigang si Eduardo. Dahil sa balatkayo, hindi siyá nakilála ng mga ito at sa kanilá á ibinilin ang pagpapabinyag at pag-ampon sa kaniyang sanggol. Inutusan naman ni Peleno si Eduardo na tupdin ang habilin at hinabol ang tumalilis na si Policena. Sa dulo, natuklasan ni Peleno na si Policena ang iná ng sanggol at hinakang anak ito ni Sigismundo. Sa gayon, binalikan ni Peleno si Eduardo at sinabihang kunin ang sanggol at patayin. Naawa naman si Eduardo sa sanggol kayâ sa halip na patayin ito ay inihanap ng tagapag-ampon sa kanayunan. Pagkatapos, humanap siyá ng isang patay na sanggol at ito ang iniharap kay Peleno. Sinaksak pa ni Peleno ang patay nang sanggol at sakâ iniutos kay Eduardo na ibigay na “regalo” kay Sigismundo. Ginawa ni Eduardo ang utos at ipinagtaká ni Sigismundo ang iniregalo sa kaniyang patay na sanggol sa bandehado.

Pinuntahan ni Sigismundo si Peleno para usisain. Ipinagtapat ni Peleno na ang sanggol ay anak ni Policena. Ininsulto pa nitó ang mababàng pinagmulan ni Sigismundo na ikinapoot ng hulí. Nang akmang dadaluhungin ni Sigismundo si Peleno ay nagsisigaw ito at humingi ng saklolo. Dumating ang hari at reyna. Ipinadakip ng hari si Sigismundo ngunit hiningi ng reyna na ibigay ito sa kaniyang pag-iingat. Pinayuhan din ng reyna si Sigismundo na umalis sa palasyo. Sumunod ang prinsipe at namundok kasáma ang alagad na si Escano. Nanahan silá sa isang kuweba. Sa laot ng pangungulila, naisip ni Sigismundo na lumiham kay Policena at ipinadalá ito kay Escano. Lihim na nakapasok si Escano sa Torre at sinagot ni Policena ang liham ng isang liham din ng pagmamahal. Gayunman, nakita ni

Peleno si Escano at hiningi ang liham ni Policena. Nang tumanggi, pataksil na sinaksak ni Peleno sa likod si Escano, binása ang liham ni Policena, pinalitan ito ng isang sedisyosong liham, at iniwan sa kamay ni Escano.

Si Peleno din ang nag-ulat sa hari hinggil sa natagpuang bangkay ni Escano. Tulad ng inaasahan niyá, nakíta ang huwad na liham at binása ng hari. Naniwala ang hari at maging si Estorpo na hinihimok ni Policena si Sigismundo na magpunta sa Turquia at patulong ibagsak ang Albania. Bílang parusa, inilulan si Policena sa isang daong kapiling ang patay na si Escano at pinabayaang tangayin ng alon. Nagngangalit ang mga alon nang ilunsad ang daong, ngunit mataos na nanghingi ng tulong sa Langit si Policena, at pumayapa ang dagat. Isinumpa naman sa sarili ni Peleno na gagawa siyá ng mga hakbang para makuha ang setro't korona kay Haring Eleno.

Labimpitong taon ang lumipas at dalaga na si Laveña, ang anak nina Segismundo at Policena, na kinupkop ng pastol na si Camilo. Tila siyá si Diana na mahusay pumanà bagaman waláng málay sa pag-ibig. Isang araw, naligáw siyá sa ibayo ng bundok at nasuot sa yungib ni Sigismundo. Papanàin na sana niyá ang lalaki ngunit kung bakit naakit siyá nitó. Lumuhod siyá sa harap ni Sigismundo at hiniling na ampunin nitó. Dagli namang tinanggap ng lalaki ang hindi nakikilalang anak. Sa gabing iyon, tinangay ng alon ang daong ni Policena sa pampang malapit sa kuweba. Nagising si Sigismundo sa malakas na kalabog ng daong na bumangga sa batuhan at nakilála ang tinig ni Policena. Nagkasámang muli ang magsing-irog at ang hindi nilá nakikilalang anak.

Samantala, si Adonais, heneral ng malaking hukbong Turko, ay patungong Albania upang ipaghiganti ang nakaraan niláng pagkatálo. Sa daan, nakíta niyá ang sugatang si Belesario, duke ng Toscana, at sinakloloan. Ikinuwento ni Belesario na nakaduwelo niyá si Federico ng Dinamarca dahil kapuwa nilá nais makuha si Cloriana. Ipinakita ni Belesario ang dalá-daláng retrato ni Cloriana at dagli namang umibig si Adonais sa prinsesa. Hiniram ni Adonais ang damit ni Belesario at mag-isang nagpauna patungong Albania. Natagpuan niyá ang prinsesa sa halamanan (*Jardineria*) at namimitas ng bulaklak. Kaagad siyáng nagpakilála at nagpahayag ng pag-ibig. Sinabihan siyá ni Cloriana na bawal sa kaniyang umibig sa isang Moro. Ipinagtapat ni Adonais na Pelodelpio ang tunay niyang pangalan, anak ng hari ng Masedoña na pinatay ni Abdelramin nang salakayin ng mga Turko ang kaharian, at

inampon lámang ng Emperador Bayoceto. Sa wakas, tinugon ni Cloriana ang pag-ibig ni Adonais, ngunit hindi napigil ng dalaga ang misyón ng heneral na digmain ang Albania.

Kasabay nitó, natagpuan naman ni Tang-credo (kung minsan, “Tang-Credo” ang anyo) ang sugatan ding si Federico, kinaawaan, at ipinagsáma sa Albania. Pagbalik sa kampo ng hukbo, kagyat inutusan ni Adonais si Belesario na mag-embahada sa Albania upang pasukuin ito bago dumanak ang dugo. Tinupad ni Belesario ang atas. Ngunit matigas na nagpasiyá si Haring Eleno na ipagtanggol ang kaharian at hinirang si Tang-credo na pamunuan ang hukbo ng Albania. Nang magkaharap sa larangan ang dalawang hukbo, nakilála ni Adonais ang matalik paláng kaibigang si Tang-credo. Hindi natuloy ang paglalaban. Pinauwi ni Adonais ang hukbo sa Turquia at nagpasabi sa mga kabig na siná Majometo, Parrago, at Abdelices ng dahilang magpapahinga sa Cairo kayâ hindi umuwi. Nagpapista si Haring Eleno. Nagkaroon ng torneo at napatay ni Belesario si Federico. Dahil doon, iniutos ng hari na ipiit si Belesario.

Sa gitna ng pagdiriwang, ipinahayag ni Haring Eleno ang kasulatan ng pagpapakasal ni Cloriana kay Tang-credo. Pumirma si Tang-credo sa kasulatan ngunit humiling na bigyan ng panahong umuwi sa Armenia at makahingi ng pahintulot sa amang Haring Pelemon (kung minsan, “Felemon” ang anyo). Si Adonais naman ang pinahiling ni Haring Eleno. Walâng nagawa si Adonais kundi hilingin ang kalayaan ni Belesario. Nang matupad ito, nagpaalam si Adonais sa hari ngunit lihim na nagdaan sa Torre upang magpaalam kay Cloriana. Sinabi niyá sa prinsesa na limutin siyá at ibaling ang pag-ibig sa kaibigang si Tang-credo. Subalit tumanggi si Cloriana. Nagkataon namang naglalakad ang hari malapit sa pinagtataguan ni Adonais. Biglang lumitaw si Peleno at sinalakay ang amá. Mabilis na sumaklolo si Adonais at tumakas si Peleno at ang kasabwat na si Konde Algastro. Bilang pasasalamat, ibinigay ni Haring Eleno ang kaniyang *Centuron* (sinturon?) sa mysteryosong nagligtas sa kaniya at ibinilin na isuot itong plumahe sa sombrero upang makilála niyá ang tagapagligtas.

Naglakbay patungong Turquia sina Adonais at Belesario. Noon palá naman, napoot nang husto si Emperador Bayoceto sa ulat nina Majometo hinggil sa hindi natuloy na digmaan. Pinagalitan nitó siná Majometo at nag-isip naman ang mga ito na magtaksil. Kasabwat si Brabonel at ibang miyembro ng Konseho, pinatay

nilá si Bayoceto. Sa araw ding iyon ay dumating sina Adonais at pinaslang ang mga taksil. Sa paglalabang naganap, napatay din si Belesario. Naisip ni Adonais na umalis ng Turquia at puntahan si Tang-credo sa Armenia.

Si Tang-credo naman palá ay napadaan sa isang batis at nakita si Laveña. Lubha siyáng nabighani sa mailap na dalaga at hinabol-habol ito. Nang abutan, nagpakilála siyá ngunit winika ni Laveña na alangan siyáng anak ng pastol sa isang prinsipeng tulad ni Tang-credo. Nakagawa rin ng panlilinlang ang dalaga upang makatakas. Ngunit hindi umalis sa bundok na iyon si Tang-credo. Pinaalis niyá ang mga tauhan at nagbúhay ermitanyo sa tabi ng batis. Walâ siyáng ginawa araw-araw kundi umawit at tumugtog. Hanggang magpakíta muli si Laveña at tanggapin ang kaniyang pag-ibig. Hindi sinasadya, nalaglag ang kasunduan at retrato ni Cloriana. Muling nagalit si Laveña at binawi ang pag-ibig. Ipinaliwanag naman ni Tang-credo ang lahat at gumawa ng isang liham sa Haring Eleno upang kumalag sa kasunduan. Ipinadalá niyá ang liham sa isang Juanete. Pagkatapos, naisip ni Laveña na sangguniin nilá ang mga kasáma sa kuweba. Bago sumapit sa kuweba, may mga boses na narinig siná Sigismundo hinggil sa prinsipeng darating. Sa gayon, tinanggap nilá nang maayos si Tang-credo. Inimbita naman siláng lahat ni Tang-credo sa Armenia.

Malaking gálit ni Haring Eleno sa natanggap na liham ni Tang-credo. Maging ang reyna at prinsesa ay napoot sa isinaad na pagkalas ni Tang-credo sa pinirmahang usapan. Upang ibangon ang puri, ipinasiyá ng hari na salakayin ang Armenia. Lumiham si Haring Eleno kay Haring Pelemon na parusahan ang anak dahil sa pagtatalusira sa kasunduan. Kung hindi, didigmain niyá ang Armenia. Hiniling ni Tang-credo na pamunuan ni Sigismundo ang hukbo ng Armenia. Ikinabalisá ito ni Sigismundo dahil magiging kalaban niyá ang sariling ama at kapatid at isang hukbong kapuwa Kristiyano. Gayunman, nanaig sa kaniya ang katwiran ng boses na biktima siyá ng pang-aapi ng amá at kapatid. Laking tuwa ni Tang-credo nang tanggapin ni Sigismundo ang kaniyang hiling.

Sa gabing iyon, nagbalatkayong peregrino si Sigismundo at pumasok sa kampo ng mga kaaway. Nagkataon namang naglalakad din noon sina Haring Eleno at Estorpo at biglang sinalakay sa dilim ng dalawang lalaki. Sumaklolo si Sigismundo at napatay ang isa. Tumakas ang ikalawa. Bílang pasalamat, ibinigay ni Haring Eleno ang bánda sa hindi nakikilalang tagapagligtas. Kinausap siyá ni Sigismundo at sinabing higit niyáng nanaising itigil ng hari ang pakikidigma

dahil laban ito sa utos ni Kristo. Sumang-ayon ang hari sa hiling. Noon bumalik si Estorpo at iniulat na ang napatay na asesino ay si Peleno. Sinaklot ng pagsisisi ang magkaibigan. Ipinagtapat tuloy ng hari ang ginawang pagpapalit sa dalawang anak. Pinagsisihan din ni Estorpo ang ginawang pagmamalupit kay Policena. Nagdalamhati silá sa inaakalang kamatayan ng kaniláng mga anak. Inalo silá ni Sigismundo at inimbitang magpunta sa Armenia.

Samantala, ang nakatakas na si Konde Algastro ay bumalik sa Albania at sinambilat si Cloriana. Dinalá ng sukab ang prinsesa sa gubat at tinangkang gahasain. Ngunit dumating si Adonais at pinatay si Algastro. Nagtungo ang maligayang magkasintahan sa Armenia. Sa korte ni Haring Pelemon, hiniling ni Haring Eleno na iharap ang peregrinong nagligtas sa kaniya at nangakong ililitaw ang kaniyang anak. Lumitaw sina Sigismundo, Policena, at Laveña at nagkaroon ng maligayang muling pagtatagpo ang lahat.

Sa isa pang dako, napipinto namang magduwelo siná Tang-credo at Adonais na kapuwa nagnanais pakasalan ng kabilá si Cloriana. Dumating si Sigismundo at pinigil silá. Nang humarap silá kay Haring Eleno ay nakilála ng hari ang sinturon sa sombrero ni Adonais. Sa gayon, ipinasiya niyang ipakasal si Cloriana kay Adonais. Nakawalá si Tang-credo sa kasunduan at maaari na ngayong pakasal kay Laveña. Ngunit nakapagpahayag ng lungkot si Haring Pelemon dahil isang anak ng pastol lámang ang mapapangasawa ng anak niyáng prinsipe. Dahil sa narinig, lumayas si Laveña at bumalik sa amá-amáhang si Camilo. Ipinagtapat ng pastol ang lahat ng nalalaman niyá tungkol kay Laveña. Pagkatapos, nagsadya silá sa Albania at nanghingi ng pangangalaga sa reyna hábang hinahanap ang kaniyang amá.

Dumating siná Haring Eleno, Sigismundo, Policena, at Cloriana sa Albania. Dumating din si Tang-credo na naghahanap kay Laveña. Noon lumitaw si Eduardo at ipinagtapat ang nangyari at pinatunayan naman ni Camilo. Natuwa si Haring Eleno na makita ang apó. Ikinasal si Sigismundo kay Policena, si Tang-credo kay Laveña, at si Adonais kay Cloriana. Pagkatapos, naging mga hari si Sigismundo sa Albania, si Pelodelpio sa Masedoña, at si Tang-credo sa Armenia.

Masalimuot na Salaysay

Isang komplikadong salaysay ang *SP*, lalo na dahil tinugaygayan ang tatlong kuwento ng pag-ibig sa loob ng 616 sakhong na may aapating taludtod bawat isa at may súkat na lalabindalawahin. Kahanga-hanga ang isinagawang banghay ni “Eulogio Julian” gayundin ang nilikhang mga pagkakataon upang magkalapit at magkalayô at muling magkalapit ang tatlong pares ng magsing-ibig. Sa dakòng ito, ibig kong ipanukala na kapaki-pakinabang ihanay ang *SP* sa ibang inaakalang kapanahong “búhay,” upang sa isang bandá ay matukoy ang matitingkad na katangian nitó bílang pangkalahatang katangiang pampanitikan ng panahon, at sa kabiláng bandá ay maitampok ang mga katangian nitó na maaaring napansin ni Balagtas upang ibukod ito sa mga kapanahong salaysay na patulâ.

Ang totoo, kapansin-pansin ang pagpapaligsahan sa pagpapasalimuot ng naratibo ng mga awit at korido. Halimbawa, maaaring ihambing ang *SP* sa laging binabanggit na obra maestra ni Jose de la Cruz o Huseng Sisiw, ang *Historia Famosa ni Bernardo Carpio* na may edisyon pa hanggang noong 1949 sa pamagat na *Ang Walang Pagkupas na Kasaysayan ni Bernardo Carpio* (BC) at inilathala ng Philippine Book Company. Ang tatsulok ng pag-ibig niná Segismundo, Policena, at Peleno ay maikokompara sa tunggalian niná Don Rubio at Don Sancho sa kamay ni Prinsesa Jimena at nagresulta sa lihim na pagtatalik niná Don Sancho at Jimena at lihim na pagsílang ni Bernardo Carpio. Subalit, sang-ayon na rin sa saliksik ni D.L. Eugenio (1987), hinango lahat ang mga pangyayari sa BC ng Filipinas sa popular na baladang Espanyol at sa duláng *Las Mocedades del Bernardo del Carpio* ni Lope De Vega. Kabaligtaran ito ng pahayag na rin ni D.L. Eugenio na walâ siyáng matagpuang pinagbuhatan ng balangkas ng *SP* sa panitikang Europeo.

Higit pang maitatanghal ang masalimuot na balangkas ng *SP* kapag itinabí sa linear na direksiyon ng pangyayari sa *Kabayong Tabla (KT)* na may edisyon pa hanggang noong 1950 sa pamagat na *Kabayong Tabla: Buhay ng Prinsipe Don Juan at Prinsesa Donya Maria sa Kaharian ng Balensia at Asturias* at inilathala ng Aklatang Lunas. Tulad ng ipinahihiwatig ng pangalawang pamagat ng korido, sinubaybayan lámang nitó ang istorya ng pag-ibig at pakikipagsapalaran niná Prinsipe Juan at Prinsesa Maria. Marami sa mga awit at korido noon ang may banghay na katulad ng *KT* at sumusubaybay lámang sa magulo nga ngunit isang pares ng magsing-ibig. Marahil, isang maaaring itumbas sa banghay ng *SP* ay ang

pinagdugtong-dugtong na pakikipagsapalaran ni Prinsipe Don Juan sa koridong *Ibong Adarna*. Batay sa malaganap na edisyon ng naturang korido na inilathala ng P. Sayo nitóng ika-20 siglo, pagkatapos mabihag ang *Adarna* ay napasuong si Don Juan sa mga mapanganib na abentura pára makatagpo siná Donya Juana, Donya Leonora, at Donya Maria. Wika ko’y “pinagdugtong-dugtong” dahil sang-ayon na rin sa saliksik ni D.L. Eugenio (1987) ay waring hinango ang mga episodeyo ng *Ibong Adarna* sa maraming alamat at kuwentong-bayan ng Europa. Ang pakikipagsapalaran ni Don Juan upang makuha si Donya Maria ay malinaw na isang baryasyon ng tinatawag na “*swan maiden motif*.” Maaari ding suriin ang episodeyong ito katabi ang *Kabayong Tabla* ng Filipinas upang masilip ang malakas na pagkakahawig.

Marahil, isang pinakamalakas na kahambing ng banghay ng *SP* ang napakapopular na *Doce Pares (DP)*. Hango ito sa dakilang metriko romanse ng Pransiya ukol sa búhay ni Emperador Carlo Magno (“Charlemagne” sa Pranses) at ng kaniyang bantog na labindalawang kabalyero sa walâng túgot na kampanya laban sa mga mananakop na Muslim. Sa tunay na kasaysayan, si Emperador Carlo Magno ang matagumpay na pumigil sa pananakop ng mga Muslim sa Europa. Ngunit ang romansa ng pakikidigma ay nagkakulay dahil sa kabayanihan ng mga Pares, lalo na nina Roldan, Oliveros, Gui de Borgoña, at Baldovino na may kani-kaniyang maningning na episodeyo o sariling kuwento sa mga salaysay na Pranses at Espanyol. Sa Filipinas, isa ito sa pinakamahabàng awit at may mga bersiyon sa Tagalog, Kapampangan, Bikol, at Hiligaynon. Lumabas ang bersiyong Tagalog nitó hanggang nitóng 1947 sa pamagat na *Salita at Buhay ng Doce Pares sa Francia na Kampon ng Emperador Carlo Magno hangga nang Ipagkanulo ni Galalon na Nangapatay sa Roncesvalles* at inilathala ng P. Sayo.

Hindi ako magtataká kung lumitaw sa darating na saliksik na likha nga ang *DP* ni Huseng Sisiw. Kahit na nagpakilála sa dulo ng salaysay ang awtor at isinaad na siyá ay si “T.L.C.G.”—mga inisyals na malayò sa buong pangalan ni Jose de la Cruz o sa alyas nitóng Huseng Sisiw. Ngunit uso noon ang pagkukubli sa ibang mga pangalan. Bukod pa, isang dalubhasa lámang na tulad ni Huseng Sisiw ang maaaring sumulat ng *DP*. Napakalinaw ng banghay ng salaysay ng *DP*, lalo na ang pagtatampok sa bawat yugto nang hindi naliligaw mulá sa kabuuang direksiyon ng mga pangyayari at pangkalahatang mensaheng Kristiyano. Dalubhasa kahit ang pagpanday ng mga taludtod na lalabindalawahin at ang walâng sablay

na pagtutugma sa bawat aapating saknong. Ito at ang *BC* ang pamantayang kailangang lampasan ni Balagtas sa kinis, musikalidad, at diwain.

Subalit mahinà ang pagsisikap ng makata ng *DP* upang maging naturalisado ang kaniyang katha. Higit siyáng naging matapat sa kaniyang mga sangguniang Europeo. Ito marahil ang sanhi ng pangyayaring si Bernardo Carpio ay naging katiyap ng maalamat na Haring Tagalog samantalang sinuman sa mga popular na Pares ni Carlo Magno ay hindi naging bahagi ng maalamat na dalumatan ng mga Filipino. May inimbentong mga episode ang makata ng *DP* ngunit upang idagdag lamang sa mga popular na bersiyong Europeo ng *DP* at sa paraang nagpapatunay sa saligang Europeo at Kristiyano ng salaysay. Higit na nais itanghal ng makata ng *DP*, bílang pag-uulit, ang kaniyang matalik na kaalaman sa pinagbuhatang kasaysayang Kanluranin at Kristiyano ng kaniyang pagtulâ. Nais niyáng maging isang totooang “Romansero” sa paraang nais niyáng pantayan ang kakayahan ng mga mang-aawit ng metriko romanse at kantahing kabalyero ng Europa. Sa atin ngayon, ang bagay na ito ang ihihigit ng *SP* sa *DP* sa kabilâ ng higit na masalimuot na banghay at higit na makinis na pananaludtod ng *DP*.

Anakronismo Bilang Krimen?

Datapwat taglay din ng *SP* ang pangkalahatang katangian ng karaniwang mga mahabàng tulâng pasalaysay bago ang *FL*.

Isang pangunahing katangian ng mahabàng salaysay noon ay **anakronismo**. Sa tingin ng mga makabagong kritiko, ito ang pangunahing kahinaan ng mahabàng tulâng pasalaysay noong panahon ng Espanyol. Lagi itong itinuturing na palatandaan ng kamangmangan. Kapag ipinansuri sa mga Romansero ng Filipinas ng ika-19 siglo, isa itong malinaw na katibayan laban sa kaniláng mababaw at limitadong kaalaman hinggil sa kaniláng sinisikap itanghal na “búhay”—ang kasaysayan, lipunan, heograpiya, at kulturang Europeo na kasangkot ng kaniláng awit, korido, at komedya.

Kaipala, likha din ito ng lumaganap na komentaryo ni Vicente Barrantes sa *El Teatro Tagalog* (1889) hinggil sa mababàng uri ng pagsasalin sa mga metriko romanseng Europeo mulâ sa Mexico hanggang sa mga lansangan ng Maynila. Dinalá lámang diumano dito ng mga sundalong Mehikano ni Legazpi ang mga

kuwento ng kagila-gilalas na pakikipagsapalaran ng mga prinsipe, prinsesa, at kabalyero, nagpasalin-salin sa lansangan, hanggang maging awitin ng mga pulubing bulág. Marahil. Marahil, isa iyon sa mga unang paraan ng paglaganap ng panitikang popular mulâng Espanya sa mga unang yugto ng kolonyalismong Espanyol. Marahil, kailangan ang gayong mabagal na introduksiyong sálimbibig sa loob ng unang mga siglo ng pananakop. At marahil, iyon ang sanhi ng matagal na panahon ng pagtanim—(Isipin ang mahabàng panahon ng paghihintay mulâ sa talâ ni Fray Gaspar de San Agustin sa ika-17 siglo.)—bago biglang namulaklak ang awit, korido, at komedyang sa wakas ng ika-18 siglo at bungad ng ika-19 siglo. Walâ namang halimbawa ng sinasabi ni Barrantes na awit ng pulubi mulâ sa maaaring bulgar na pagkukuwento ng mga sundalong Mehikano. Ngunit kung mayroon mang matuklasan, tiyak na hindi ito ang bersiyon ngayon ng Dose Pares o Bernardo Carpio na kinahumalingan sa ika-19 siglo. Sa halip, ang naturang mga awit sa Tagalog ay higit na nagtatanghal ng matalik na kaalaman ng mga Romanserong Filipino sa nabása niláng orihinal sa wikang Espanyol. “Nabása” dahil may mga patunay na bahagi na ng mga aklatan sa Filipinas noong ika-19 siglo ang naturang uri ng panitikan mulang Espanya at mga edukado na sa Espanyol ang mga Romanserong Filipino ng ika-19 siglo na gaya nina Jose dela Cruz, Ananias Zorilla, “Eulogio Julian,” at Balagtas.

Sa maikling salita at mula sa pananaw ng makabagong kritisismo, ang anakronismo ay isang krimen sa kasaysayan, dahil hindi tumutupad ang akda sa mga kahingiang pangkasaysayan ng isang mahusay na salaysay. Halimbawa, may mga detalye na hindi maaaring maganap sa isang tiniyak na panahon o may mga detalye na hindi maaaring makita sa isang pook, o may mga detalye na hindi maaaring taglayin ng isang tao sa isang tiyak na panahon o pook. Pinakamatingkad na anakronismo sa *SP* ang waring hindi pagtanda ng mga tauhan sa kabilâ ng pagbubuntis ni Policena sa isang sanggol at paglipas pa ng labimpitóng taon hanggang magdalaga ang sanggol na si Laveña. Inatasan ni Emperador Bayoceto si Adonais na mag-organisa agad ng hukbo upang ipaghiganti ang paglupig ni Sigismundo sa hukbo ng Turquia ngunit magaganap ang paglusob ni Adonais sa Albania pagkatapos ng mahigit labimpitóng taon o sa panahong pinalayas na si Sigismundo sa palasyo at dalaga na si Laveña.

Bakit kailangang salungguhan ito ng makabagong kritisismo sa Filipinas bilang isang kapintasang pampanitikan? Dahil ang anakronismo ay pangunahing

tinutunggali ng tinatawag na **kaisahan** (*unities*) ni Aristotle upang maging kapani-paniwala ang isang akda. Nangangahulugan ang kaisahan ng matalik na pagkakaugnay ng tagpuan at panahunan, ayon kay Aristotle; at idadagdag pa ng mga neo-klasisistang Pranses ang matalik na kaugnayan ng tauhan sa kaniyang katauhan. Ang mga kaisahang ito ang saligan ng makabagong Realismo sa panitikan.

Ngunit nais kong gamitin ngayon ang anakronismo bílang isang pagsasalaysay na hindi sumasailalim sa panuntunang realista. Walâ-sa-panahon ang isang pangyayari, tauhan, o tagpuan dahil hindi kailangan ng katha upang maging kapani-paniwala. Salungat sa mithiing realista, ang pinakamatayog na balintuna ng **katha** o *fiction* ay nása pagsasalaysay ng katotohanan sa pamamagitan ng mga pangyayaring walâng katunayan. Halimbawa, ano ang kailangang katunayan sa kabayong tabla at lumilipad? Ngunit napabibilis o napababagal ng ganitong agimat o mahika ang panahon sa paglalakbay. Ano ang katunayan upang lumitaw na mahusay na heneral ang isang prinsipé? Sa akdang realista, kailangan sánang nagdaan sa pagsasanay na militar si Sigismundo, o may naging maestro na matandang heneral hábang lumalaki upang maging kapani-paniwala ang matalino niyang pamumunò sa hukbo ng Albania. Ngunit walâng ganitong paghahanda sa *SP* nang biglang hirangin ni Haring Eleno si Sigismundo na mamunò ng hukbong sasagupa sa malaking hukbo ng Turquia at pinagwagian naman niyá.

Gayunman, ang kawalan ng katunayan sa katha ay hindi dapat ituring na kasinungalingan. Sa halip, dapat itong ituring na pagsusúlong sa katotohanan upang hasain ang ating pang-unawa tungo sa di-batid o itaas ang antas ng ating pagbatid sa alam-na. Malinaw na tinutupad ito ng tinatawag ngayong kathang agham (*science fiction*) o sa ibang salita, tinatanggap natin ang kathang agham sa ganitong pagtanaw. Subalit ang pagtawag nating anakroniko sa nakakatulad na pagsuway sa katunayan sa nakalipas na panitikang gaya ng awit at korido ay kinatawan ng higit nating mainiping pagpapahalaga sa ating panitikan ng kolonyalismo. Ipinangalagay nating hindi sinasadya ang itinuturing nating anakronismo o likha ito ng kamangmangan ng awtor sa totoong kasaysayan, heograpiya, at kultura ng Europa sa panahon ng pananakop ng mga Moro o noong Edad Medya.

Sa gayong paraan, itinuturing din nating mangmang ang madla noon na naging magiliw sa pagbabasá ng awit at korido o pagtatanghal ng komedya. Hindi rin nilá alam ang totoong kasaysayan, heograpiya, at kulturang Europeo na ipinakikita sa kanilá ng naturang panitikan. Subalit, kailangan ba nilá ang angkop na karunungan hinahanap natin ngayon? Kailangan ba ng madlang nagiliw sa awit, korido, at komedya ang sapat na karunungan ukol sa kasaysayang Europeo? Dagdag pa, hindi kayâ natuklasan nilá sa awit, korido, at komedya ang maaaring hinahanap niláng mga katangian ng naglahong sinaunang panitikang pasalaysay? Na muli lámang ibinabalik sa kanilá ng awit, korido, at komedya ang hinahangaan nilá noong kapangyarihan ng mga maalamat na tauhan at mga dakilang pangyayari sa kaniláng mga katutubong mito at epikong-bayan? Hindi ba't maraming nagkakatulad na katangian si Bernardo Carpio at si Lam-ang? Hindi ba't ang banal na pinipig na nagpagalíng sa ketong ni Mungan ay katulad din ng balsamo ni Fierabras?

Ang totoo, maraming mahahalaw na ebidensiya sa awit at korido upang mapatunayan ang sapát na kaalamán ng mga anonimong awtor sa pinagmulan ng kaniláng isinusulat na akda. Kapansin-pansin, halimbawa, ang kadalubhasaan ng awtor ng *DP* sa mga orihinal na metriko romanse hinggil sa Dose Pares ni Carlo Magno. Ngunit napaglimi din niyá marahil na isang katha ang Dose Pares mula sa totoong búhay ni Emperador Carlo Magno ng Pransiya. Sa gayon, ang idinagdag pa niyá sa kaniyang bersiyon ng *DP* ay isang pagpapatúloy lámang din sa napaglimi niyang pang-akit ng metriko romanse noon sa Europa. Ang idinagdag pa niyá, at ng mga kapanahon niyáng manlilikha ng awit at korido, na itinuturing nating anakronismo ngayon ay nais kong ipanukala na bunga naman ng inaakala niyáng katangian na makabuluhan sa kaniyang madlang mambabasá at isa sa epekto ng naturalisasyon ng metriko romanse bílang lahok sa nagbabagong panitikang pambansa sa panahon ng kolonyalismong Espanyol.

Ang "búhay" ng Dose Pares ni T.L.C.G. ay hindi na ang *Historia del Emperador Carlo Magno* o ang *Chanson de Roland*. Si Rodrigo de Villas ay hindi na si El Cid Campeador. Ang Turquia ay isa sa mga malayòng lupain ng pangarap. Hindi naman tagasalin lámang ang ating mga Romansero. Napakalaki ng posibilidad ng naganap na muling-pagkatha sa Filipinas sa inangkat na mga metriko romanse at baladang Europeo at malaking bahagi ng naturang proseso sa naturalisasyon ang napagkakamalan ng mga makabagong kritiko na anakronismo.

Isa halimbawang marikit na anak ng malikhaing gawain sa panahong iyon ang súkat na **lalabindalawahin**. Waring isinilang ito matapos ang dalawang siglo ng pagtimpla kung ano ang higit na angkop na anyo ng pahayag para sa iginagayak na pag-angkin sa *metrico romance* at *comedia*. Matagal nilimi ng mga makata natin ang materyales na dulot ng mga misyonero. Dalawang siglong pinagsanayan at inilathala ang unang bulaklak ng eksperimentasyon sa bungad ng ika-19 siglo. Ginamit pa rin ng ating mga Romansero ang taal at kabesado niláng wawaluhin ng dalít. Ngunit kinailangan niláng umimbento ng bagong súkat mulâ sa mga nakaengkuwentrang medida ng panulaang Espanyol. Bilang isang naturalisadong súkat, taglay ng lalabindalawahin ang iláng katangian ng silabikong *alejandrino* (o higit na popular tawaging *cuaderna via*) pati ang paghahati sa dalawang hemistikyo ng *arte mayor*. Subalit hindi sinunod ng lalabindalawahin ang medidang lalabing-apatin na may hati sa ikapitóng pantig ng huwarang Espanyol, bagkus higit na ginunita nitó ang nakatatandang *alexandrine* ng panulaang Pranses (na ang totoo’y mahahalata sa pangalan pa lámang na pinagmulan ng alejandrino) na may silabikong súkat na labindalawang pantig ay may *caesura* matapos ang ikaanim na pantig.

Saloobing Didaktiko

Sa panahunan ng pag-akda sa *SP*, matindi pa ang saloobin ng lehitimong panitikan upang ilahok sa mga tungkulin ng Kristiyanisasyon. Anupa’t malakas ang katangian ng awit at korido na mangaral alinsunod sa mga doktrinang Kristiyano at mga hálagáhang panlipunan at pampolitika na nais pairalin ng Simbahang Katoliko. Pangunahin sa mga ito ang mensaheng kontra-Muslim ng mga salaysay na naglalarawan sa mga digmaan at pakikipagsapalaran ng mga prinsipe’t kabalyerong Europeo. Sa *SP*, kinakatawan ng Turquia ang sangkap na Muslim sa mga sigalot sa búhay ng mga pangunahing tauhang Kristiyano sa Albania, Armenia, at Macedoña. Gayunman, at ito ang isang makabuluhang pagbabago sa didaktikong disenyo ng *SP* patungo sa isa sa sinasabing “apat na himagsik” ni Balagtas, may malinaw na pagsisikap ang *SP* na umiwas sa putí/itim na tunggaliang Kristiyano/Muslim sa awit at korido. Ang lahat ng pangunahing gusot sa *SP* ay nag-uugat sa “orihinal na kasalanan” ni Haring Eleno at sa kabuktutan ng anak-sa-labas na si Peleno.

Wari ngang isang padron ng “himagsik” na panrelihiyon ni Balagtas ay ang unang pagtatagpo ng Kristiyanong prinsesang si Cloriana at ng Muslim na heneral

na si Adonais sa halamanan. Nang maláman ni Cloriana na pinunò si Adonais ng hukbo ng Turquia at nagbabantang sumalakay sa Albania ay pinigil niyá ang tibok ng puso sa pagsasabi kay Adonais na “cayo pala,i, moro at hindi binyagan.” Dito isinagot ni Adonais ang sagnong na halos kawangki ng pahayag ni Aladin kay Florante nang una itong magkamálay:

Ang talastasin mo cun aco may moro
Naguing capintasan umibig sa iyo
Nanunumpa naman itong pagcatauo
Sa cristiano,i, buhat Hari ang ama co.

Nasáyang ang unang bahagi ng sagnong na maituturing na may binhi sana ng makabuluhang pahayag ni Aladin sa sagnong 148-149 ng *FL*:

Kung nasusuklam ka sa aking kandungan,
lason sa puso mo na hindi binyagan,
nakukutya akong di ka saklolohan
sa iyong nasapit na napakarawal.

Ipinahahayag ng pananamit mo
taga-Albanya ka at ako’y Pers’yano;
ikaw ay kaaway ng baya’t sekta ko,
sa lagay mo ngayo’y magkatoto tayo.

Sa salaysay ni Balagtas, hindi naging hadlang ang pagkakaiba ng bayan at relihiyon upang tulungan ng tao ang isang nangangailangan. Sa *SP*, sinupil ang maganda na sánang pagkakataon upang umigpaw na hadlang na panrelihiyon. Kinailangang ibunyag ni Adonais ang tunay niyáng pagkatao—na hindi siyá Moro at isa ring Kristiyanong tulad ni Cloriana—upang makuha ang pag-ibig ng prinsesa.

Sa kabilâ ng nabanggit na pag-iwas sa isang pangunahing motif ng awit at korido, binalikat pa rin ng *SP* ang tungkulin nitóng **didaktiko** para sa pananampalatayang Kristiyano. Dito dapat balikan ang binuksan kong haka hinggil sa relasyon sa pasyon ng ibang panitikan sa panahon ng kolonyalismo. Hindi man hinggil sa búhay ni Hesukristo, may ginaganap na pagwawangki kay Hesukristo sa katangian ng mga bidang tauhan sa awit at korido. Halimbawa,

modelo sa pagiging matulungin sa hamak at nangangailangan at sa kagitingang magpakasakit si Prinsipe Don Juan ng *Ibong Adarna* kayâ nagtagumpay sa misyon. Bukod pa, at tulad sa *DP*, may impluwénsiya ang balangkas ng pasyon na maglagom sa pamamagitan ng Aral sa bawat episodyo. Halos napapatda ang daloy ng salaysay upang bigyan ng puwang ang tinig ng patalastas hinggil sa isang mensaheng panrelihiyon. Halimbawa, sa gitna ng mala-debateng pag-uusap niná Oliveros at Fierabras ay kinailangang ulitin ng kabalyero ang doktrinang Kristiyano sa mga saknong 210-211:

O ang sumuko ka't kumilalang lubos
sa kapangyarihan ng iisang Dios,
at tatlo sa pagka-Personas na puspos
lumalang ng langit at mundong mabilog.

At sa Birhen Santa Mariang pangalan
Ina ng sumakop sa sandaigdigan,
kung ikaw manalig pabinyag na tunay
maligayang Langit iyong makakamtan.

Kahit ang ugali ng pasyon na magsingit ng sipi sa orihinal na anyo nitóng Latin ay taglay ng ganitong taludturan (saknong 32) sa *DP*:

Habang lumalakad pawang nagdiriwang
yaong buong tropa sa giyerang kinamtan,
Laudate domine de coeli eternam
sa bibig ng lahat ang siyang nunukal.

Maaari itong itulad sa saknong 240 ng *Pasióng Mahal*:

Sayang hindi mamagcano
nang boong Langit Imperio
Angeles nanaog dito
ang puri sa Eterno Verbo,
Gloria in excelsis Deo.

Pansinin na sinikap ding pantayan ng taludturan mula sa *DP* ang mahirap na gawain sa *Pasiong Mahal* na isunod sa súkat at tugma ng saknong ang siniping pangungusap sa Latin.

Madaramá sa pananaludtod ng *SP* na kontrolado ang pagsunod nitó sa halimbawa ng *Pasiong Mahal*. Subalit kailangan pa ring ipakita ng awtor ng *SP* na tinitimbang ng mga tauhan ang bagay-bagay sang-ayon sa doktrinang Kristiyano. Nang hilingan ni Tang-credo si Sigismundo na mamunò sa hukbo ng Armeña laban sa hukbo ng Albania, inisip ni Sigismundo kung makatwiran ang pakikipaglaban sa kapuwa Kristiyano. Nang makaharap ng nakabalatkayong si Sigismundo ang ama at amukiin niyá itong itigil ang pakikidigma ay kailangan niyáng sipiin mismo ang “utos nang langit sa tanang binyagan” upang patunayan ang kaniyang mungkahi:

Ani Sigismundo Monarca,i, paquingan
ang utos nang langit sa tanang binyagan
ang nasa sa hirap mangyaring damayan
pauiin sa isip na cun may galit man.

Na cun caya gayon ang sinasalita co
isang pamamanhic Hari sa dangal mo
guerra,i, payapain di utos ni Cristo
na magcamatayan ang capoua cristiano.

Kahit ituring natin ngayong isang akda laban-sa-digma (*anti-war*) ang *SP* at si Sigismundo ay isang tagapagpauna ng tauhang pasipista, sinisikil ng siniping pahayag ni Sigismundo ang naturang posibilidad. Nagiging limitado ang diwaing pangkapayapaan ukol lámang sa daigdig at ugnayang Kristiyano. Pansamantala din, at walâng inihahandog na wakas ang *SP* hinggil sa pakikitungo sa Turquia—sa simbolo ng daigdig na di-Kristiyano. Ang ganitong limitadong saklaw ng didaktismo sa panitikan ng kolonyalismo ang hindi pa ganap na maigpawan ng ating panitikan hanggang sa kasalukuyan sa kabilâ ng modelo ni Balagtas at ng maigting na himagsikang makabansa at realista mulâ sa panahon ng Propaganda at Katipunan. Napakalakas ng didaktisismong Kristiyano. Malimit na nasusupil ng mikrobyong relihiyoso ang kahit isang makabago’t mapagbagong direksiyon sa panitikan ng Filipinas.

Malungkutin at Mabulaklak

Ganito rin ang masasabi sa mga sangkap na bumubuo sa tinatawag na **sentimental** sa panitikan ng kolonyalismo. Nása puso nitó ang lubhang pagpapairal ng damdamin, na karaniwang itinatanghal sa pamamagitan ng mga pasiyáng bunga ng silakbo ng lungkot o poot, ng matinding pag-ibig sa unang pagkikita, at ang mahabà at mabulaklak na pahayag. Sa pamantayang realista, tatak ito ng kawalan ng disiplina. Ang katangiang ito ang malimit na tukuying ugat ng buhaghag na banghay, nakababagot at ulit-ulit na pangyayari, likaw-likaw na pahayag, at di-kapani-paniwalang tagpo sa panitikan noon at hanggang ngayon.

Ngunit may uri ng sentimental na maaaring hindi taal na Filipino at sa halip ay resulta ng kolonyalismo. Halimbawa, ang uring malungkutin. Imposibleng tigib sa pighati ang taal na panitikan ng Filipinas. Ngunit naging dominante ang damdaming ito sa panahon ng pananakop na Espanyol. Pangunahing prototipo nitó ang mahabàng tagulaylay ng Birheng Maria sa pasyon nang masalubong ang anak na si Jesus paakyat sa Kalbaryo. Ang *madre dolorosa* ang tinularan sa mga kanta ng pangungulila ng ina sa anak o ng anak na nawalay sa ina; ng nagkahiwalay na magkasintahan; ng manggagawa, mangingisda, o sinumang nangibang bayan; at naging simbolikong pahayag ng tinawag kong **malungkuting salamisim**—ang harayang saklot ng pighati dahil nasisikil ang katwiran at bait sa loob ng isang lipunang kolonyal.

Umiral sa panahon ng kolonyalismong Espanyol ang isang uri ng tinig na pormal at malakas, tigib sa matinding pighati, at palaging nakatitig sa itaas (sa Langit at sa makapangyarihan) upang maawa at tumulong sa nagsasalita. Pangunahing modelo ng malungkuting salamisim ang **dasal** (sa Langit) at ang **harana** (sa kinaroroonan ng sinisinta). Lantarang ipinahahayag nitó ang kawalang kakayahan ng nagsasalita na hanguin ang sarili mula sa lugmok na katayuan, ang pagtanggap sa sawing tadhana ng tao, at ang lubos na pagsandig sa pag-iral ng awa at kawanggawa.

Lumaganap ito, haka ko noon pa, hindi dahil sa katutubong malungkutin ang mga Filipino. Lumaganap ito dahil sa **nasikil na katwiran**. Waláng maapuhap ang bihag o sákop na kamalayan kundi ang pag-asa sa katubusang naghihintay sa kabilâng-búhay, gaya ng ipinangangako ng pasyon. Ang ibig ko pang sabihin,

pinalulubha ng Kristiyanismo sa pamamagitan ng aral sa pasyon ang pamimighati ng malungkuting salamisim. Hindi tinuturuan ang bihag na kamalayan upang magsikap manindigan at magtiwala sa sarili. Sa halip, ipinangangaral pa na lehitimo ang lugmok na katayuan, pinapayuhan lámang ang tao ng mga paraan upang magtiis at magsakripisyo, at pinangangakuan ng kaluwalhatian pagkaraan ng kamatayan.

Sa panahon ng pagsúlong ng kamulatan—bunga na rin ng hindi ganap na maipagkait na edukasyon at ng mga kaalaman at karunungan hatid ng umuunlad na komersiyo sa ika-19 siglo—natututong bumuo ng sariling pagmumuni ang bihag na kamalayan. (Ang bagay na ito mismo ang itinanghal ni Balagtas sa *FL* at sa pamamagitan ng pagmumuni ni Florante sa nagdaang búhay at karanasan at humantong sa paglaya mulâ sa ganap na malungkuting salamisim tungo sa pagbabalik ng sariling bait at katwiran.) Sa kasaysayan ng panitikang pambansa, sa malungkuting salamisim mag-uugat ang subersibong **hibik** sa panahon ng Propaganda, gaya ng sagutang hibik niná Hermenigildo Flores at Marcelo H. del Pilar. Tigib pa rin sa sentimental na saloobin ang mga hibik nina H. Flores at Plaridel ngunit napapatnubayan ng pang-uuyam sa kairalan dahil sa nagbalik nang sariling bait at katwiran sa panahon ng Propaganda.

May uri naman ng sentimental na maaaring dulot ng pagwawalang-bahala ng awtoridad at ng kawalang-ingat naman ng manunulat sa panahon ng kolonyalismo. Ang ibig sabihin, bunga ng nakubikong na kamalayan, may uri ng “ligtas” na pagtulang pinahintulutan (o inudyukan pa) ng awtoridad, at dahil ipinahintulot ay napagkamalang mainam na katangian at naging manerismo pagkalipas ng mahabang panahon. Halimbawa, ang uring may **mabulaklak na paglalarawan**. Hitik ito sa eksaherasyon at ng tinatawag na “paglulubid ng buhangin” dahil mistulang pumpon ng maririkit na kasinungalingan. Tikman halimbawa ang matagal na titig sa kagandahan ni Floripes sa *DP* upang patunayang isa siyang “himala sa ganda at dilag” (mga saknong 452-454):

Ang kulay ng puti gatas ang kapara
mapula ang pisnging kaliga-ligaya,
pilik-mata’t kilay sa itim ay sadya
ang ilong ay hayap bulagaw ang mata.

Makinis ang labi't madilag ang titig
maputi ang ngipi't kristal ang kawangis,
ang tabas ng mukha'y mistulang linalik
na parang sinukat sa kiyas at tindig.

At ang baba niya'y marikit ang bilog
hilog gintong pino katulad ng buhok,
baywang ay malilit na nakalulugod
at saka ang taas sa katawa'y ayos.

May karugtong pa ito. At kung iisipin, mukha pa lámang ni Floripes ang napagtutuonan ng paglalarawan. Ang buong layunin ay bigyan ng katwiran kung bakit kaagad nabighani si Gui de Borgoña sa isang kagandahang Muslim. Sino ba namang alferez o fraile ang magbabawal sa ganitong pagmamalabis sa paggamit ng salita? Bakâ nga pinagtawanan lámang ito noon ng awtoridad at itinuring na marikit na kabalbalan ng malikot na guniguni ng makatang Indio. At kayâ nga nakamihasnang ugali sa mga pagdiriwang na itinuturing na aliwan ang pagpapataasan ng kasinungalingan sa paraang patulâ. Kaipala, sa ganito ring ulit-ulit na paglalarawan ng kagandahan mahahalina ang nakubikong na kamalayan ng sákop na Filipino upang manatiling nabibighani sa estetika ng “maputîng” kutis, “ginintuang” buhok, at “maliit” na baywang.

May mga halimbawa ng orihinalidad sa pagsasagawa ng mabulaklak na pahayag. Nabanggit ko na ang “Hibik ni Don Sancho kay Donya Jimena” bílang isang hiyas ng ganitong retorikong pagtulâ. Sa isang mahusay na artesano, isang lehitimong tungkulin ang paglalaro sa salita kapag hinihingi ng pagkakataón at lalò na upang paragsain at parubdubin ang isang damdamin. Ngunit sa tersera klaseng mambeberso, isa itong bulgar na artipisyo, isang “arte” lámang, isang makulay na palamuti upang magkunwang may lalim ang mababaw o upang mapagtakpan ang di-totoo.

Samantala, ang mabulaklak na paglalarawan ng kagandahan ay magiging tatak ng kasinungalingan bílang katotohanan sa lipunang kolonyal. Nagkaroon ito ng maningning na supling sa pagtulâng **loa** mulang ika-17 siglo at sa tulâng **pangkoronasyon** ng ika-20 siglo. Iisa ang tungkulin ng naturang mga tulâ—magparangal sa paksa. Sa loa, upang “sabugan ng kamanyang,”

wika nga, ang isang tampok na panauhin sa pista o ang isang bagong hirang o halal na opisyal ng bayan. Sa pagpuputong, upang ipagparangalang pinakamagandang babae sa balát ng lupa ang reyna o musa ng pagdiriwang. Hinahangaan ang makata sa kakayahan niyang bumigkas ng napakahabang papuri at sa kapangyarihang magtipon ng mga eksaherasyon at maririkit na pang-uri sukdang magtahi ng milya-milyang magagandang kasinungalingan.

Hahantong ang ugaling ito ng mabulaklak na paglalarawan hanggang sa maliligoy na pahayag at pangangatwiran at sa pasikot-sikot na balangkas ng pagsasalaysay. Ang madaldal, bolero, at bombastiko ay inaring pormal na katangian ng tulâ. Nawalâ ang mapagpahiwatig bílang malikhain. Nagpuro salitang walang nilalaman ang saknong. At sa entablado, inakalang ang pantainga ay pang-isip. Makararating ang ugaling ito hanggang sa mga akdang popular ng ika-20 siglo at sa pinahahabang dulang "paiyakan" sa radyo, telebisyon, at pelikula.

Sa loob ng panahon ng kolonyalismo, naging malaganap ang pagtulang sentimental. Hindi kataká-taká na ituring itong katutubong katangian ng pagtulang Filipino. Tinawag itong *romantic agony* ng isang kritiko ngunit upang ipagmalaki ang mabulaklak at maligoy bílang marikit na palamuti sa matinding hinagpis na dinaramdam ng makatang lumikha ng pasyon ni Kristo, hinagpis ni Bernardo Carpio, at maging ng nakapugal sa punongkahoy na si Florante. Napagkamalan ang malungkutin bílang taal na katangian ng harayang Filipino. Nakaligtaan ang sinaunang halimbawa ng mga tanaga, dalít, diyona, at awiting-bayan na kung hindi nagdudulot ng masayang siste ay tigib sa disiplinado't malalim na pahiwatig.

Gayunman, makabuluhang muling idiin sa paggunita natin ngayon na hindi ito bunga ng likás na kamangmangan ng harayang Filipino. Unang-una, ang paksa at diwa ng salaysay sa awit at korido ay limitado sa ipinahihintulot ng awtoridad. Ang munting pagluluwag sa publikasyon noong bungad ng ika-19 siglo ay nása ilalim pa rin ng mahigpit na pangangasiwa ng mapaniil, kolonyal, at piyudal na kairalan. Hindi naman kapani-paniwala ang biglang paglusog ng bait at katwiran. Maaari pa ngang ituring na tsamba at abnormal ang gayong paminhian ng himagsik kapag inisip na kailangan ang sapát (matagal) na panahon upang mahimasmasan ang lugmok at nakubikong na kamalayan ng kolonyal na haraya. Katapat na salamin lámang ng dominanteng kultura ang popular na kultura. Maaaring may maganap na pagsisikap ang sákop na haraya upang tuklasin ang natitirang anino at lakas ng

katutubo subalit sa paraang iniligaw ding sapilitan ng mapaniil na kairalan. Ang mabagsik na tunggalian ng katutubo at ng banyaga sa panahon ng pananakop ay nangangailangan pa ng isang higit na masinop na pagtitig upang ganap na maitanghal ang naging tungkulin at bahagi ng katutubo o ng banyaga sa bawat singkretiko't naturalisadong hubog pampanitikan at pangkultura ng harayang biktima ng pananakop.

Kritik sa Kaligirang Pampanitikan

Sa kasaysayan ng Filipinas, karaniwang itanghal ang ika-19 siglo bilang yugto ng mga biglang pagbabago. Isang bagay ito na tiyakang epekto ng magulong politika sa Espanya, na nagbunga ng mga himagsikan sa Amerika Latina, at naging palatandaan ng pagbagsak ng kapangyarihang Espanyol. Sinasalamín ng pagsigabo ng awit, korido, at komedya ang bagong sigla ng kabuhayan sa Filipinas. Kapag sinípat ang mabagal at patag na patag na paglipas ng panahong pampanitikan sa nakaraang dalawang dantaon, isang nakagugúlat na sigla ang publikasyon ng mga awit at korido at ang pagsibol ng teatro para sa komedya na tinangkilik ng madlang sekular.

Kailangang banggitin na ang pagluluwag sa publikasyon sa dakong ito ng pambansang kasaysayan ay bunga rin ng pagsisimula ng paglilimbag bilang isang pribadong industriya. Dumami ang bilang ng mga imprenta at nawalâ sa monopolyo ng mga korporasyong relihiyoso ang paglilimbag. Ang paglalathala sa mga awit at korido ay mistula mismong senyas ng paghulagpos ng panitikan mulâ sa mahigpit na kontrol ng mga fraile, ng paglipat ng tungkuling relihiyoso tungo sa balikat na sekular (isang panimulang simbolo ng adhikang Sekularisasyon) mula sa absolutong Awtoridad ng banyagang tagapamagitan ng Langit at ng sambayanang tagalupa. Dulot pa rin ng kolonyalismo ang mga awit at korido at inaasahang kasangkapan sa pagpapalaganap o pagpapanatili ng Kristiyanismo sa Filipinas. Ngunit nakabukás ito sa isasagawang pagbago ng malikhaing awtor na Indio.

Sa gayong pagtingin, dapat pigilin ang anumang simbuyo na ituring ang *FL* na tila kabuteng isinílang sa isang pagas na kaparangang pampanitikan. Sa halip, higit na dapat muling kathain ang unang yugto ng ika-19 siglo at ituring itong dakilang balantok ng naturalisadong panitikang idinulot ng kolonyalismo.

Nagkaroon ng pambihirang sigla ang panitikan sa pamamagitan ng mga awit, korido, at komedya. Napakagandang isipin ang pagluluwag na naganap sa uri ng babasahing popular. Relihiyoso pa rin sa kabuuan ang babasahin ng mga Indio. Ngunit sa halip na nobena, rosaryo, at mga awit pansimbahan, nakapag-aaliw ang ordinaryong mamamayan na marunong bumása sa pamamagitan ng pagtugaygay sa nakalimbag na pakikipagsapalaran ng mga prinsipe't kabalyero. Ang hindi marunong bumása ay may pagkakataóng makinig sa mga pampublikong pagbigkas at pag-awit. Kung gabi, sa tanglaw ng sulo, nakapanonood siyá ng mga paseo, torneo't batalya ng mga Muslim at Kristiyano sa entabladong kahoy at kawayan. Nagiging bahagi ng kaniyang pakikipag-usap ang Francia, Turquia, o Portugal at ang istorya ni Haring Alejandro, Donya Ines, o Gonzalo de Cordoba. Hindi lámang nabuksan ang daungan ng Maynila sa sari-saring kalakal at mangangalakal; nabuksan din ang isip ng mga Indio sa sari-saring kultura ng mundo.

Ngayon, itinuturing na dakilang obra ang *FL* ni Balagtas sa unang yugto ng pagbabago sa ika-19 siglo. Nangangahulugan ba na kinatawán ang *FL* ng karaniwang uri ng panitikang nalimbag sa panahong iyon? O tulad ng ipinangalandakan ni Lope K. Santos (1955) na "apat na himagsik ni Balagtas" ay sumalungat ang *FL* sa pangunahing daloy ng panitikan sa bungad ng ika-19 siglo?

Makiling ang lahat ng nagdaang mga pagbása kay Balagtas pára pumanig sa ikalawa kong tanong. Mulâ kay Rizal, Bonifacio, Hermenegildo Cruz, Epifanio de los Santos, at hanggang sa kasalukuyan, itinuturing na dakila ang *FL* dahil umigpaw sa umiral na mga katangian ng panitikang nakalimbag sa bungad ng ika-19 siglo. Nais ko pang ipanukala na ang *FL* ay isang kritik—sa pakahulugan ni Kant ng salitang ito sa Aleman at nawawangis sa *critique* ng Pranses—ng kaligirang pampanitikan ni Balagtas sa panahong iyon. Isang kritik sa pamamagitan ng sariling halimbawa ang *FL* laban sa anyo at nilalaman ng sumilakbong panitikan na pinangungunahan ng mga naturalisadong awit, korido, at komedya. Nilikha ni Balagtas ang *FL* upang ipakita sa mga kapanahon ang mga malikhaing posibilidad ng popular na anyong pampanitikan noon samantalang iwinawaksi ang mga kahinaang tinutukoy ngayon ng mga makabagong kritiko. Naramdaman na ito ng mga makatang Balagtasista sa bungad ng ika-20 siglo kayâ itinuring nilá ang *FL* na isa ring bukál at sangguniang aklat sa poetika bukod sa taluktok ng pagtulâng Filipino sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Para sa mga Balagtasista, sininop sa *FL* ni Balagtas ang mga panuto sa wasto at tradisyonal na tugma't súkat at

nilagom ang mga katangi-tanging tayutay at paraan ng pahayag para sa sumunod na mga henerasyon ng makata.

Gayunman, nais ko pang ipaliwanag ang kritik ni Balagtas sa kaniyang kaligiráng pampanitikan.

Unang nais kong talakayin ang pangaral ni Balagtas sa pamamagitan ng *FL* hinggil sa paglikha ng orihinal na salaysay. May pahayag si Balagtas na ang *Pinagdaanang Buhay ni Florante at ni Laura sa Kahariang Albania* ay “Kinuha sa madlang *Cuadro Historico* o pinturang nagsasabi sa mga nangyayari nang unang panahon sa Imperyo ng Gresya.” Ngunit wika ni D.L. Eugenio (1987), “No source or analogue has been found for *Florante and Laura*, and perhaps there is none, for it is commonly supposed that Balagtas, in writing it, used the romance form only as a disguise for a satire against the abuses of the Spanish colonizers. He fashions a story out of conventional romance motifs: setting in some remote foreign kingdom; brave and handsome heroes and beautiful and faithful heroines; a maiden disguised as a warrior to look for her lover; abandonment in a forest; forged letters; abductions; a Christian captive maiden being forced to marry a Moor; and conversions.” Sa gayon, hanggang waláng naililitaw ang ating mga mananaliksik na *Cuadro Historico* upang patunayang nagsasabi ng totoo si Balagtas at maitanghal ang utang-na-loob dito ni Balagtas ay nararapat na ituring ang *FL* bílang orihinal na akda.

Ngunit, gaya rin ng isinaad ni D.L. Eugenio, pinaglaruan ni Balagtas ang mga kumbensiyon sa *metrico romance*. At malinaw ang kaniyang motibo. Nais niyang punahín sa pamamagitan ng sarili bílang halimbawa ang namamayaning mga hindi kanais-nais na katangian noon ng awit at korido hábang ginagamit ang mga kumbensiyonal na motíf na matatagpuan din sa mga pangunahing awit at korido. Ito ang buod ng tinagurian ni L.K. Santos (1955) na “apat na himagsik” ni Balagtas. Nais ni Balagtas na ipakitang halimbawa ang sarili kung paanong matalino’t malikhaing kasangkapanin ang mga kumbensiyonal na sangkap ng *metrico romance*.

Unang-unang nadisiplina ang maligoy at buhaghag na pagsasalaysay. Sa pamamagitan ng maingat at selektibong pagbabalik sa nakaraan ng apat na pangunahing tauhan sa takdang sandali ng kaniláng pagdanas sa kasalukuyan ay naigot ang panahunan ng salaysay sa loob ng iláng araw. Ikalawang nadisiplina

ang pangangaral upang gamiting lagom sa iba't ibang mukha at yugto ng búhay, katulad ng naging tungkulin ng mga katutubo't sinaunang salawikain, at sa paraang umiiwas sa tahasang pagsipi sa pasyon at doktrinang Kristiyano. Didaktiko din ang *FL* ngunit hindi relihiyoso. Ikatlong nadisiplina ang sarado't puti/itim na tunggalian ng Muslim at Kristiyano upang itanghal na walâ sa relihiyon ang kabutihan at kasamaan ng tao samantalang idiniin ang makabago't eksistensiya na problema ng pagiging tao at makatao. Ang *FL* ay totoong isang poetika para sa mga makata, isang kodipikasyon ng tradisyonal na pagtulâ, gaya ng pagpapahalaga ng mga Balagtasista. Ngunit higit pa doon ang panukala kong kabuluhan ng *FL* bilang kritik ng kaligirang pampanitikan sa bungad ng ika-19 siglo. Sa ganitong panukalang pagsipat maituturo ang kabuluhan ng awit ni Balagtas para sa naging mapagpalayang direksiyon ng panitikang pambansa bago matapos ang naturang siglo. Ang hakang proyektong ito ni Balagtas ay maituturing na ninuno ng anumang uri ng pormalismong mahigpit at matalik na isinasanib sa mithiing makabansa ng kinagisnang panahon.

Iláng ulit ko nang natalakay ang pagbabalik ng **bait at katwiran** sa pamamagitan ng *FL*. Isang napakahalagang bitling si Balagtas tungo sa paglaya ng **diwang masayahin** na sinikil sa panahon ng kolonyalismo at sa mga panimulang pagmumuni hinggil sa pag-ibig sa bayan at kalayaan na susulong sa panahon ng Propaganda at maglulundo sa Himagsikang 1896. Ang muling-pagkabúhay at aktibasyon ng mga ito ay bahagi ng mekanismong pinakilos ng kritik ni Balagtas sa kaniyang kaligirang pampanitikan.

Titigan pa natin ito sa ibang anggulo. Halimbawa, ang paggamit ng mahika at kababalaghan. Nabanggit ko nang isang pangunahing sangkap ito ng *metrico romance* at maaaring ikinagiliw din ng madlang Filipino dahil sa alaala ng sinaunang mga agimat at kagila-gilalas na pangyayari sa katutubong panitikang-bayan. Hanggang sa *SP*, kinatawán ito ng pakikialam ng Langit sa kapalaran ni Policena nang itapon sa dagat at sa mga mahiwagang "boses" na naririnig at nagbibigay ng patnubay kay Sigismundo. Gayunman, bahagi ng "himagsik" ni Balagtas ang ganap na pagtatakwil sa aliw at kapangyarihan ng mahika at kababalaghan. Nalagay at nakaahon sa mga malubhang panganib at kagipitan ang mga bayani ng *FL* ngunit hindi nakialam ang Langit at mga diyoses at hindi silâ sumandig sa anumang mahimalang ahensiya ng kaligtasan.

Dalisay na tunggaliang tao laban sa tao ang salaysay ni Balagtas. Nagtagumpay ang mga bayani dahil sa angking kagitingan sa kabilâ ng matatalinong pakana at kapangyarihan ng mga katunggali. May hibò pa rin ito ng romansa, alinsunod sa arketipo ni Northrop Frye, subalit para sa kasaysayan ng panitikan ng Filipinas ay inihuhudyat na nitó ang pagpasok ng Realismo—isang bagay na karaniwang ipinababadya sa mga nobela ni Rizal at sa pagsilakbo ng kathang tuluyan sa ika-20 siglo. (Higit pang mapatutunayan ang haka kong ito kapag pinag-aralan ang naging takbo ng mahabàng tulâng pasalaysay sa ika-19 siglo pagkatapos ng *FL* at bago malathala ang mga kathang tuluyan sa wikang Espanyol.) Higit nang tao bílang tauhan sina Florante at Aladin kapag ikinompara sa heroikong imahen niná Bernardo Carpio, Oliveros, Rodrigo de Villas, at Haring Arturo. Bukod pa, at isang pailalim itong himagsik sa Kristiyanong kairalan, mga tauhan siláng natútong umasa sa sarili sapagkat napatunayan niláng bingi ang Langit sa kaniláng paghibik at paghingi ng awa.

Nakasalig sa ipinahiwatig na makatunayang himig ng *FL* ang pagbása na isang satira ito (alalahanin ang wika ni D.L. Eugenio hinggil dito) sa kasalukuyan noong estado ng Filipinas sa ilalim ng ganid at abusadong maykapangyarihang kolonyalista. Ang Albania ay hindi isang malayòng lupain. Ang sinapit na kasawian nina Florante ay hindi katha-kathang pangyayari noon. Sa halip, ang buong *FL* ay isang pagkatha sa dito at ngayon. “Dito at ngayon”—ang puso ng pagkatha alinsunod sa ideolohiya ng Realismo. Laban sa “doon at noon” ng alamat at romansa.

Sa kasaysayang pampanitikan ng bansa, nangangahulugan din ito ng pagbabalik ng haraya mulâ sa sapilitang paglalakbay sa doon at noon. Minsan ko nang tinalakay ang naganap na alyenasyon ng imahinasyong Filipino sa panahon ng kolonyalismo at inihalintulad ko ito kay Anteus na nanghinà nang saklutin ni Herakles at itaas sa himpapawid. Anak ni Gaia si Anteus at kayâ walàng-hanggan ang lakas nitó hangga’t nakasayad ang mga paa sa lupa. Ang isinagawang pagtataas ni Herakles kay Anteus sa himpapawid ay maitutulad sa naging mapanggayang uri ng panitikan sa panahon ng kolonyalismo dahil napilitang paksain ang mga bagay na Bibliko dili kayâ’y kasaysayan sa Europa. Nawalâ sa sariling lupa ang panitikan ng Filipinas. At nawalan ito ng awtentisidad. Hindi sapat kahit ang pinakamatingkad na palatandaan ng naturalisasyon sa awit, korido, at komedyang.

Kailangan samakatwid ang higit na malikhaing pagkilos upang maibalik ang pandamá ng mga manunulat ukol sa nagaganap sa kaniláng paligid. At tinupad ito ng gawaing makatunayan ng *FL*.

Sa ating kasaysayang pampanitikan, ang *FL* ang unang malinaw na kilos upang ibalik ang mga paa ng haraya sa tinubuang lupa. Hindi lámang ito isang subersiyon sa umiiral na katangian ng mga awit at korido. Isa itong marikit na makinasyon laban sa buong makinarya ng kolonyalismong Espanyol. Ang subersibong epekto ng *FL* alinsunod sa naging pagbása halimbawa nina Rizal at Bonifacio ang ugat ng malaganap na hinuhang isa itong satira laban sa kairalang kolonyal.

Nagsimula si Balagtas sa natibistang manyobra ng “Kay Celia”—isang hibik na pag-aalay ng tulâ sa isang mutyang India sa halip na isang patrong Kristiyano. Ang hibik ay naging katwiran sa paggunita sa mga naglahong “bakás” ng pagsinta sa mga totoong pook sa Filipinas. Ang mga pook “dito” na gaya ng Beata’t Hilom, Ilog Makati, at Bai sa halip na Jerusalem o Roma ng “doon at noon.” Ito mismo ang matibay na sandigan ng hinuha na ang Albania sa “Punò ng Salita” ng *FL* ay simbolikong lunán lámang para sa Filipinas. Anupa’t ang mahabà’t mapait na hibik ni Florante, mulâ sa saknong na:

Sa loob at labas ng bayan kong sawi
kaliluha,y siyang nangyayaring hari,
kagalinga’t bait ay nalulugami
ininis sa hukay ng dusa’t pighati.

ay itinuturing na sakdal laban sa totoong nagaganap sa lipunang Filipino noong 1838. At narito pa ang siste, ang subersibong mithi ng *FL*, kung sakali, ay matalinong napagtakpan ng tinatalakay nating birtud ng *FL* bílang kritik sa kaligirang pampanitikan nitó. Humanga kahit ang mga pari sa kinis ng pananaludtod at orihinalidad ng obra maestra ni Balagtas at hindi napansin ang subersibong tungkuling pampolitika nitó.

Himig na Pabaligho

Kailangang titígan pa ang kabuuang himig ng “Sa Babasa Nito” upang higit na mapagtibay ang subersibong intensiyon sa *FL* ni Balagtas. Sa mga pagkakataóng katulad ng “Sa Babasa Nito,” karaniwan nang ipinagpapauna ng mga makata ng awit at korido ang paghingi ng paumanhin dahil sa mga posibleng pagkukulang at pagkakamali sa paglikha at pagbalangkas ng kaniláng salaysay. Malimit na inihihingi ng tawad sa mambabasá ang kahinaan sa doktrina ng makata at kahit na ang maaaring pagkakamali sa pananaludtod. Sa *SP*, kaagad ipinagpauna ni “Eulogio Julian” ang tákot sa napakabigat na responsabilidad ng gagawing pagsasalaysay. Daig pa niyá si Kristo na umaasa sa kakamting “Corona nang pula” at kayâ nanghihingi ng tulong at habag sa kaniyang mambabasá:

Ang binalangcas co na naging libangan
Corona nang pula na di naigtaran
cayong bumabasa,i, bahalang mag atang
sa susuungin cong manga cahihian.

Caya,i, ang samo co daluyan nang habag
ang pagca aba co sa macacaharap
houag ibulusoc sa pagcapahamac
sa alin mang isip nitong mamimintas.

Bahagi ng mapagpakumbabâng himig ng makata ang pagtingala sa mambabasá bílang may nakahihigit na “bait at katwiran” bukod sa angking karunungan. Aaminin niyang hinango lámang niyá sa ibang mga kasulatan ang isasalaysay at kayâ maaaring magkamali sa interpretasyon. Ganito ang diwa ng may-akda ng *DP* sa pagsasabing:

kayâ oh nanasa kung may maling sabi
punan ng husto mong bait na sarili.

At idinugtong pa niyáng hindi siyá Diyos—ang ibig sabihin, tao lámang siyá at kahit sabihin pang “may dunong na pantas” ay maaaring magkamali. Higit pa at bukod sa pagsisikap maging mapagpakumbabâ, ang paghingi ng tawad at habag sa mambabasá ay napapatnubayan ng doktrinang Kristiyano hinggil sa

hamak na katayuan ng makata bílang tao. Dahil tao lámang, nakatadhana siyáng magkamali, isang pananaw na tiyak na tumataliwas sa romantisistang konsepto ng makata bilang propeta o baliw na sinasaniban ng espiritu ng mga bathala.

Ibang-iba ang posisyon ng mapitagan ding makata ng “Sa Babasa Nito.”

May paimbabaw din itong panawagan pára sa karampatang pagpapahalaga ng mambabasá. Sinabi kong “paimbabaw,” at mulâ iyon sa aking naramdamang naiibang pailalim na himig sa buong “Sa Babasa Nito.” Tulad ni “Eulogio Julian,” ipinagtapat ng makata na posibleng lumitaw na “bukal ng bait na kapós” ang kaniyang tulâ. Ngunit nagsimula ito sa paggigiit na posible ring “pakikinabangan ng ibig tumarok” ang kaniyang tulâ. Ayaw niyáng tanggapin na ganap na waláng silbi ang kaniyang obra. Tinawag din niyáng “pantás” ang mambabasá, bukod sa malambing na “O nanasang irog,” ngunit upang hikayatin na “namnaming” mabuti ang kaniyang tulâ bago hatulang “hilaw at mura ang balat.” Ang ibig sabihin, pinapayuhan din niyá itong huwag magpadalá sa bigla at unang tingin, huwag magtiwala sa unang kagat at tikim; dahil maaaring kung bagá sa prutas ay hindi kanais-nais ang balát ng kaniyang tula ngunit may itinatagong pakinabang at kailangang namnamin nang buo upang malasap ang iwing sarap.

Sa unang dalawang saknong pa lámang, sa gayon, ay nakangiti na ang himig na pabaligho ng “Sa Babasa Nito.” Hindi ito ang ipokritong manunulat na nagkukunwang kulang sa dunong at nanghihingi ng higit na mapag-unawa at maawaing pagbása sa madla. Sa halip, ang paunang salita ng makata ng *FL* ay humahámon sa kakayahan ng mambabasá-kritiko (o ng mambabasá bílang kritiko) upang higit na pakinabangan ang kaniyang akda. Ang babala niyá hinggil sa kailangang tiyaga sa paglasap ng kaniyang akda ay maaari pang ituring na tinitimping puná sa uri ng pagbása sa panitikan noong panahon niyá. Kung bagá, pinupuná niyá na hanggang rabaw lámang ang pagpapahalaga sa akda, patikim-tikim lamang, literal. Hindi sa gayon, naliliming ganap ang maaaring inihahandog na kabaguhan ng sumulat. O kayâ, ang mababaw na paraan ng pagpapahalaga sa akda ay hindi nakagaganyak sa manunulat upang magdulot ng kabaguhan.

Ang sumunod na ikatlo, ikaapat, at ikalimang saknong ang tahas na patnubay sa mambabasá-kritiko. Bukod sa pabalighong himig, mararamdaman pa sa bukana ng ikatlong saknong ang tila tigas ng kalooban ng makata sa kabilâ sa

pagkilála sa kapangyarihan ng mambabasá. Pagkatapos malathala ang isang akda, hari ang mambabasá sa kung anuman ang gawin nitóng interpretasyon sa akda. Ngunit pasubali pa rin ni Balagtas, wala sa awtoridad ng mambabasá ang pagbago o pakikialam sa kaniyang berso.

(Maaari pang limiin ngayon ang ibig sabihin ng “huwag mo lamang baguhin ang berso” ni Balagtas. Tinutukoy ba nitó ang lupon sa Censura? O ang karamihan sa mga fraile na natitiyak nating may napakababàng pagtingin sa awit at korido at maaari ngang hayagang pinagtatawanan ang pagkagiliw ng mga Indio sa isang uri ng panitikang matagal nang nalaós sa Europa? Sa kabilâng dako, maaari kayâng isang propetikong patamà din ito sa nagaganap na pagbago sa kaniyang berso ngayon dahil sa *overreading* ng mga guro na halos ituring na isang ganap na alegorya, ala-*Comedia* ni Dante, ang *FL*?)

Ang ikaapat na saknong ay maaaring ituring na isang babala naman laban sa doktrinadong pagbása ng akda. Huwag diumanong maliitin agad ang sinabi sa isang akda. Sapagkat maaaring ituring na “katkátin at likô” ang idea dahil tinititigan lámang alinsunod sa isang establisadong paniwala. Kayâ ipinapayo ng makata na ibukás ng mambabasá-kritiko ang sariling isip (“pasuriin muna ang luwasa’t hulo”); matamang limiin ang idea sa akda mula sa iba’t ibang pananaw at anggulo, bago ito hatulan. Madáramá din dito ang pasubali ni Balagtas hinggil sa umiiral na pagtingin sa awit at korido bílang panitikang makarelihiyon o kasangkapan pára sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Walâng gayong saloobin ang *FL*, waring ibig niyáng ipahiwatig, kayâ walâng mapupulot ditong grandeng kaisipan pára sa tagumpay ng pananampalataya. Gayunman, ipinipilit din niyáng hindi “katkátin at likô” ang ipinahayag niyang mga idea sa *FL* dahil may iba, naiiba, o kung tutuusin, may higit na dakilang mithiin.

Sa isang lagom, ang paunang salita ni Balagtas ay isang pailalim na uyam sa panitikan at mambabasá ng kaniyang panahon. Maaaring ituring na “murà,” “kapos,” “katkatin at likô” ng kaniyang panahon ang *FL* dahil hindi nitó idinudulot ang uri ng salaysay at diwang relihiyoso na nakamihasnang basáhin sa mga naging popular na awit at korido. Sa ibang salita, hindi niyá nais tapatan ang Aral ng pasyon, gaya ng nilungati ng mga kapanahon niyáng Romansero at siyáng itinuturing na “hinog,” “malalim ang pinagkukunan,” at “nása daang matuwid” ng

mga mambabasáng Kristiyano. Mapagkumbabâ ngunit nakangisi ang kaniyang paggigiit sa orihinalidad ng kaniyang awit.

Kung tutuusin, inihanda niyá sa pamamagitan ng “Sa Babasa Nito” ang *FL* para sa ating pagbása ngayon.

Sa ikalimang saknong niyá tahasang itinuro ang isang pedagohikong gawain sa *FL* na noon lamang ginawa sa isang tulâ—ang paglalagay ng talababa upang ipakilála ang alusyon sa mga mitolohikong tauhan. Ipinagparangalan dito ni Balagtas ang kaniyang sariling mataas na edukasyon bukod sa ninais niyáng makompleto ang edukasyon ng madla sa mitolohiyang Kanluranin. Hindi siyá ang unang bumanggit kina Marte, Venus, Diana, Narciso, at Jupiter sa pananaludtod; ngunit siyá ang unang nagkusang tiyakin ang wastong kaalaman ng madla hinggil sa ginamit niyáng alusyong Griyego-Romano. Hindi sinasadya, nauna siyá nang halos sansiglo kay T.S. Eliot sa paggamit ng talababa sa makabagong pagtula. Magandang isaalang-alang na ginawa niyá ang mga talababa dahil sa banal na layuning pang-edukasyon. Gayunman, hindi maaaring pigilin ang sapantaha na ginawa niyá ito upang patnubayan ang madla laban sa “katkâtin at likóng” pagpapalamuti sa mitolohiyang Kanluranin ng mga mapagmayabang na makata noon. Dili kayâ, nais niyáng pansinin noon pa ang hindi makatwirang pagkahumaling sa paggamit ng alusyong Kanluranin sa panitikang nakaukol sa sambayanang mambabasá’t walâng sapat na edukasyon hinggil dito. Sa ganito maaaring hatiin ang bisà ng edukadong alusyong pampanitikan ni Rizal at ng popular na sandigan ng wika ni Bonifacio.

Puna sa Manunulat

Sa dulo ng “Sa Babasa Nito,” at batay sa pabalighong himig ng buong tulâ, nakatitiyak táyong hindi isang pagpuri ang pagtukoy ni Balagtas kay “Sigesmunido.” Isinaad na rin niyáng ayaw niyáng sundan ang ginawa ng *SP*. Ngunit ano ang totoong saloobin ng pangwakas na pareado?

sa gayong katamis wikang masasarap
ay sa kababago ng tula’y umalat.

Ang haka ko, kumambiyó sa saknong na ito ang tinig ng “Sa Babasa Nito.” Nagbago ng target. Bagaman nanatiling waring kausap pa rin ang mambabasa-kritiko, pinatamaan ng hulíng saknong ang may-akda ng “Sigesmunido.” Ngunit anong matamis at “wikang masasarap” ang umalat sa *SP* dahil sa ginawang maraming pagbabago ng may-akda nitó? Sumobra ba sa paglalik si “Eulogio Julian” ng kaniyang mga taludtod? Ang totoo, wari ngang ang kabaligtaran ang naganap, alinsunod sa bersiyong 1914 ng *SP*. Kulang sa editing ang *SP* kayâ sagana sa *lapsus*, wika nga ng mga Balagtasista laban sa burarang pagtulâ, lalo na sa tugma’t súkat. Napakaraming taludtod na lumalagpas o nagkukulang ng isang pantig sa labalindalawahin. May saknong, tulad ng saknong 38, na nag-uulit ng salitang pantugma:

Caya mula ngayon magsamantala ca
tadhana co ito di na mag-iiba
na hangang may arao ay pagcacalooban ca
na magcapag-isip nang lalong maganda.

Hindi ito gaanong pinapansin bílang kapintasan sa popular at panulaang-bayan. Ngunit mulâ sa halimbawa sa *FL* ni Balagtas, isang krimen ngayon ang pag-uulit ng salitang pantugma sa loob ng isang saknong. At lumulubha ang krimen kapag ang nasangkot na pantugma ay isang salitang gaya ng panghalip na “ka” at walâng makabuluhang diwang ipinahahayag para isúlong ang paksa ng tulâ. Ang ibig sabihin, ang higit na nararapat ipayo kay “Eulogio Julian” ay disiplinahin ang kaniyang tugma’t súkat; baguhin nang baguhin upang kuminis ang pananaludtod.

Ang pangwakas na haka ko, pailalim na komentaryo ang ikapitóng saknong ng “Sa Babasa Nito” laban sa pagsúlat na nagmamadalí. Sinimulan sa ika-19 siglo ang paglilimbag sa isang panitikang popular. Hindi na ito ang panahon ng tulâng pabigkas o ekstemporaneong “**plosa**,” (sa Pampanga, Aurora, at kahit sa Bulacan, “pulosá” “pagplosa,” “pamumulosa”)—na kung tutuusin ay pakutyang tawag sa pagtulang kulang sa talinghaga at disiplina kayâ parang *prosa*. Nakapahiwatig din sa buong paunang salita ng *FL* ang pagkilála sa mga bagong kahingian ang pagtulâng nakalimbag. Kailangan ang higit na responsableng paghawak ng panulat. Hinihingi ng bagong pagtulâ ang higit na maingat na pagsulat dahil nabibigyan ng sapat na panahon ang makata upang isaayos ang taludturan,

sinupin ang balangkas, bukod sa pangyayaring may sapat din siyáng panahon upang lumikha ng higit na orihinal na salaysay.

Sa pagbása ni Balagtas sa mga kapanahon, kailangan niyáng banggitin ang *SP* sapagkat natatangi sa pagdudulot ng orihinal na salaysay. Ngunit hindi nagtiyaga si “Eulogio Julian” upang higpitan ang kaniyang balangkas at kinisin ang kaniyang pananaludtod. Ang puna sa gayon hinggil sa “Sigismundo” sa ikapitóng saknong ng “Sa Babasa Nito” ay bahagi ng pabalighong himig ng buong tulâ. Ang puná ay kabaligtaran ng ipinahahayag nitó. At nais nitóng panghinayangan ang *SP* dahil isa sánang mahusay na halimbawa ito para sa kaniyang panahon.

Ang pagbanggit sa “Sigismundo” ay isang alusyong pampanitikan. Kailangang banggitin ni Balagtas ang “Sigismundo” upang ihimaton ang tunay na pinagbuhatan ng *FL*. Hindi ito mulâ sa *Cuadro Historico*, tulad ng sinadya at malíng impormasyon sa ilalim ng pamagat ng *FL*. (Isang masayáng bugtong na pampanitikan? Kailangang maglaan ng higit na puwang ang pagbása ngayon kay Balagtas upang hindi masakil ang kadakilaan ng kaniyang mga handog na balintuna, parikala, at kahit pagbibiro.) Ang pagpili sa “Albania” bílang lunan ng *FL* ay kaagad maituturong impluwensiya ng *SP*. Hiniram din ni Balagtas ang mga motif na gaya ng labis na paghahangad sa kapangyarihan, liham na pinalitan, pagsusuot ng ibang damit upang magbalatkayo, at paghalay sa gubat ng sukab sa prinsesa. Pati ang de-kahong pag-imahen sa mutya na “himalang diquit” (mga saknong 224 at 247) sa *SP* ay niretoke lámang na “himalang dilag” (saknong 294) sa *FL*. At marahil, napansin din ni Balagtas ang natibista ngunit anakronikong simbuyo ni “Eulogio Julian” nang paawitin si Tang-credo ng mga dalít (Imadyin, isang prinsipeng umaawit ng dalít ng mga Tagalog sa saliw ng Europeong bigwela!) hábang naghihintay kay Laveña sa gubat. Ito sa gayon ang maaaring matris ng pangungulila sa sariling lupa sa “Kay Celia” at ng imahen ng makatang Filipino na may hawak na lira at tinatawagan ang mga nimpa at sirena ng Bai.

Subalit inihimaton ni Balagtas ang *SP* upang itanghal din ang mga posibilidad na hindi nagampanan nitó at kailangang tupdin ng *FL* tungo sa higit na mataas na anyo ng mahabàng tulâng pasalaysay. Pára sa atin ngayon, halimbawa din ang *FL* kung paano iigpawan ang kaligirang popular ng panitikan na naiiralan ng naghalòng mga katangian ng dayuhang panitikang feudal at kolonyal at mga

katangian ng nakamihasnang paraan ng pabigkas na pagsasalaysay sa panitikang-bayan. Isang marangal na bantayog ang *FL* tungo sa naging makabuluhang pagbabalikwas sa kasaysayan ng panitikang pambansa. Hinawan ng *FL* ang landas ng Realismo para sa panitikang makabayan bago matapos ang ika-19 siglo at para sa makabagong pagkatha ng limbag na panitikan sa ika-20 siglo.

Bago ako magtapos, nais kong linawin na ang pagsuri kong ito sa *FL* bílang kritik sa kaligirang pampanitikan nitó ay hindi naghahangad na maliitin ang kabuluhan ng *FL* bílang “himagsik” na panlipunan at pampolitika. Ang unang yugto ng ika-19 ay hitik sa mga makasaysayang pangyayari sa Espanya at mga kolonya sa Timog Amerika na umapekto sa pangasiwaang kolonyal at lipunang kolonyal sa Filipinas. Halimbawa, ang mga pangyayari na naglundo sa Konstitusyong Cadiz ng 1812 at sa mga pabago-bagong pamahalaan sa Filipinas na naging sanhi ng iláng kaguluhan at pag-aalsa sa panahong bago sulátin ni Balagtas ang *FL*. Napakatalas ng pandamá ni Balagtas upang hindi mapansin at mabigyan ng kaukulang pagmumuni ang mga nagaganap sa kaniyang kaligirang panlipunan at pampolitika. Ang bagay na ito ang nais turulin ng pagdakila ni Rizal kay Balagtas at ng mga pagsusuring gaya ng kay L.K. Santos.

Subalit nais kong idiin ngayon sa isang dako ang mahirap hanggahang kapangyarihan ng haraya. Iyon din ang nais ipahiwatig ng “Sa Babasa Nito.” Sa kabiláng dako, ang kapangyarihan ng haraya ay isang kapangyarihan na nakasalig ang bisà alinsunod sa antas ng kamulatan at kakayahan ng pagsipat at pagtitig sa produkto ng haraya. Sa totoo lang, ang malaking bahagi ng kadakilaan ng isang akdang pampanitikan ay umaasa sa kadakilaan ng panunuring pampanitikan. (Ng “babásang pantas” sa wika ni Balagtas.) Salamat at nakarating sa atin si Balagtas dahil nakapasá sa pamantayang popular ng kaniyang panahon. Katibayan nitó ang estadistika ni H. Cruz hinggil sa maraming edisyon ng *FL* bago matapos ang ika-19 siglo. Salamat at nakarating sa atin si Balagtas dahil sa nádamáng potensiyang pampolitika sa *FL* nina Rizal at Bonifacio bago matapos ang ika-19 siglo. Ang kaniláng pagsulat mismo ang katibayan sa kaniláng mataas na pagpapahalaga sa *FL*. Salamat at nakarating sa atin si Balagtas dahil sa halos pagsambang pagdangal sa *FL* ng mga Balagtasista nitóng ika-20 siglo.

Ang panukala kong pagbása ngayon sa *FL* bilang kritik sa kaligirang pampanitikan ni Balagtas ay isang paraan ng pagpapalusog sa tungkulin ng

panitikang popular. Halimbawa si Balagtas ng pambihirang limbag na panitikan na nagsasanib ang pagdakilang popular at kritikal. Hindi naman sumulat si Balagtas ng isang uri ng panitikang ganap na naiiba sa panitikang kinagiliwan ng kaniyang panahon. Sumulat din siya ng isang “awit”—gaya ng naging malaganap ngayong pagtawag sa mahabang tulang pasalaysay na naging popular noong ika-19 siglo. Subalit ayon sa mga panunuring akademiko, hitik sa “himagsik” ang kaniyang awit. Sa aking pagbasa ngayon ng “Sa Babasa Nito” at lalo na sa kaniyang pagbanggit sa “Siges mundo” ay nais kong ipanukala na sinadya ni Balagtas ang mga “himagsik” na nabasa ng nakaraang kritisismo sa *FL*. Sa pamamagitan din ng pagbanggit sa “Siges mundo” ay ipinahiwatig mismo sa paunang salita ng *FL* ang layunin nitong pagpuna sa pinagbuhatang kaligirang pampanitikan. Ang ibig ko pang sabihin, higit na liliwayway sa ating pagtitig ang kaibhan ng *FL* kapag sinipat natin ito sa loob at gitna ng mga naging popular na awit, korido, at komedya noong 1838.

Ang hirap, ikinondisyon na tayo ng makabagong kritisismo na huwag nang mag-aksaya ng panahon sa pagtunghay sa kolonyal kung hindi man eskapistang salaysay ng mga kagila-gilalas na pakikipagsapalaran ng mga prinsipet kabalyero. Napakalinear at mainipin ng kritisismong inilapat sa panitikan ng kolonyalismo. Walang iniwang siwang para makapagpahalaga. Hindi natin tuloy maisip ang awit, korido, at komedya bilang isang malaking pag-unlad sa uri ng panitikang popular sa buong panahon ng kolonyalismong Espanyol. At lalo na, bilang senyas sa naganap na pagbabagong panlipunan, pangkabuhayan, at pampolitika sa Filipinas sa bungad ng ika-19 siglo. Hindi rin natin nasusundan ang naganap na transpormasyon ng kamalayang popular, lalo na ang matalik na paghahalò at pagsasanib ng katutubong imahinasyon at ng idinulot na kulturang kolonyal at relihiyoso sa loob ng nakaraang dalawang dantaon, at kung paanong nakatanghal na ang paglalangkap na ito sa iba’t ibang antas at iba’t ibang paraan sa mga kinagiliwang awit, korido, at komedya. Higit pang titingkad ang kadakilaan ng *FL* habang tumataas at lumulusog ang sigasig ng saliksik na unawain ang salimuot ng nakalipas.

Ferndale Homes
17 Setyembre 2013

-
- Almario, Virgilio. *Balagtasismo Versus Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1984.
- . *Comedia de Baler*. National Historical Commission of the Philippines, 2012.
- . *Ang Pag-ibig sa Bayan ni Andres Bonifacio*. Maynila: UST Publishing House, 2012.
- Ang Bantog na Kasaysayan ng Kilabot na mandirigma ng Espanya ng panahon ng Haring Alfonso si Bernardo Carpio*. Maynila: Aklatan ni Gng. Juliana Martinez, 1945.
- Ang Walang Pagkupas na kasaysayan ni Bernardo Carpio*. Manila: Philippine Book Co., 1949.
- Balagtas Baltazar, Francisco. *Pinagdaanang Buhay ni Florante at ni Laura sa Kahariang Albanya*. Unang nalathala, 1938. Ginamit ang edisyong Virgilio S, Almario. Lungsod Quezon: Adarna House, Inc., 2009.
- Casaysayan nang Pasiyong Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin na Sucat Ipag alab nang Puso nang Sinomang Babasa*. Edisyong may salin at introduksiyon ni René D. Javellana, S.J. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1988.
- Corrido at Buhay na Pinagdaanan nang Tatlong Principeng magkakapatid na Anak nang haring Fernando at nang Reina Valeriana sa Kahariang Berbania*. Maynila: P. Sayo, walang petsa.
- Cruz, Hermenegildo. *Kung Sino ang Kumatha ng "Florante."* 1906.
- Eugenio, Damiana L. *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1987.
- . *Mga Piling Awit at Korido*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1995.
- Historia Famosa ni Bernardo Carpio sa Reinong España na Anac ni D. Sancho Diaz at ni Doña Jimena*. Limbagan at Aklatan ni J. Martinez. Maynila, 1919.
- Kabayong Tabla: Buhay ng Prinsipe Don Juan at Prinsesa Donya Maria sa Kaharian ng Balencia at Asturias*. Manila: Aklatang Lunas, 1950.
- Rivera, Jose Ma. *Huseng Sisiw*. Balagtasiana, 1933.
- Salita at Buhay ng Doce Pares sa Francia na Kampon ng Emperador Carlo Magno Hangga nang Ipagkanulo ni Galalon na Nangapatay sa Roncesvalles*. Maynila: P. Sayo, 1947.
- Salita at Buhay na Pinagdaanan ni D. Rodrigo de Villas at ni Doña Jimena sa Kaharian ng España*. San Miguel, Maynila: Modesta Lanuza, walang petsa.

Salita at Buhay na Pinagdaanan ni Sigismundo at nang Duquesa Policena at nang Principe Adonais at nang Princesa Cloriana at Principe Tang-credo at ni Laveña sa Caharian nang Albania. Maynila: Imprenta at Libreria ni J. Martinez , 1914.

Santos, Lope K. *Ang Apat na Himagsik ni Balagtas.* Edisyong mimeograp. 1955.

Ang mga May-akda

Si Atty. Romulo B. Macalintal ay isang kilalang abogado ng eksperto sa batas ng eleksiyon.

Si Arthur P. Casanova, Ph. D. ay kasalukuyang nagtuturo sa Brent International School. Siya ay ginawaran na ng iba't ibang parangal sa larangan ng pagtuturo at sining ng dula mula sa loob at labas ng bansa.

Si Rebecca T. Añonuevo, Ph.D. ay makata, guro, kritiko, at tagasalin. Maraming beses na siyang nakapaglathala ng mga librong tumanggap ng premyo mula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature at National Book Award. Nagtuturo siya sa Miriam College at tagapangulo ng Departamento ng Filipino.

Si John Enrico C. Torralba ay nagtuturo sa Kolehiyo ng Miriam at Pamantasang De La Salle. Tapos siya ng MA Philippine Studies at kasalukuyang kumukuha ng Ph.D in Literature. Kasapi siya ng Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo. Nagwagi na siya sa Talaang Ginto noong 2010 (2nd Place) at 2011 (1st Honorable Mention). Nagwagi na rin siya sa Palanca noong 2002, 2011 at 2012.

Si Rolando B. Tolentino ay dekanı ng Unibersidad ng Pilipinas Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla at fakulti ng UP Film Institute. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay panitikan, kulturang popular, pelikula at media ng Pilipinas, at pinagsasanib niya ang mga isyung nasyonal at transnasyonal. Nagsusulat siya ng kwento at sanaysay, at fellow ng UP Institute of Creative Writing.

Si Luna Sicat-Cleto, Ph.D. ay kasalukuyang nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman, Quezon City. Bukod sa pagtuturo, isa rin siyang nobelista at mananaysay.

Si Virgilio S. Almario o kilala rin bilang "Rio Alma" ay kilalá nang awtoridad sa larangan ng wika at panitikang Filipino. Taóng 2003 nang itanghal siya bilang Pambansang Alagad ng Sining sa Literatura. Siya ang kasalukuyang Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Kalupunan ng mga Komisyoner

VIRGILIO S. ALMARIO

Tagapangulo

Kinatawan ng Wikang Tagalog

PURIFICACION G. DELIMA, Ph.D.

Full-time na Komisyoner

Kinatawan ng Wikang Ilokano

LORNA E. FLORES

Full-time na Komisyoner

Kinatawan ng mga Wika sa Katimugang Pamayanang Kultural

JERRY B. GRACIO

Kinatawan ng Wikang Samar-Leyte

ABDON M. BALDE, JR.

Kinatawan ng Wikang Bikol

JOHN E. BARRIOS

Kinatawan ng Wikang Hiligaynon

MA. CRISANTA N. FLORES

Kinatawan ng Wikang Pangasinan

JIMMY B. FONG

Kinatawan ng mga Wika sa Kahilagaang Pamayanang Kultural

NORIAM H. LADJAGAIS

Kinatawan ng mga Wika sa Muslim Mindanao

ORLANDO B. MAGNO

Kinatawan ng Wikang Sebwano

LUCENA P. SAMSON

Kinatawan ng Wikang Kapampangan

ROBERTO T. AÑONUEVO

Direktor Heneral